# *TANDA*

Makakaupo na kayo. Magandang umaga, sa bawat isa! Masaya akong makapunta rito sa gawain ng Panginoon ngayong umaga't, nakabalik uli sa. . .Hindi ko alam kung makakabalik kami o hindi, pero naglaan ng daan ang Panginoon, at nakabalik kami para sa gawain ngayon. Ngayon nag-aasam tayo ng mga kaaya-ayang panahon ngayon, sa umagang ito, dito sa Sunday school na aralin, ukol sa Salita. At mamayang gabi ay may mga gawain ng pagpapagaling uli, na susundan ng komunyon na gawain.

2 At ngayon mayroon po tayong isang—isang paghahandog ng sanggol, naniniwala akong ang. . .Kasasabi lang sa akin ni Kapatid na Neville na may nagdala raw ng kanilang anak para sa paghahandog. At kung dadalhin nila ang bata sa oras na ito, sige po. At manatili lang ang kapatid natin, o ang ilan sa kanila, sa organ o piyano, sa isa. At pagkatapos ay dalhin na ang bata. Magkakaroon tayo ng gawaing paghahandog; para makausad na tayo agad, nang mabilis sa abot nang makakaya natin, sa Salita.

3 Dahil, nais natin na—na manangan sa Salita. Yun—'yun po kasi ang pinakamahalaga, ibigay ang ating oras nang eksakto sa Salita ng Panginoon. Kaya naman labis-labis ang pasasalamat namin para sa pagkakataon na ito na makita kayong lahat dito ngayon, at para. . .at dito sa—dito sa gawaing ito.

4 Nagkamali yata ako. Ayos lang, kapatid na babae. Akala ko—akala ko—akala ko mayroon. Marahil may mali lang. Sige. Ngayon, salamat, na marami, pa rin. Siguro ito, sa tingin ko nanggaling ito sa isa riyan, na nanggaling sa isa pa, at kaya medyo nagkalabo-labo.

5 Ngayon ang lahat ba'y mabuti ang pakiramdam? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] . . .?. . .Salamat sa Diyos!

6 [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Heto na siya kasama nila."—Pat.] Ngayon, oh, sige, heto na pala ang maliliit na bata. Pasensya na po. Humihingi po ako ng pasensya. Buweno, maaari ka bang lumapit, kapatid na matanda sa iglesya? ["Sige, po."]

7 Buweno, heto po ang dalawang, magaganda't mumunting dalaginding, mumunting dalaginding na kulay-kape ang mga mata! Huh? Ang ganda po. Anong pangalan niya? Tingnan n'yo po! [Sinasabi ng nanay, "Jennifer Lee."—Pat.] Jenny? ["Jennifer Lee."] Jennifer Lee. Ano pong apelyido? ["Serept."] Serept. Taga-saan ka, Kapatid na babaing Lee? ["Versailles, Illinois."] Versailles, Illinois. Sige't mainam!

8 Ngayon, sa Biblia. Ngayon, madalas, 'yung—'yung iba'y may parang pagbabautismo ng mga bata; hindi tayo naniniwala sa

pagbabautismo ng mga bata, dahil hindi pa sila nagkakasala, dahil napakabata pa nila. Pero naniniwala tayo sa paghahandog ng mga bata sa Panginoon. Ngayon ang kapatid na matanda sa iglesya at ako'y magpapatong ng kamay sa munting sanggol. Jenny, kamo? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Jennifer."—Pat.] Jennifer. Sige.

Iyuko natin ang ating mga ulo.

9 Makalangit na Ama, sa umaga pong ito'y dinadala namin ang munting batang babaing ito, na ang pangalan ay Jennifer, sa Iyo, dinala siya ng nanay at ng mga mahal niya sa buhay mula pa sa malayo, para maihandog sa Panginoon. Alam naming ipinatong Mo ang Iyong mga kamay sa ganitong maliliit na batang paslit, noong panahon Mo, at—at sinabi, "Hayaan ninyong lumapit sa Akin ang maliliit na bata, at huwag ninyo silang pagbawalan, sapagkat sa mga tulad nila ang Kaharian ng Langit." Ngayon ay ibinibigay namin siya sa Iyo, para sa isang buhay ng paglilingkod, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

10 Ano ang pangalan ng isa pang munting batang babae? [Sinasabi ng nanay, "Connie Lynn."—Pat.] Connie Lynn. Sige, munting Connie, haya't, pakiramdam ko'y ang liit ko. Oh, natatakot ka ba? Oh, sa tingin ko po hindi 'yun uubra, nanay. Sige.

Iyuko natin ang ating mga ulo.

11 Panginoong Jesus, dinadala ng nanay itong si munting Connie sa amin ngayong umaga, sa gawain ng paghahandog sa Makapangyarihan sa lahat. Ipinagkaloob Mo sa kanya ang batang ito, para palakihin, at dinadala niya po ito sa Iyo, kasama ng munting kapatid na babae. Dalangin ko po, Makalangit na Ama, na Ikaw ay maging maawain. Pagpalain Mo ang pamilya. Pagpalain Mo ang munting bata. Habang pinapatungan namin siya ng mga kamay, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ibinibigay namin siya sa Iyo para sa isang buhay ng paglilingkod. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, at ang maliliit mong anak diyan.

Naku't, dumami pa lalo ang malilit na bata!

12 Ano ang pangalan ng munting batang lalaki? [Sinasabi ng nanay, "Joel Lee Watson."—Pat.] Joel Watson. ["Joel Lee."] Joel Lee Watson. Napakagandang bata, haya't malalaking asul na mata! Naku! Taga-saan kayong lahat? ["Eastman, Georgia."] Taga-Georgia. ["Um-hum."] Akala ko taga-Timog kayo. Hindi ko alam. . . ["Buweno, ang tahanan po namin ay sa may Tifton. Doon po."] Oh, siyanga. Oh, kumusta! Isa itong mainam, na munting batang taga-Georgia, kung ganoon, huh? Buweno, sige. Sige, po, napakainam n'yan. Nakakapagsalita na rin pala siya, hayan nga. Hindi ba?

Iyuko natin ang ating mga ulo.

13 Makalangit na Ama, dinadala namin itong kaaya-ayang munting batang lalaki, habang nakatayo rito ang nanay at tatay ukol—ukol sa kanilang pagsasama. Ipinagkaloob Mo po sa kanila ang munting batang ito para palakihin, at dinadala nila ito pabalik sa Iyo. Ano't isang—isang magandang tanawin ito, tulad ni Hannah, noong unang panahon, na nanalangin para sa isang anak; at—at binigyan siya ng Diyos ng isang anak, at dinala niya ito pabalik sa templo ng Diyos, bilang paghahandog. Ipagkaloob Mo po, Panginoon, na maging lingkod Mo ang munting batang lalaking ito, na ang tatay at nanay ay pagpalain, at magkaroon ng kalusugan at lakas para palakihin ito. At mabuhay nawa ito nang mahaba't, maligayang buhay, at maging Iyong lingkod, habang ipinagkakatiwala namin ito sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen. (Pagpalain ka!) Gawin n'yo siyang mabuting tao, marahil maging isang munting propeta gaya ni Samuel.

14 Ngayon narito ang dalawang kaaya-ayang maliliit na batang lalaki. Naku! Tatlo pala sila, hayan nga? Buweno, 'yan marahil ang buong pamilya. Anong pangalan mo? [Sinasabi ng batang lalaki, "Michael."—Pat.] Michael. At ikaw naman? [Sinasabi ng isa pang batang lalaki, "Paul."] Paul. Kaygagandang pangalan! At ikaw naman? [Sinasabi ng batang babae, "Debbie."] Debra. Sige't maiinam. Michael, at Paul, at Debra. At ano pong apelyido n'yo? [Sinasabi ng tatay, "Ellis."] Ellis? ["Opo."] Buweno, napakainam na munting pamilya 'yan, sinasabi ko sa inyo.

15 Alam n'yo, kapag nakakakita ako ng maliliit na batang gaya n'yan, sa tuwina'y ibinabalik ako nito noong panahon na maliit pa lang akong batang paslit. At ngayon gaya ng kasabihan ng matatanda, alam n'yo na, "Mga paa mo ang tapak-tapak nila ngayon, at kalaunan n'yan ang puso mo naman," pero hindi ako naniniwalang magiging ganoon kapag inihandog natin sila sa Panginoon. Mayroon tayong responsibilidad dito, at inilagay ito ng Diyos sa mga kamay n'yo. Ginawa Niya kayong mangangaral. Palagi kong sinasabi ang tungkol sa mga babaing mangangaral, alam n'yo, pero ang bawat nanay po'y isang mangangaral; heto ang kanyang kongregasyon, kita n'yo, para palakihin nang tama ang maliliit na batang ito, habang nagtratrabaho si tatay. At mayroon kayong responsibilidad. Pagpalain kayong pareho ng Diyos. Mayroon kayong kaaya-ayang munting pamilya.

16 Makalangit naming Ama, dumudulog po kami kasama si munting Michael, mukhang siya po ang panganay. At ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kanya, bilang paghahandog, kay Jesus Cristo. Dinadala ng kanyang pamilya ang kanilang mga anak dahil inilagay Mo ito sa kanilang—kanilang pangangalaga, at alam nilang hindi sila sapat, nang wala ang Iyong tulong, kaya dinadala nila ang kanilang munting pamilya, para ihandog sila.

17 Ngayon ay ibinibigay ko ang munting Michael dito sa Iyo, para sa isang buhay ng paglilingkod, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Ganoon din, pinapatungan namin ng mga kamay si munting Paul, at inihahandog namin ang kanyang buhay kay Jesus Cristo, para sa isang buhay ng paglilingkod para sa ikaluluwalhati ng Diyos. At si munting Debra, pinapatungan namin siya ng mga kamay, Ama, bilang paghahandog, paggunita kay Jesus Cristo, Siya na nagpatong ng Kanyang mga kamay sa maliliit na bata, na nagsabi, "Hayaan ninyo silang lumapit sa Akin; huwag ninyo silang pagbawalan." Mapagpala nawa ang buhay ng munting batang babaing ito sa Kaharian ng Diyos.

18 Pagpalain Mo po ang tatay at nanay, at mabuhay nawa sila, ng mahaba't maligayang buhay, para makita ang kanilang mga anak sa paglilingkod sa Diyos. Hinihiling po namin ang pagpapalang ito para sa ikaluluwalhati ng Diyos, habang inihahandog namin sila sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Pagpalain ka! Pagpalain ka! Kayo po'y kaaya-ayang, munting pamilya. Oo.

19 Hayan nga't. . .Alam n'yo kung anong iniisip ko? Ang maliliit na batang babae'y nagiging, mas magaganda na ngayon kaysa dati noong bata pa lang ako. Siyanga, po. Magagandang malalaking mata! Anong pangalan niya? [Sinasabi ng nanay, "Joanna."—Pat.] Joanna. At ang apelyido n'yo ay . . . [Sinasabi ng tatay, "Blair."] Blair, Joanna Blair. Kayo na nakatingin diyan, hindi ba't para siyang manika? Siyanga, po. At kumusta ka, Joanna, huh? Medyo mahiyain, uh-huh, medyo mahiyain lang. Isang pong munting marikit.

Iyuko natin ang ating mga ulo.

20 Makalangit naming Ama, ang pamilyang ito ng mga Blair ay nakatanggap ng regalong ito ng kanilang pagsasama, ito pong si munting Joanna. At alam naming masama na ang panahon, kung saan si Satanas ay nasa lahat ng dako, na nagiging banta, lalo na sa maliliit na mga batang babae na ito. At alam ng mga magulang na sila'y hindi sapat para—para palakihin siya nang tama. At gusto nilang mapalaki siya nang tama, at para—para maging lingkod sa Iyo. At pinalalaki nila ang munting batang ito para parangalan Ka. At ngayon ay dinadala nila siya, bilang paghahandog, sa Iyo. Pinapatungan namin siya ng mga kamay, sa Pangalan ni Jesus Cristo, habang inihahandog namin ang munting si Joanna Blair sa Kaharian ng Diyos, para sa ikaluluwalhati ng Diyos. Amen.

Pagpalain ka, Kapatid na Blair. Sumaiyo ang Panginoon.

21 Magandang umaga, ginoo! [Sinasabi ng tatay, "Magandang umaga!"—Pat.] Napakagandang batang lalaki nito! Uy, kumusta ka? Buweno, naku, mas maganda kung iikot ka nang *paganito*. Siyanga, po. May kaaya-aya't, magandang, maliit na ulo, at isang mukha na kalakip nito. Huh? Anong pangalan niya? ["Daniel Mark."] Daniel Mark. At ang apelyido n'yo?

[“Mark Kardum.”] Hardum. [“Kardum.”] Kardum, Daniel Mark Kardum.

22 Taga-rito ba kayo sa malapit, Kapatid na Kardum? [Sinasabi ni Kapatid na Kardum, “Ngayon, sa lungsod ng Melkerk.”—Pat.] Sige, po. Pero taga-saan ka talaga? [“Taga-Estado po ako ng New York talaga.”] Estado ng New York, isang Yankee, tama. [“Opo.”] Buweno, isa nga ’yang magandang estado. May ilan akong kamag-anak na nakatira roon. Nakatira ang tito ko sa Plattsburgh. Oh, natuwa ako sa New York. Pupunta ako roon sa susunod kong pagtitipon, sa New York City, sa The Stone Church doon. Buweno.

23 Ngayon, ang pangalan niya ay Mark, kamo? [Sinasabi ng tatay, “Daniel Mark.”—Pat.] Daniel Mark, napakagandang bata!

Iyuko natin ang ating mga ulo.

24 Panginoong Jesus, dinadala namin sa Iyo ang munting si Daniel Mark, bilang paghahandog ng kanyang buhay. Ibinigay ito sa mga kamay ng tatay at nanay, para palakihin ang munting batang ito sa paalala ng Diyos. At alam nilang hindi sila sapat, kaya dinadala nila ito sa Iyo, Panginoon, na pagpalain Mo ang buhay nito. At, ngayon, dahil alam namin ang panahon ay masama, itong ginagalawan namin. Nakikita namin ang maliliit na batang ito, haya’t sadyang hindi namin alam kung ano ang mangyayari bukas, pero, ano’t anuman, ipinagkakatiwala po namin sila sa Iyong kamay. Pinapatungan namin ng mga kamay ang munting batang ito, at inihahandog ang kanyang buhay sa Iyo, para sa isang buhay ng paglilingkod sa Kaharian ng Diyos, sa Pangalan ni Jesus kami’y dumadalangin. Amen.

25 Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Kaaya-aya siyang bata. Pagpalain ka, munting Mark.

Oh . . . them in, bring them in,
Bring them in from the fields of sin;
Oh, bring them in, bring them in,
Bring the little ones to Jesus.

Kahanga-hanga! Salamat, kapatid.

26 Ilan po ang nandito noong Linggo, na naipanalangin noong nakaraang Linggo, na nararamdaman na ang mga resulta’t nararamdaman na pinagaling na kayo? Itaas n’yo ang mga kamay n’yo, na mga naipanalangin. Oh, grabe, tingnan n’yo rito, halos bawat isa mismo.

27 [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Hallelujah! Hindi ba’t kahanga-hanga ’yan! Purihin ang Diyos! Naririnig-rinig ko nga ito, buong linggo.”—Pat.] Siyanga, po. Naririnig-rinig ko, rin. Gusto ko lang na nakaupo’t, naririnig-rinig ’yun, kita n’yo.

28 Kita n’yo, may bagay na nagaganap, na sasabihin ko sa inyo saka na, sa ibang pagkakataon, kita n’yo, ito po’y—ito po’y maluwalhati’t kahanga-hanga. At kung ating . . . Haya’t pag-

uusapan natin ang tungkol diyan, sa ibang pagtitipon, alam n'yo, sa ibang pagkakataon. Mangyari nga na nagsisimula na itong maganap, at lubos tayong nagpapasalamat para rito.

29 At nagtungo ako sa Kentucky, gaya ng ginagawa ko taon-taon, na nagpupunta roon. Kasama ko ang ilan sa mga kaibigan ko na pumunta. At hindi para mangaso lang ng squirrel, at alam n'yo 'yun, kita n'yo.

30 Mangyari po na nagtatamasa lang kami ng isang maluwalhating panahon, at lubos-lubos ang pasasalamat namin sa Panginoon!

31 Kailangan kong umalis ngayong araw, kailangan kong umuwi pagkatapos ng pagtitipon na ito. At pagkatapos, haya't kami'y. . .Mangyari po na babalik naman ako, pagkaraan ng ilang panahon, magpupunta lang ng New York para sa isang pagtitipon. At kung may pagkakataon kami para dumaan saglit, aba, kami—kami'y magagalak na magdaos ng isa pang pagtitipon dito sa tabernakulo.

32 At pagkatapos ay kailangan kong bumalik, papunta sa Shreveport. At pagkatapos nun ay uuwi na kami, at binabalak namin na nandito kami sa panahon ng bakasyon, loobin ng Panginoon, dadalhin ang pamilya ko pabalik. At pagkatapos—pagkatapos gusto kong. . .

33 Pagkatapos may parating akong pagtitipon sa Phoenix, sa Enero. Taunang pagpupulong 'yun doon para sa Christian Business Men. At mga isang linggo o sampung araw bago 'yun, susubukan ko na—na rentahan 'yung malaking. . .Ng mga taga-Jesus' Name; dati-rati si Kapatid na Garcia, at itong—itong kapatid na Espanyol doon ay may maganda't, malaking lugar doon. Katatayo pa lang nila nito. Magkakasya rito ang ilang libong katao, bagong-bago, at napakaliit ng kanilang kongregasyon. Sinabi nila sa akin na maaari ko raw itong rentahan anumang oras na gustuhin ko. Sa halip na—na maglibot-libot, sa paikot mismo ng kapatagan, sa iba't ibang simbahan, sa tingin ko'y itutuon ko na lang ang buong 'yun sa isang malaking sama-samang pagtitipon, kita n'yo, at mangyari mismo na idadaos ito roon.

34 At pagkatapos ay maaari nating rentahan 'yung templo. Aalamin natin kung magagawa natin, at pagkatapos ay idadaos ang Christian Business Men's Convention. Pagkatapos, hanggang sa maisaayos ang pangingibang-bansa, sisikapin naming magtakda ng mga pagtitipon doon sa buong Katimugan, para sa Enero, at Pebrero, at Marso, sa buong Katimugan. At pagkatapos—pagkatapos pupunta. . .dahil, sisimulan namin ngayon at pupunta sa Aprika. . .Kita n'yo, itong Kapaskuhan kasi, sa kanila, ay ang ikaapat ng Hulyo. Kita n'yo, haya't—haya't maulan at di mainam, at hindi ka makakapasok doon sa ganoong panahon, kaya ang pinakamagandang panahon para

pumunta roon ay saka na. At pagkatapos gusto naming simulan, kung magagawa namin, ang pagpunta ng Norway, at bababa't paikot na ng mundo, at sisikaping pumunta ng Aprika, para doon magtapos, loobin ng Panginoon.

35 Pero ipanalangin n'yo kami ngayon. At mahal namin kayo, at alam n'yo 'yan. Kaya inaasahan namin ang labis na sagana, na higit sa lahat ng magagawa namin, o maiisip man na gagawin ng Panginoon.

36 At naniniwala tayong, mamayang gabi, magkakaroon ng isang dakilang gawain ng pagpapagaling. Naniniwala akong magkakaroon ng isang. . .Hindi ako mangungusap nang mahaba't kaunti lang, dahil mayroon tayong komunyon mamayang gabi. At kaya mga dalawampu o tatlumpung minuto, tapos magkakaroon tayo ng pila para sa pananalangin, at—at pagkatapos na pagkatapos nun, magkakaroon tayo—magkakaroon ng komunyon. At maaari kayong manatili kasama namin; ikagagalak namin 'yan. Wala kaming parang—parang eksklusibong komunyon. Ito po'y para sa bawat mananampalataya, bawat mananampalataya.

37 At bago ko basahin ang Kasulatan, maaari kaya nating iyuko ang ating mga ulo pansumandali. Hihilingin ko sa butihin kong kaibigan, na si Kapatid na Lee Vayle, na kung maaari ba niyang pangunahan tayo sa isang pagdulog na panalangin, na pagpapalain ng Diyos ang Kanyang Salita. Kapatid na Lee Vayle, maaari mo bang gawin ito para sa amin?

[Nananalangin si Kapatid na Lee Vayle—Pat.] Amen. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Opo, Panginoon. Amen.

38 Ngayon nang may kataimtiman, mapitagan po tayong dumako sa Salita. At nais kong bumasa, ngayong umaga, mula sa ika-12 kabanata ng Exodo, at simulan sa ika-12 talata, sa ika-12 at ika-13 talata, lahat po ito. At makinig po nang mabuti ngayon. At tapos bago magkomunyon mamayang gabi, basahin natin ang ika-12 kabanata ng—ng Exodo, ang buong kabanata mismo; dahil itong ika-11 talata nga rito'y ang paghahanda para sa paglalakbay, at 'yung komunyon bago ang paglalakbay. At gusto nating dumako rito nang may lubos na pagpipitagan ngayon. Ngayon sa ika-12 talata ng ika-12 kabanata:

> *Sapagka't ako'y dadaan sa lupain ng Egipto sa gabing yaon, at aking lilipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto, maging tao at maging hayop; at gagawa ako ng kahatulan laban sa lahat ng mga dios sa Egipto: ako ang PANGINOON.*
>
> *At ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda sa* bahay *na inyong kinaroroonan: at pagka aking nakita ang dugo, ay lalampasan ko kayo, at walang salot na*

*sasainyo na papatay sa inyo, pananakit ko sa lupaing Egipto.*

39 Pagpalain nawa ng Panginoon ang Kanyang Banal na Salita!

40 Ngayon gusto kong kumuha ng isang teksto mula roon, isang maikli lang, na limang-titik na salita: *Tanda. Tanda.* Nais kong mangusap tungkol sa salita na 'yan, o ituro ito sa araling pang-Sunday school, itong tungkol sa salita na *tanda.* Sinabi rito ng Biblia, "Ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda." At gusto nating gamitin ang salitang *tanda.*

41 Ngayon hindi natin alam, kapag binabantayan ko ang orasan, at kapag oras na, buweno, itong mga. . .Marami't, marami akong Kasulatan na nailista rito. Para hindi. . .At yamang nalalaman ko na hindi n'yo ako makakasama nang matagal. At paano natin malalaman na hindi pa ito ang huling pagkakataon na magkakasama ang ilan sa atin? Kaya sikapin nating dumako Rito nang may pagpipitagan. Alam kong mahirap ito. Binigyan tayo ng Panginoon ng magandang umaga ngayon, din—din, para sa gawain, talagang maaliwalas po. At sikapin nating ituon ang buong pansin natin ngayon sa lahat nitong—nitong pag-uusapan natin, para ang. . .kung may anumang bagay dun na gusto ng Panginoon na malaman n'yo, ay maibigay ito sa inyo.

42 At hindi tayo tumatayo rito para lang makita. Hindi tayo nagpupunta rito para lang makita ng iba kung anong damit ang suot-suot natin, o, tayo'y—tayo'y nagpupunta rito para sa isang bagay, tulad ng ipinanalangin ng ating kapatid sa panalanging 'yun, "Naparito kami para pakinggan ang Salita, ang Salitang dumarating sa amin." Gustung-gusto natin Yun, dahil 'yun ang tanging Bagay na magiging makabuluhan sa atin, magiging mahalaga, na—na makakatulong sa atin.

43 At tayo'y isang naghihingalong lahi. Lahat ng mga tao'y papunta sa Walang Hanggan. At pagkatapos mayroon lamang tayong ganitong karaming oras para magpasya kung saan tayo papunta. Nasa harapan natin ang daan; maaari nating tahakin ang alinmang panig na gusto nating piliin. Ganoon Niya inilagay sina Adan at Eba, at sa ganoon din Niya tayo inilagay mismo.

44 Dapat nating tandaan, na kahit ano ang gawin natin, o gaano man tayo magtagumpay, sa buhay, kung wala si Cristo ay ganap nating naiwaglit ang lahat ng bagay. Kaya kung Siya, matapos. . .Kung Siya lamang ang dapat na asahan, kung ganoon tayo na ang pinakamangmang na mga tao para hindi Ito tanggapin, at—at pahalagahan Ito. Hindi lamang tanggapin Ito, kundi dumating kayo sa isang bagay na higit pa kaysa roon. Pagkatapos n'yo Itong matanggap, huwag n'yo Itong dalhin at pabayaan lang Ito sa estante. Kinakailangan Itong magamit.

45 Tulad ng pumunta ka sa doktor para kumuha ng gamot, at pagkatapos ilalagay mo lang ito sa estante. Kung magpupunta

ka para kumuha ng gamot, inumin mo ang gamot. Kung may karamdaman na bumabagabag sa iyo, at makakatulong sa iyo ang lunas na ito, inumin mo kung anong ibinibigay niya sa iyo; at sa paraan mismo na sinasabi niya noong ibigay ito, dahil kung minsan ang ilang minuto lang ay may malaking kaibhan na sa pagkakabigay niya rito. At sa pagkakaalam natin. . .

46 Pero sa kasong ito, ngayon, isang sandali lang ng iyong desisyon ay maaaring magtakda na ng iyong Walang Hanggang destinasyon. Kunin mo Ito sa paraan na ibinibigay Niya Ito sa iyo.

Isang tanda, "Ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda."

47 Ngayon ano ba, unang-una, ang isang tanda? Isa itong salita na karaniwan nang ginagamit sa atin na mga nagsasalita ng Ingles, lalo na rito sa Amerika. Ang isang tanda ay isang. . . Sa katunayan, sinasabi ng diksyunaryo na ang isang tanda'y isang patunay, isa itong patunay ng pamasahe, na binayarang halaga, kita n'yo; na ang—ang pamasahe, o isang halaga, na isang hinihinging halaga'y binayaran na.

48 Tulad ng pamasahe sa tren o pamasahe sa bus. Pupunta ka roon at magbabayad ng iyong—iyong pamasahe, at saka ka nila bibigyan ng isang token na katunayan, at hindi maaaring gamitin ang katunayan na 'yun para sa ibang bagay kundi sa tren lang na 'yun. At isa itong katunayan, sa kumpanya na 'yun ng tren, na binayaran mo na ang pamasahe mo. Isa itong patunay, at hindi mo ito maaaring gastusin para sa kung anu-ano pang iba. Hindi ito uubra sa ibang linya ng tren. Uubra lang ito sa linya lang ng tren na 'yun. At isa itong—isa itong tanda.

49 Ngayon dito, sa pinag-uusapan natin, dito sa pag-uumpisa natin, heto ang Diyos na sinasabi sa Israel, "Ang dugo ng kordero ay sa inyo'y isang tanda." Ang kordero ng Israel, na pinatay, ay ang hinihinging tanda ni Jehovah. Kinakailangan na itong dugong ito mismo. Gumawa ang Diyos ng isang tanda at ibinigay ito sa Israel. At wala nang iba pang tanda ang uubra, kita n'yo, hindi ito maaaring kilalanin.

50 Sa mundo, Ito'y sambunton lang ng kahangalan. Pero, sa Diyos, ito ang nag-iisang paraan. Ang tanging bagay na hinihingi Niya ay ang Tanda na 'yun. Dapat na naroon Ito. At hindi maaaring mapasaiyo ang Tanda hanggang sa mabayaran ang pamasahe, tapos magiging may-ari ka na nung Tanda na nagbibigay sa iyo ng—ng pribilehiyo na malaya ka nang makadadaan. "Makikita Ko ang Dugo, lalampasan Ko kayo." Grabeng dakilang oras, na, grabeng dakilang pribilehiyo, na malaman na dala-dala mo, sa loob mo, ang Permiso. "Kapag nakita Ko ang Dugo, lalampasan Ko kayo." Ito ang tanging bagay na kikilalanin Niya. Wala nang iba pa ang maaaring humalili sa lugar Nito; walang pamalit, walang denominasyon,

wala ngang iba. Kailangan na Yun mismo. Sinabi ng Diyos, "Iyon lang ang titingnan Ko."

51 Kahit gaano man silang katuwid, gaano man silang kabuti, gaano mang edukasyon ang mayroon sila, gaano man silang manamit, ang tanda ang nag-iisang bagay. "Kapag nakita Ko ang tanda, lalampasan Ko kayo." Ang dugo ay isang tanda na ang—ang hinihingi ni Jehovah ay natugunan na, na nagawa na ito. Sumasagisag ang dugo para sa tanda. Ang dugo ang tanda. Kita n'yo? Ang buhay na . . .

52 Sinabi ng Diyos na, "Sa araw na kumain kayo niyaon, sa araw na 'yun kayo'y mamamatay." At nagkaroon ng kahaliling buhay para sa buhay ng mananampalataya. Ang Diyos, sa Kanyang habag, ay tinanggap ang kahalili para sa buhay ng taong nadungisan. Noong dinungisan ng Kanyang anak ang sarili sa kasalanan, dahil sa di-pananampalataya sa Salita, mangyari nga na ang Diyos, na mayaman sa habag, ay naglaan ng kahalili; at, 'yun ay, may kailangang mamatay sa lugar nito. Wala nang iba pa ang maaaring umubra.

53 Kaya naman ang mga mansanas at mga melokoton ni Cain, at iba pa, ay hindi umubra. Kinakailangan mismo'y buhay na may dugo, at ang buhay ay kikitilin mula sa hain na 'yun, at ngayon ang dugo'y isang tanda na naisakatuparan na ang utos ng Diyos. Ngayon, ano ang hiningi ng Diyos? Ang buhay; at ipinakita ng dugo na may isang buhay na kinitil. Kaya ang dugo ang tanda na ibinigay na ang buhay, na may namatay, bagay na hinihingi ng Diyos; na isang buhay ang ibinigay, at nabubo ang dugo. At sumasagisag ang dugo bilang tanda, na kinitil ang buhay. Ang buhay nung hayop na sinabi ng Diyos na kinailangang kitilin, ay ang dugo na sumasagisag bilang tanda. Kita n'yo?

54 Ang—ang—ang nananampalatayang mananamba ay napagkikilanlan kalakip ng kanyang hain, sa pamamagitan ng tanda. Ayaw ko sanang mamalagi nang masyadong matagal sa munting sipi na ito, pero, haya't maaari mo kasing magugol ang buong gawain sa isa lang sa mga ito, pero gusto kong huminto rito pansumandali para ipahayag 'yun. Ang—ang—ang mananampalataya ay kinakailangang mapagkilanlan kalakip ng kanyang hain. Kita n'yo? Kung isa lamang itong hain at—at ginawa 'yun sa kung saang lugar doon, na inihandog niya ito; pero haya't kinakailangan ngang mapagkilanlan siya rito. Sa totoo lang, kinakailangan niyang ipatong ang mga kamay niya rito, unang-una, para ipagkilanlan ang sarili na kalakip nung kanyang hain. At pagkatapos ay ilalagay ang dugo sa kung saan maaari siyang tumayo sa ilalim ng dugo. Kinakailangan na nasa ibabaw niya ang dugo. At isa 'yung tanda na pagpapakilala niya sa kanyang sarili, na nagkasala, at pinatunayang isang inosenteng kahalili ang pumalit sa kanya.

55 Napakagandang larawan! Oh, isang tinubos! Kita n'yo,

natugunan ang katarungan, at ang hinihingi ng banal na katarungan ng Diyos ay natugunan. At sinabi ng Diyos, “Ngayon ay hihingin Ko ang iyong buhay,” at pagkatapos, noong ang—ang—ang buhay ay nagkasala. Pagkatapos nga’y humalili sa kanya ang isang inosenteng kapalit. At isa itong dugo ng hayop; hindi mansanas, o melokoton. Diyan pa lang ay dapat lubos na pinaging-malinaw na nito ang binhi ng serpiyente sa lahat, na ’yun nga’y dugo. At ang dugong ’yun, na hindi maaaring lumabas mula sa prutas, ay lumabas mula sa isang inosenteng kahalili. At ang buhay ay kinitil, din—din, para sa kanyang lugar, at ang dugo’y simbolo na namatay ang hayop at binubo na ang dugo.

56 At ipinapahid ng mananamba ang dugo sa kanyang sarili, na ipinapakitang napagkikilanlan siya sa pagtubos, dahil ipinakilala niya ang kanyang sarili kasama ng. . .sa hain, iniuugnay ang kanyang sarili sa hain, at ang dugo’y tumayo bilang tanda.

57 Grabeng—grabeng kamangha-mangha! Napakagandang larawan nito! Isa itong perpektong tipo ni Cristo, sadyang eksakto, ang mananampalataya ngayon ay nakatayo sa ilalim ng nabubong Dugo, napagkikilanlan kasama ng Hain. Talagang kasing—kasing perpekto sa abot ng makakaya nito, na kung papaanong si Cristo mismo, hindi—hindi isang hayop. . .Kita n’yo, namatay ang—ang hayop, pero ito’y. . .

58 Ang pinaka inosenteng nilalang na mayroon tayo, sa palagay ko, ay, ang—ang hayop, na—na kordero. Noong gustong ipakilala ng Diyos si Jesus Cristo, ipinakilala Niya Siya bilang isang Cordero. At noong gusto Niyang ipakilala ang Kanyang Sarili, ipinakilala Niya ang Kanyang Sarili bilang isang ibon, isang Kalapati. At ang kalapati ang pinaka inosente at pinaka malinis sa lahat ng buhay-ibon, at ang—ang kordero ang pinaka inosente at dalisay sa lahat ng buhay-hayop. Kaya nakita n’yo noong ang. . .

59 Binautismuhan si Jesus ni Juan, haya’t ang sabi ng Biblia, “At—at nakita niya ang Espiritu ng Diyos, tulad sa isang kalapati, na bumababa kay Jesus.” Samakatwid kung ang lumitaw roon ay isang. . .Kung ang lumitaw ay isang lobo, o kung ano pang ibang hayop, haya’t ang—ang kalikasan ng isang kalapati’y di maaaring sumalikop sa kalikasan ng lobo, gayundin na ang—ang kalikasan ng kalapati’y hindi maaaring sumalikop sa ano pa mang ibang hayop maliban sa kordero. At kung magsasama ang dalawang kalikasang ’yun, kung ganoon ay magagawa nilang magkasundo ang isa’t isa.

60 Ngayon nakikita n’yo ba riyan ang paunang pagtatalaga? Isa itong kordero noong dumating ito roon. Kita n’yo? Kita n’yo? Ang. . .Isa itong kordero noong ito’y—noong ito’y dinala. Isa itong kordero. Isinilang ito na isang kordero. Pinalaki ito, na isang kordero. Kita n’yo?

61 At, kaya naman, ’yun lang ang tanging uri ng isang tunay na Espiritu na makatatanggap sa Salita, na makatatanggap kay Cristo. Ang iba marahil ay susubok, susubukan nilang matanggap Ito, at ilalagay ang Espiritu ng Diyos sa isang lobo, kita n’yo, na magagalitin, bugnutin, marahas. Hindi Ito mananatili roon. Sadya ngang tatalilis ang Espiritu Santo. Hindi Nito ’yun gagawin.

62 Paano kung bumaba ang Kalapati, at, sa halip na isa Itong Cordero, ay ibang hayop? Dali-dali nga Itong tatalilis sa paglayo Nito at aalis. Kita n’yo? Pero noong matagpuan Niya ang kalikasang ’yun na maaari Siyang sumalikop, Ito nga’y sadyang naging Isa.

63 At pagkatapos pinangunahan ng—ng—ng Kalapati ang Cordero, at, pansinin n’yo, pinangunahan Nito ang Cordero patungo sa kamatayan. Ngayon, masunurin ang Cordero sa Kalapati. Kita n’yo? Kahit saan man Nito akayin Ito, nakahanda Itong pumunta.

64 Napapaisip nga ako, ngayon, sa tuwing pangungunahan tayo ng Diyos patungo sa isang—isang buhay ng kumpletong pagsuko at paglilingkod sa Kanya, iniisip ko na hindi kaya ang mga espiritu nati’y kung minsan ay sumusuway, na medyo ganoon ang ipinapakita, kordero kaya tayo? Kita n’yo? Kita n’yo? Masunurin ang isang kordero.

65 Ang isang kordero’y walang pag-iimbot na isakripisyo ang sarili nito. Hindi ito—hindi ito—hindi ito makasarili, na aangkinin ang sariling kanya. Ihiga mo lang ito’t maaari mo na siyang ahitan ng lana. Kahit na ’yun lang ang tanging mayroon ito. Hindi ito kailanman—kailanman magsusumbat ng kahit ano tungkol dito; sadya ngang isinasakripisyo ang lahat ng mayroon siya. Ganyan ang isang kordero. Ibinibigay nito ang lahat sa kanyang . . . ipinamimigay ang lahat, ang kanyang sarili at lahat-lahat niya.

66 At ganoon ang isang tunay na Cristiano, na sila’y . . . kayang isakripisyo ang kanilang sarili, na di inaalintana ang mundo, kundi ibibigay ang lahat ng mayroon sila sa Diyos. Kita n’yo?

67 At ngayon ito yaong sakdal na Cordero, si Cristo. At pagkatapos sa pagpapatulo ng dugo ng korderong ito, ang natural na kordero na ito sa Egipto, na ang dugo’y ipinahid, at, noong ipinahid ito, sumagisag ito bilang isang tanda, kaya naman ano ang isasagisag ng Dugo ng Corderong ito? Kita n’yo? Ang Tanda mismo na patay na tayo sa ating mga sarili’t napagkikilanlan na kasama ng ating Hain. Kita n’yo? Pagkatapos, ang Cordero at ang—at ang—ang Dugo at ’yung tao ay mapagkikilanlang magkasama, ang Hain at ang mananampalataya. Kita n’yo, nakikilala kayo sa buhay n’yo, sa pamamagitan ng inyong Hain. Yun ang nagpapaging kung ano kayo.

68 Kung ganoon ang dugo ay isang tanda, o isang pagkakakilanlan. Ipinakikilala ng dugo na pinatay na ng mananamba ang kordero, at tinanggap ang kordero, at ipinahid ang tanda sa kanyang sarili, na hindi siya nahihiya. Hindi niya inalintana kung sino man ang makakita nito. Gusto niyang makita ito ng lahat, at ipinahid ito sa ganoong posisyon na ang lahat ng dumadaan ay makikita ang tandang ’yun.

69 Kita n’yo, maraming tao ang gustong maging Cristiano, at ang kaso’y ang gusto nila’y—nila’y—nila’y gawin ’yun nang palihim para walang—walang makaalam na mga Cristiano pala sila. O, ’yung—’yung mga kakilala nila na nakakasa-kasama nila, haya’t iniisip ng ilan sa kanila, “Buweno, ngayon, tingnan mo, gusto kong—kong—kong maging Cristiano, pero ayaw ko lang malaman ni *Ganito-at-ganoon* ang tungkol dito.” Kita n’yo? Buweno, ngayon, nakita n’yo, hindi ganyan ang pagiging Cristiano.

70 Ang pagiging Cristiano’y pagpapakita ng Tanda nito, kita n’yo, sa publiko, sa pampublikong pamumuhay, sa opisina, sa lansangan, may problema man sa paligid, anumang bagay, sa simbahan, sa lahat ng iba pa. Ang Dugo ang Tanda, at kinakailangang maipahid ang Tanda, kita n’yo, o (kung hindi) ang tipan ay magiging walang bisa.

71 Ang dugo ay isang tanda, o isang pagkakakilanlan, na nagpapakilalang tinubos na ang taong ito. Ngayon, buweno, pansinin, sila, tinubos na sila bago pa man nangyari ang anuman. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay ipinahid nila ang dugo. Kita n’yo, bago pa ito aktuwal na nangyari, ipinahid na ang dugo sa pamamagitan ng pananampalataya, na naniniwalang mangyayari ito. Kita n’yo? Bago dumaan ang poot ng Diyos sa buong lupain, kinailangang maipahid ang dugo, muna. Huli na kapag bumagsak na ang poot.

72 Ngayon may aral tayo riyan na talagang, marahil maihahatid natin sa inyong pagninilay, pansumandali. Tingnan n’yo, *bago* ito mangyari, dahil darating ang panahon na wala na kayong pagkakataon para ipahid pa ang anumang Dugo.

73 Pinatay noon ang kordero sa oras ng gabi, matapos na alagaan ng labing-apat na araw. At matapos na patayin ang kordero at ipahid ang dugo sa oras ng gabi. Nakukuha n’yo ba? Ang tanda’y hindi umiiral hanggang sa dumating ang oras ng gabi.

74 At ito ’yung oras ng gabi ng panahon na kinabubuhayan natin. Ito ’yung oras ng gabi para sa—para sa Iglesya. Ito ’yung oras ng gabi para sa akin. Ito ’yung oras ng gabi para sa aking Mensahe. Mamamatay na ako. Lilisan na ako. Aalis na ako, sa oras ng gabi ng Ebanghelyo. At dumaan na tayo sa pag-aaring ganap, at iba pa, pero ito na ’yung oras na kinakailangang maipahid ang Tanda. Sinabi ko sa inyo noong nakaraang Linggo

na mayroon akong bagay na gusto kong ipangusap sa inyo; ito na po 'yun. Ang panahon kung kailan hindi na kayo—hindi na kayo maaari pang magpalaro-laro Rito. Kinakailangan Itong matupad. Kung may panahon na matutupad na ito, ngayon na ito matutupad mismo. Dahil, nakikita na natin mismo na halos nakahanda nang dumaan ang galit sa lupain, at ang lahat na wala sa ilalim ng Tandang 'yun ay mapapahamak. Ang Dugo, ay pinagkikilanlan na kayo. Pansinin.

75 Dahil, hindi maaaring bumaling pabalik ang buhay ng hayop sa tao. Noong nabubo ang dugo, lumabas ang buhay, mangyari nga, dahil isa itong yunit. At noong lumabas dito ang dugo ng buhay, yamang ang buhay ay iba sa dugo. . . Ngayon, ang dugo kasi'y kemistri ng buhay, pero ang buhay ay iba nga mismo sa dugo, pero 'yung buhay ay *naroon* sa dugo. At hindi makababaling pabalik ang buhay ng hayop sa mananamba. Sa pagpapatulo niya sa dugong ito ng kordero, kailangan niyang ipahid ang kemistri na 'yun, dahil sa 'yung—'yung buhay ay lumisan na't hindi na maaaring bumalik.

76 Ang dahilan, ay hindi ito maaaring pumunta sa isang tao, dahil walang kaluluwa ang buhay ng hayop. Walang kamalayan ang hayop na siya'y hubad, at siya—siya nga'y. . . Hindi niya napagtatanto ang kasalanan. Wala itong kamalayan, kaya isa itong buhay na nilalang pero hindi buhay na kaluluwa. Samakatwid, hindi maaaring bumaling pabalik ang buhay ng hayop sa buhay ng tao, dahil walang kaluluwa sa buhay na 'yun. Ngayon, may isang buhay, isang dugo; isang buhay, at isang kaluluwa sa buhay; ang kaluluwa ang kalikasan ng buhay. Samakatwid, wala itong partikular na kalikasan, isa 'yung hayop, kaya sumasagisag ang dugo bilang isang tanda na naibigay na ang buhay.

77 Pero sa maluwalhating dako na ito, sa ilalim ng tipan na ito, may pagkakaiba sa pagitan nung Dugo at nung Buhay. Ang Tanda para sa mananampalataya ngayon ay ang Espiritu Santo; hindi isang dugo, na isang kemistri, kundi Ito'y ang Espiritu Santo ng Diyos. Yun ang Tanda na hinihingi ng Diyos sa Iglesya ngayon. Kinakailangang makita ng Diyos ang Tandang ito. Kinakailangan Niya itong makita sa bawat isa sa atin.

78 Samakatwid, habang naglilitawan ang mga anino sa gabi, at nakahanda nang bumuhos mula sa Itaas ang galit, sa makasalanang mga bansa, at sa mga makasalanang di-mananampalataya, sa—sa mga nag-aangkin na wala namang pag-aangkin, sa mga bagay na ito! Haya't sinikap kong—kong ilantad ang aking sarili at mamuhay mismo sa kalagitnaan nito, para tingnan kung saan ito nakatayo, bago ko sabihin ang mga bagay na ito. Ngayon ay nabubuhay na tayo sa mga anino nito, at nakahanda nang humagupit ang galit, at hinihingi ng Diyos ang isang Tanda na tinanggap n'yo na mismo ang Kanyang Tanda, ang Espiritu Santo. Yun ang tanging daan, at ang tanging tanda

na papasa sa Diyos kailanman, dahil Ito ang literal na Buhay ni Jesus Cristo na bumabalik sa mananampalataya.

79 Hindi maaaring bumaling pabalik ang buhay ng hayop, kaya naman kinailangang maipahid ang isang dugo sa pintuan, sa hamba at sa haligi ng pintuan; para ang bawat nagdaraan, ang buong publiko, lahat ng nadaraanan ang bahay, ay alam na may isang—isang tanda sa pintuang ’yun, ng dugo, na may buhay na namatay sa pintuang ’yun. Amen!

80 Ganoon ito dapat sa bawat mananampalataya ngayon, na puspos ng Espiritu Santo; isang Tanda na ang nabubong Dugo ng Cordero, ang Buhay na ’yun na nasa Cordero, ay bumalik na’t hayagang tinatakan doon, para ang lahat ng dumadaan, na nakikipag-usap sa inyo, ang sinumang may kaugnayan sa inyo, pagkakitang-pagkakita na nakapahid ang Dugo, at ang Tanda ng Buhay na nasa Dugong ’yun ay nasa inyo. Ligtas kayo sa galit. Yun lamang; hindi ang pagiging miyembro. Hindi, po!

81 Hindi maaaring pumunta ang buhay ng hayop sa mananampalataya, dahil ito’y isang hayop, at ito’y nagsasalita lamang ukol sa konsiyensya, na ipinapakitang may darating na isang perpektong Hain.

82 At, kaya ngayon, papaanong magkakaroon pa ng mas sakdal na Hain kaysa sa Diyos Mismo na naging ang Katubusan, Mismo? Noong nagkatawang-tao ang Diyos, sa Kanyang Sariling nilikhang Dugo, na ito. . .na tanging paraan na makakabaling pabalik ang Buhay ng Diyos.

83 Dahil, lahat tayo’y isinilang sa pamamagitan ng seksuwal na paniniig, at kaya naman ang buhay na naroon ay sa sanlibutan, at hindi mananatili ang buhay na ’yan. Ito’y bagay na napagpasyahan na’t nahatulan. At hindi mo ito maidadaan sa pagtatagpi-tagpi. Walang paraan para ayusin ito sa pamamagitan ng pagtatagpi-tagpi. Walang paraan para—para pakinisin ito. Walang paraan para pagandahin ito. Kinakailangan itong mamatay! Yun ang tanging kailangan. Kinakailangan itong mamatay.

84 At ang Kahalili, isang Buhay ni Jesus Cristo, ay kailangan mismong pumasok sa inyo, yaong Espiritu Santo, ang Tanda ng Diyos; na inyo nang tinanggap ang Dugo ng Kanyang Anak, na si Jesus Cristo.

85 Kaya naman, noong panahon ni Wesley o. . .Noong panahon ni Luther, inisip ’yun na, “ang manampalataya.” Noong panahon ni Wesley, “ang kemistri ng Dugo.” Pero ito na ang huling araw, haya’t ang—ang Tanda na ang kailangan. Yun ang bubuo, nang magkakalakip, ang buong yunit para sa Pag-agaw. Nakikita n’yo ba?

86 Ang tubig, dugo, at ang espiritu’y dumarating kapag nagsisilang ng sanggol ang isang nanay. Ang unang bagay na

lumalabas, sa isang normal na panganganak, ay tubig, ang pangalawang bagay ay dugo, at ang kasunod ay buhay.

87 Lumabas mula sa katawan ng ating Panginoong Jesus Cristo: ang tubig, Dugo, at Buhay. At ang buong Iglesya, ang Nobya, na sama-sama, ay binuo sa pamamagitan ng pag-aaring ganap, pagpapaging banal, at bautismo ng Espiritu Santo, na yaong Tanda.

88 Tulad ng sinasabi ng Mga Hebreo 11, "Lahat sila na nagsilakad na paroo't parito suot ang mga balat ng tupa't kambing, at mga salat, at sa kabila ng lahat ng mga bagay na ito na ginawa nila, gayunman ay hindi sila ginawang sakdal na hiwalay sa atin."

89 At ang Iglesya sa panahong ito, na tumanggap sa Tanda, ng bautismo ng Espiritu Santo, na pinagbubuan ng Dugo at paglalagay ng Espiritu Santo sa Iglesya; kung wala tayo, ay hayan nga, na di sila ibabangon. Pero umaasa sila sa atin, dahil nangako ang Diyos na mangyayari Ito, at mayroong tao na makakadako roon. Hindi ko alam kung sino, pero may tatanggap Nito. Ang tanging bagay na responsable ako, ay ang ipangaral Ito. Diyos mismo ang bahala na hanapin ang predestinadong binhi na 'yun. Mayroon at mayroong matatagpuan doon, ano't anuman. Dahil, makakadako sila roon, bawat isa sa kanila, kasama ang isa't isa; ang kapanahunan ng tubig, ang kapanahunan ng Dugo, at ngayon ang kapanahunan ng Tanda ng Espiritu Santo.

90 At, alalahanin n'yo, dumaan ang Israel sa maraming bagay, pero oras ng gabi noong kinailangan ang tanda; hindi umaga, hindi noong paghahanda, na labing-apat na araw na pag-aalaga sa kordero. Alam ng Israel na may darating.

91 Alam din ni Luther, alam din ni Wesley, ganoon din sina Finney, Knox, Calvin, na alam nila ito. Ito na Ito! Alam nila na darating ang isang panahon na babalik ang Haliging Apoy sa Iglesya. Alam nila na darating ang isang panahon na mangyayari ang mga bagay na ito, pero hindi sila buhay para makita ito, pero inabangan nila ito.

92 Alam ng Israel na may paparating, pero sa oras ng gabi kung kailan ang dugo ng kordero na 'yun, ang tanda, ay inilagay na sa pintuan. Gayong, naihanda na ang kordero.

93 Cordero na mismo magmula pa sa simula. Cordero noong panahon ni Luther, Cordero—Cordero na noong panahon ni Wesley, pero ang panahon ngayon ay panahon na ng Tanda na ang bawat bahay ay kailangang mabalutan ng Tanda. Bawat bahay ng Diyos ay kailangang mabalutan ng Tanda. Lahat ng nasa loob nito'y kinakailangang mabalot ng Tanda. At ang Bahay ng Diyos ay ang Katawan ni Jesus Cristo, at sa isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat tungo sa Tanda na ito at naging bahagi Nito, na, sinabi ng Diyos, "Kapag nakita Ko

ang Dugo, ay lalampasan Ko kayo.” Napakadakilang oras nga na ating kinabubuhayan ngayon! Oh!

94 Ipinapakilala ng isang dugo, ipinapakilala ang mananampalataya, dahil nawala na ang buhay, hindi na makakabalik, kaya naman kailangan niyang magkaroon ng isang—isang kemistri. Kinakailangan niyang magkaroon ng parang isang pintura, isang dugo, isang kemistri na nagpapakitang nawala na ang buhay rito.

95 Ngayon ang Mismong Espiritu ay ang Tanda. Ang Espiritu Santo Mismo ang Tanda, hindi ang Dugo. Nabubo ang Dugo doon sa Kalbaryo, totoo nga ’yun. Pero ang Dugo, kung papaano nga, ay bumalik sa mga elemento kung saan ito nagmula, mula sa pagkain na kinain Niya. Pero, nakita n’yo, sa loob nung selyulang Dugo ay isang Buhay na naghudyat sa selyulang Dugo na kumilos. Kung ganoon. . . Yung kemistri kasi’y walang Buhay, mismo, at kaya naman hindi ito makakakilos. Pero noong pumasok ang Buhay sa kemistri ng dugo, binuo Nito ang isang selyula. Binuo Nito ang Sarili Nitong selyula, tapos selyula’t selyula, pagkatapos ay naging isa itong Tao. At ang Tao na ’yun ay ang Diyos, si Emmanuel, sa laman. Pero noong bumalik muli ang Buhay na ’yun, pumunta rito ang kemistri, pero ang Tanda’y ang Espiritu Santo na nasa Iglesya, na nakikita nila si Cristo.

96 Kinakailangan mismo, dahil ang isang babae at ang kanyang asawang lalaki’y nagiging isa. Nagiging isa sila. At gayundin ang Nobya at si Cristo na nagiging isa. Ang ministeryo ng Nobya, at ang ministeryo ni Cristo, ay pareho. At alalahanin n’yo, “Ang mga unang kasaysayang ito, O Teofilo, ay isinulat ko sa iyo, na pinasimulang ginawa ni Jesus at patuloy na ginagawa.” Hindi Siya napigilan nung kamatayan Niya. Hindi, po! Bumalik Siyang muli. Hindi bilang isang ikatlong persona, kundi ang siya ring Persona’y bumalik muli sa anyo ng Espiritu Santo, at para ipagpatuloy ang gawain; at nagpapatuloy mismo, sabi ng Aklat ng Mga Gawa. “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Yun ang Tanda. Yun ang palatandaan.

97 Noong dumaan sina Pedro at Juan sa pintuan na tinatawag na Maganda, nakahiga roon ang isang lalaking baldado, pilay mula pa sa sinapupunan ng kanyang nanay, at sinabi niya, “Pilak at ginto ay wala ako; datapwat ang nasa akin, ang siya kong ibinibigay sa iyo. Sa Pangalan ni Jesus na taga-Nazaret, tumayo ka’t lumakad.” Kita n’yo? At kinausap nila sila, at nalaman nila na sila’y mga kalalakihan na mangmang at walang pinag-aralan, pero napaghalata nila sa mga ito na nakasama noon ng mga ito si Jesus. Kita n’yo, naroon ang Tanda, na nakalantad. Kita n’yo, “Ang nasa akin!” Noong makita ang isang kaawa-awa’t, lupaypay na kapatid na nakahandusay roon, pilay at dispigurado, at lahat na. At ang siya ring Buhay na nakay Cristo ay nasa kanila, “Ang nasa akin!”

98 "Sa Aking Pangalan ay magpapalayas *kayo* ng mga demonyo." Hindi, "Gagawin *Ko*." "Gagawin *ninyo*!" "Kung sasabihin *ninyo* sa bundok na ito!" Hindi, "Kung sasabihin *Ko*." "Kung sasabihin *ninyo* sa bundok na ito!"

99 Oh, kapatid, ang oras para maipakita ang Tanda na 'yun ay nalalapit na. Nakikita na natin ito. Alam nating malapit na tayo sa kawakasan ngayon. Dinala natin ang lahat ng uri ng mga mensahe, para magpakita ng mga tanda't mga kababalaghan, at ngayon ay narito't bumalik tayo para sa bagay na kailangang gawin ng Iglesya. Kinakailangang maipakita ang Tanda. "Kapag nakita Ko ang dugo, ay lalampasan Ko kayo." Wala nang iba pa ang uubra. Kinakailangan na 'yung Dugo na 'yun. Ngayon, ang Espiritu Santo'y ang ating Tanda, mula sa Diyos.

100 Gaya po nung isang mahusay na teologo, isang—isang iskolar, isang kapatid na Baptist, na mabuting tao, na may mabuting pagkatao, noong pinuntahan niya ako, minsan, at ang sabi niya, "Kapatid na Branham," sabi niya, "ipinapangusap mo ang tungkol sa Espiritu Santo na ito," sabi niya, "aba't, hindi naman 'yan bago." Sabi, "Itinuturo na namin Yan noon pa man, sa mga kapanahunan." At kaya sabi ko—sabi ko, buweno, ako . . . Sabi niya, "Natanggap na namin ang Espiritu Santo."

101 Sabi ko, "Kailan mo Ito natanggap?"

102 Sabi niya, "Noong naniwala ako." Dahil, alam kong 'yun ang teolohiya ng Baptist, na ikaw, noong maniwala ka, ay tinanggap mo na raw ang Espiritu Santo.

103 Sabi ko, "Pero sinabi ni Pablo, sa Mga Gawa 19, sa isang pangkat, isang grupo ng mga Baptist, na, 'yung isang mangangaral na 'yun na Baptist na naging isa sa mga naakay ni Juan noon, kanyang pinatutunayan sa pamamagitan ng Biblia na si Jesus ang Cristo."

104 "Noong dumaan siya sa baybaying mataas ng Efeso, nakakita siya ng ilang alagad, at sinabi niya sa kanila, 'Tinanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo *mula* noong kayo'y manampalataya?' Sabi nila, 'Hindi nga namin alam na may Espiritu Santo.'" Saka niya tinanong kung paano sila nabautismuhan. At hindi pa sila noon nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang inihaing Cordero. Hindi pa sila napagkikilala kasama Niya, man lang. Basta pinaniwalaan lang nila ito; kagaya nung gamot na nakaestante lang doon, at hindi iniinom. Inutusan sila ni Pablo na muling magpabautismo, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

105 At noong gawin niya ito, saka dumating sa kanila ang Tanda. Napagkikilala na sila sa pamamagitan ng mga gawa't mga tanda ng Espiritu Santo, nagsasalita ng mga wika sa pamamagitan nila, at nagpropropesiya, at nagpupuri sa Diyos. Napagkikilala sila gaya ng—gaya ng kanilang Hain.

106 At ang Espiritu Santo ang ating pagkakakilanlan. Ito ang nagpapakilala sa atin bilang mga Cristiano. Hindi ang pagiging miyembro natin sa mga simbahan, hindi ang pagkaunawa natin sa Biblia, hindi kung gaanong karami ang nalalaman mo tungkol sa Biblia. Ito'y kung gaano mong kakilala ang May-Akda, kita mo, kung gaanong nabubuhay sa iyo ang May-Akda. Ito'y sarili mong—ito'y sarili mong pagwawaglit. Naiwaglit mo na ang sarili mo. Itinuturing mo nang patay ang sarili mo, at ang Tanda ang nabubuhay na sa iyo. At Ito'y di mo sariling buhay; Siya na Ito.

107 Sinabi ni Pablo, "Ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon (Iba na ang buhay na ipinamumuhay niya kumpara sa dati niyang pamumuhay.) ay hindi na ako, kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin." Hayun ang ipinakilalang Tanda na hinihingi ng Diyos. Napagkikilala kasama ng ating... Pagkakakilanlan kasama ng ating Hain, na ang Buhay ng ating Tagapagligtas ay nasa atin, ang Espiritu Santo.

108 Oh, grabeng—grabeng positibong Tanda! Hindi na maaaring magkaroon pa ng ibang Tanda. Oh, grabe, kung makuha n'yo lang ang—ang kaisipan nito. Kung may—may kapangyarihan lang ako ngayong umaga, ukol sa mga salita, para ipahayag at ilagay sa inyong kaluluwa na nasa lo-...hindi sa inyong mga tainga, kundi sa inyong kaluluwa, at inyong—iyong makita ang garantiya Nito. Ibubunsod nga nito—nito, magbubunsod Ito sa inyo ng kaluwagan.

109 Halimbawa na lang kung ikaw nga'y, nakagawa ng isang krimen, at lilitisin ka sa federal na korte. At alam mong, kung mapatunayan nilang nagkasala ka, ay mamamatay ka, at ang hantungan mo ay silya-elektrika, o dun sa gas chamber, o anumang pagbitay sa harap ng publiko na gagawin nila sa inyo, marahil ibibigti, o kung ano, garote, anuman ang parusa. At alam mo na ikaw ay...Nagkasala ka. Alam mong nagkasala ka, at dapat kang mamatay kung hindi ka makakuha ng isang abogado para kumatawan sa iyo, na hahanguin ka mula sa situwasyon na 'yan. At ngayon gusto mo mismo ng pinakamahusay na abogado na makukuha mo.

110 At pagkatapos pagkakuha mo ng isang abogado na isang mahusay, matalinong abogado, mararamdaman mong ang kaso mo'y medyo...kampante ka na nang kaunti, dahil mayroon ka nang abogado. Pero may pag-aagam pa rin kung kaya bang baguhin ng abogadong ito ang isip ng hukom, o baguhin ang hurado; kung ang abogado bang ito, sa pamamagitan ng matalino niyang pagsasalita at kaalaman sa mga batas, ay kayang baguhin 'yun, at kayang ipagtanggol ang kaso mo at patunayan na—na dapat kang mabuhay. Pero, sa kabila ng lahat ng kanyang—kanyang maringal na awtoridad at mahusay na pananalita na magagawa niya, at ang impresyon na maiiwan niya sa mga hurado o sa hukom, iyong—iyong—

iyong . . . Maaaring maging kampante ka nang ilang minuto, pero mayroon pa ring pag-aagam sa isip mo, "Magagawa kaya niya?"

111 Pero sa kasong ito, ang Mismong Hukom ang magiging Abogado natin. Ang Diyos ay naging tao. Walang abogado ang makakagawa nito. Wala tayong masusumpungan. Si Moises, at ang Batas, ang mga propeta, haya't walang makagagawa nito. Kaya ang Hukom ay naging ang parehong Hurado, Abogado, at Hukom, Mismo; at kinuha ang katarungan ng Kanyang Batas sa Kanyang Sariling mga kamay, at binayaran ang halaga nito, Siya Mismo. May higit na kapanatagan pa ba tayo? Haya't ipinadala ang Sarili Niyang Buhay pabalik sa atin, bilang isang patotoo na tinanggap Niya ito. Grabeng kapanatagan!

112 "Oo, bagaman ako'y lumakad sa libis ng lilim ng kamatayan, wala akong katatakutang kasamaan, sapagkat Ikaw ay kasama ko."

113 Noong Siya'y naging parehong Hukom, Hurado, at— at Abogado, ipinagtanggol Niya ang kaso natin. Tayo, na napatunayang nagkasala ng Sarili Niyang Batas; at dumating Siya at kinuha ang lugar ng taong nagkasala, na nasa santuwaryo. Kinuha Niya ang kasalanan nito. Kinuha ito sa Kanyang Sarili, at namatay, at binayaran ang halaga, at ibinubo ang Kanyang Dugo, at ibinalik ang Kanyang Sariling Tanda, ang Sarili Niyang Buhay.

114 Haya't, pinaging ganap tayo. Isinarado na ang kaso. Wala nang kasalanan sa mananampalataya. Oh Diyos, mahabag Ka, kung di pa 'yun makita-kita ng mga tao, na haya't wala nang kaso. "Ang nakikinig ng Aking Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may buhay na Walang Hanggan, at hindi na darating sa Kahatulan, kundi lumipat na mula kamatayan patungong Buhay." Hayan ang kaso. Isinarado na! Wala nang kaso rito. Amen! Pagkatapos nang may kapanatagan, may kapanatagan na ipinahid ang Tanda, kapag magsisimula nang humagupit ang kamatayan sa pintuan doon sa labas, haya't wala na itong kapangyarihan. Kita n'yo? Oo.

115 Naipahid na ang Tanda. Tanging ang Tanda ang kikilalanin ngayon. Kita n'yo, ginawa Niya 'yun para dumating ang Tanda. Ang Tanda ay ang Buhay ng Diyos.

116 At noong ginawa ng Diyos ang unang tao, ginawa Niya siyang isang anak. At napasama nang husto ang anak dahil sa pakikinig niya sa kanyang asawang babae sa halip na sa Diyos, at ang babae nama'y nakinig sa diyablo sa halip na sa kanyang asawang lalaki, at, noong ganoon ang mangyari, labis silang pinasama pareho nito, na nagbunsod ito ng isang pagkasalaula. At alam ng Diyos, na noong gawin nila 'yun, kinailangan nilang magluwal ng mga anak sa mundo. Ang bunga sa gitna ng punongkahoy ay di maaaring mahipo, at, pagkatapos, noong nahipo ito, ibinunsod nila ang kasalanang ito sa kanilang sarili.

At kaya naman ang buong lahi ng sangkatauhan, na naisilang, ay nasa kasalanan. Doon nga'y, walang paraan para makatakas.

117 At pagkatapos bumaba ang Diyos. May isang paraan lang para maibalik ang tao, 'yun nga'y ang maibalik siya bilang anak muli. Ngayon paano magagawa ito ng Diyos, gayong ang Sarili Niyang Batas ay naroon at sinasabing ang tao'y "nahatulan na"? Pagkatapos nga'y naging isa sa atin ang Ama Mismo. Yun ang tunay na Cordero. Yun ang layunin Niya na nasa isipan Niya.

118 Yun ang dahilan kung bakit lubos na ipinakilala ang Cordero roon sa halamanan ng Eden, yamang nalalaman na magtatagpo balang araw ang Cordero at Kalapati, kapag ang Cordero't Kalapati ay maglalakip. Doon Niya nalaman, sa pamamagitan nun, na maaari tayong magkasama-sama. At nakahanda Siyang gumawa ng ganoong sakripisyo, ngayon, para maipahid ang Tanda, na di na tayo mga dayuhan, di na tayo mga estranghero, kundi mga anak na lalaki't mga anak na babae na tayo ng Diyos. Kapwa si Adan at Eba, ang babae at ang lalaki, magkasama, ay mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos, kay Cristo Jesus, sa pamamagitan ng Kanyang dakilang pag-aalay.

119 At, pagkatapos, para walang maging pagkakamali! Ang binhi ng buhay na ito na kailangang maibaon sa lupa, na katawang ito na isang—isang binhi na may kabulukan; at ang buhay, kung isa itong baluktot na buhay na nasa binhi, mamamatay at mamamatay ito kasama ng binhi. Pero inilagay Niya rito ang Buhay na Walang Hanggan at ipinakilala ito bilang Sariling Kanya, para kapag dumating ang pagkabuhay na mag-uli ay Kanyang ibangon itong muli, at walang maiwawaglit. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

120 Hayun ito, hindi na ito maaaring mapahamak. Nasa ibabaw na nito ang Buhay. Isa itong Tanda, na nakahimlay sa maliit na katawang 'yun, nakahimlay dun sa kaluluwa nung taong 'yun. May isang Tanda roon, ang Espiritu Santo, na pagmamay-ari ito ng Diyos. Ito'y Kanya. "Kapag nakita Ko ang Tanda, lalampasan Ko kayo." Isang positibong Tanda, ang Espiritu Santo ang ating Tanda. Samakatwid, kapag tinanggap n'yo na ang Espiritu Santo, lumipat na kayo mula kamatayan patungong Buhay. Ganoon mismo ito, dahil nasa inyo ang Buhay. Hindi na kayo maaaring mamatay pa.

121 Sinabi ng Biblia, "Ang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala, sapagkat hindi siya maaaring magkasala, sapagkat ang Binhi ng Diyos," amen, "ang Binhi ng Diyos ay nananatili sa kanya." At papaano siya magkakasala gayong ang Diyos na walang kasalanan ay nasa kanya? Gayong siya'y nasa isang Diyos na walang kasalanan, haya't papaano siya magkakasala? Kahit ano pa ang nagawa niya, binalutan na siya ng Dugo. Kita n'yo? Isa na siyang bagong nilalang ngayon. Ang mga hangarin niya't mga mithi niya'y Makalangit na, dahil nabago

na siya mula sa pagiging isang damo naging isang trigo. Ang mga pagnanasa niya'y hindi na tulad ng dati, at ipinapakita niya ito.

122 Sinasabi mo, "Oh, pinaniniwalaan ko Iyon." At nagkakasala pa rin? Hindi! Nadaya ka. Kita n'yo? Wala itong maipapakita kundi ang Tanda lang.

123 Inutusan noon ang Israel na manatili sa ilalim ng dugo hanggang sa dumating ang mga utos para magmartsa. "Huwag na huwag kayong lalabas sa ilalim nito!" Noong mapasailalim na sila nung tandang 'yun, tinatakan na sila roon. "Huwag na huwag kayong aalis diyan!" Nanatili sila mismo roon hanggang sa sumapit ang hatinggabi't umihip ang mga pakakak. At noong umihip ang mga pakakak, na sinimulan nang hipan ang mga lumang sungay ng tupa, nagmartsa ang bawat isa dala ang kanyang panustos, papunta sa lupang pangako.

124 Ganoon din ang isang lalaki o babae na puspos ng Espiritu Santo, siya'y tinatakan na, at ligtas na mula sa lahat ng kapahamakan at panganib. Ipinapakita ng buong buhay niya kung ano siya, saan siya lumalakad, anong pinagkakaabalahan niya, sino ang kausap niya. Kapag kaugnayan niya ang mga kababaihan, kapag kaugnayan niya ang mga kasamahan, kapag kaugnayan niya ang lahat, naroon nga mismo na nakikita ang Tanda. Amen! Pagdating sa kamatayan, "Wala akong katatakutang kasamaan, sapagkat Ikaw ay kasama ko," naroon mismo ang Tanda na 'yun. Pagdating sa pagkabuhay na mag-uli, naroon at naroon siya, dahil ibabangon siya ng Diyos sa huling araw. Sinabi mismo ni Jesus! "Kapag nakita Ko ang Dugo, ang Tanda, lalampasan Ko kayo." Oh!

125 Tandaan, kung hindi ipinakita ang tandang 'yun, haya't maging ang tipan ay mapapawalang-bisa. Siyanga. Mapapawalang-bisa ang tipan. Walang—walang tipan hangga't wala roon ang tanda na 'yun. Sumasagisag kasi ang tanda para sa tipan. Nakipagtipan ang Diyos sa kanila, siyanga, po, pero dapat na naroon mismo ang tanda. Wala itong bisa, ang tipan ay walang bisa, maliban na naroon ang tanda.

126 Marahil maraming Judio ang magsasabi, "Halika rito! Wala akong dugo sa pintuan ko, pero may gusto akong ipakita sa iyo, isa akong tuling Judio. Tuli ako." Yun nga'y walang kabuluhan *dun*. [Pinalalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.] "Kapag nakita Ko ang dugo! Kapag nakita Ko ang tanda!"

127 Marahil sasabihin n'yo, "Isa akong Baptist, Presbyterian, Methodist," o kung ano man kayo na nais n'yo.

Pero, "Kapag nakita Ko ang Tanda!"

128 Sinasabi n'yo, "Isa akong mananampalataya. Miyembro ang nanay ko sa iglesyang ito. Miyembro ang tatay ko sa iglesyang ito. Miyembro na ako mula pagkabata ko." Wala 'yung kabuluhan *dun*. [Pinalalagitik ni Kapatid na Branham

ang kanyang daliri—Pat.] "Hindi ako nagsisinungaling, o nagnanakaw. Hindi ko ginagawa ang *ganito*. Ako. . ." Wala 'yung kabuluhan *dun*. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri.] "Kabilang ako sa Branham Tabernacle. Ginagawa ko ang *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*. Pinaniniwalaan ko ang lahat na Salita."

129 Makapagsasabi nga sila na mga Judio, "Naniniwala ako kay Jehovah!" Makikinig siya sa Mensahe ng kapanahunan, kung siya nga'y naniniwala. Tunay nga.

Nagkaroon na sila ng napakaraming mensahe, pero Ito ang Mensahe ng kapanahunan. Kita n'yo? Pinaniniwalaan ko ang Mensahe ng kapanahunan. Oo. Ipinahid ang dugo sa oras ng gabi.

Marahil sasabihin nila, "Ako, isa akong Judio."

130 Sinasabi ng mga tao sa panahon ngayon, "Cristiano ako. Maipapakita ko sa iyo na miyembro ako nang mahabang-mahabang panahon. Gusto kong sabihin n'yo sa akin kung nakapagnakaw na ba ako ng anuman, napunta na sa mga korte ng batas. Ipakita n'yo sa akin kung saan nakapagkasala ako ng pangangalunya, na ginawa ko kailanman ang ganitong mga bagay, o bagay na tulad nun. Ipakita n'yo sa akin maski isang pagkakataon." Wala ngang ibig sabihin 'yan ngayon. Oh, wala. Kita n'yo, kahit gaano mang karaming tipan siya, walang bisa ang tipan. Wala itong bisa.

Sasabihin n'yo, "Buweno, isa akong mag-aaral ng Biblia."

131 Wala akong pakialam kung ano ka. Kung wala ang tipan na 'yun, nasa iyo ang galit ng Diyos. Siyanga. Naabutan ka na nito. Oo. "Mahahayag din ang iyong mga kasalanan." Ano ang kasalanan? Kawalan ng pananampalataya. Hindi mo pinaniniwalaan ang Mensahe. Hindi mo pinaniniwalaan ang Salita. Hindi mo pinaniniwalaan ang patotoo ng Tanda, Mismo, gayong pinagkikilanlan na Nito ang Kanyang Sarili sa gitna natin. At hindi mo ba pinaniniwalaan Yun? Anupa't kahit gaano mong di Ito paniwalaan, maipapahid at maipapahid Ito.

132 Maaaring sabihin mo, "Pinaniniwalaan ko Ito. Pinaniniwalaan ko Ito. Naniniwala akong Katotohanan Ito. Tinatanggap ko Ito bilang ang Katotohanan." Kung ganoon mabuting-mabuti, pero Ito nga'y dapat na maipahid.

133 Aba, itong isang Judio na nakatayo roon, na sinasalo ang dugo, habang nagdurugo ang kordero, sinasabi, "Ito si Jehovah."

134 At nakatayo roon ang isang saserdote, na sinasabi, "Siyanga, po, naniniwala akong totoo 'yan," pero sa sarili niyang bahay ay hindi ito nakapahid. Ayaw niyang mapagkilanlan ang sarili niya roon kasama ng grupong 'yun; hindi, po, itong mga panatikong ito na may dugo sa may pintuan. Ayaw niya ng pagkakakilanlan na 'yun. Kahit gaano pa siyang kasaserdote, gaano mang karami

ang nalalaman niya ukol sa Salita, gaano mang kaayos siyang pinalaki, ano mang mga gawa ang ginawa niya, gaano mang karami ang naibibigay niya sa mahihirap, gaano mang kalaki ang naisasakripisyo niya!

135 Sinabi ni Pablo, "Kahit ibibigay ko ang aking katawan para sunugin, bilang isang hain; ibibigay ko ang lahat ng aking tinatangkilik para ipakain sa mga dukha; kahit may pananampalataya ako para mapalipat ang mga bundok, at iba pa; at magsalita ng mga wika, tulad ng mga tao at anghel; at ang lahat ng iba pang mga bagay na ito," at ang sabi, "Ako'y walang kabuluhan hanggang sa maipahid ang Tanda. Hanggang ang Tanda na ito!" Yan ang ipapangusap ko mamayang gabi, ang pag-ibig. Kita n'yo? "Ngayon, hanggang sa maipahid ito, wala akong kabuluhan." Kita n'yo?

136 Wala akong pakialam, maaaring nakakapagpalayas ka ng mga demonyo. Maaaring nakakapagpagaling ka ng mga maysakit sa pamamagitan ng panalangin mo ng pananampalataya. Maaaring nagagawa mo ang lahat ng mga bagay na ito. Pero kung ang Tanda na 'yun ay wala roon, nasa ilalim ka ng galit ng Diyos. Maaaring isa kang mananampalataya. Maaaring nakakatayo ka sa pulpito't naipapangaral ang Ebanghelyo. "Marami ang lalapit sa Akin sa araw na 'yun, at magsasabi, 'Panginoon, Panginoon, hindi ba't nagpropesiya ako sa Iyong Pangalan, nangaral sa Iyong Pangalan? Hindi ba't nagpalayas ako ng mga demonyo sa Iyong Pangalan?'" Yan nga'y kapwa mga Methodist, mga Baptist, at mga Pentecostal. Sinabi ni Jesus, "Lumayo kayo sa Akin, kayong mga gumagawa ng katampalasanan. Hindi Ko kayo nakikilala kailanman."

137 "Pero kapag nakita Ko ang Tanda, lalampasan Ko kayo." Ito ang hinihingi ng Diyos sa panahong ito. Ang panggabing Mensahe, ay ang ipahid ang Tanda.

138 Isinaboy na ni Satanas ang lahat na ng uri ng mga huwad, na pakikipagkamay, at mga ebidensya, at lahat na ng tulad nun. Kalimutan mo 'yan! Dumating na ang oras ng Tanda, Mismo; hindi kung anong huwad, na gawa-gawang, pamalit, na kung anong bagay.

139 Narito na ang oras kung kailan ipinakikilala Mismo ng Tanda ang Kanyang Sarili sa kalagitnaan natin mismo, at pinatutunayang Siya ang siya ring Jesus kahapon, ngayon, at magpakailanman, at nasa Salita Siya mismo. Kailangan Itong maipahid. Ang isang tao na nagsasabing nasa kanya ang Tanda, tapos tinatanggihan naman ang Salitang ito, hayan nga't anong klase 'yun? Kita n'yo, hindi n'yo magagawa 'yun. Kailangan naroon ang Tanda. "Kapag Ako. . .Ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda." Ngayon ang Espiritu Santo, ang Buhay na naroon sa Dugo, ay isang Tanda sa inyo. Dadako tayo rito maya-

maya, kita n'yo. Ang Espiritu Santo'y ang Tanda. Sarado na ang kaso. Siyanga, po. Ngayon, alalahanin. At ako . . .

140 Hindi mahalaga kung ano ka, kung gaano kang kabuti, kung ilang beses kang nakakatalon nang *taas-baba*, ilang simbahan man ang kinaaaniban mo, ilang mabubuting bagay ang nagawa mo na, wala itong magiging kabuluhan na isa mang bagay sa iyo kung hindi naipahid ang Tanda. Oras na ng gabi. Umubra 'yun noong panahon ni Luther, umubra 'yun noong panahon ni Wesley, pero hindi na uubra ngayon. Hindi.

141 Siyanga't, mainam ang pag-aalaga sa kordero noon. Ang mga namatay noon bago maipahid ang kordero, ang dugo, iba noon. Siyanga, po. Nagpatuloy sila dahil sa mabuting budhi. Hahatulan sila kung sila—sila'y . . .

142 Kung predestinado sila, tumama ito sa kanila. Kung hindi, hindi. Ganoon lang. Ang Diyos ang bahala. "Kanyang—Kanyang inaaring-ganap ang sinumang maibigan Niya, kinaaawaan ang sinumang maibigan Niya, at hinahatulan Niya ang maibigan Niya." Siya ay Diyos. Ganoon nga 'yun. "Siya ay naaawa sa Kanyang kinaaawaan, at hinahatulan ang ibig Niyang hatulan."

143 Malinaw na maipapakita ng isang Judio, sa pamamagitan ng pagtutuli, na isa siyang mananampalataya.

144 Maraming tao, na pundamental, ang marahil kukuha sa Bibliang ito't sasabihin, "Isa akong mananampalataya, at sinabi ni Jesus 'sa pamamagitan ng pananampalataya' tayo ay naligtas. At isa akong mananampalataya, pero ang bautismong 'yan ng Espiritu Santo ay kalokohan." Kung ganoon ay hindi naipahid ang Tanda. Kahit gaano, gaano pa siyang maniwala, ito'y walang-bisa.

145 Katulad na lang sa pagtutuli ng Judio. Sasabihin niya, "Isa akong Judio. Bakit kailangan ko pang lumabas doon at kumilos na gaya ng sambunton na grupo na 'yun ng mga panatiko?"

146 Nakatayo si Moises, paroo't parito sa lansangan, na sinasabi, "Narito na ang panggabing mensahe! Mangyayari, sa katapusan ng labing-apat na araw, titipunin n'yo ang kongregasyon at papatayin ang kordero. Papatayin ito ng buong kongregasyon ng Israel, ipapatong ang kanilang mga kamay rito, na pagpapakilanlan ng kanilang sarili rito. At ipapahid ang dugo sa haligi, at sa hamba ng pintuan, at, 'Kapag nakita Ko ang dugo, lalampasan Ko kayo, dahil ito'y isang tanda na tinanggap n'yo ang kamatayan ng kordero na inilaan Ko para sa inyo.'" Ang dugo ay ang tanda.

147 Ngayon ang Espiritu'y ang Tanda. "Mapupuspos kayo ng Espiritu Santo ilang araw mula ngayon." At noong mabubo ang Dugo, ipinadala ang Tanda noong Araw ng Pentecostes, na parang isang humahagibis, na hanging malakas.

148 Yun ang tema ng bawat alagad. Yung, "Tinanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo simula nang kayo'y manampalataya? Magsisi kayo, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para mapatawad ang inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo, dahil ito'y isang Tanda, amen, na lumipat na kayo mula kamatayan patungong Buhay." Hayan nga. Noong 'yung Gen-. . .lumipas ang iglesyang Judio, pumalit ang mga Gentil, at 'yung pagbabaluktot na gaya nun; ngayon lumabas na siya, para kunin ang nalalabing 'yun ng Gentil, alang-alang sa Kanyang Pangalan, ang Nobya.

149 Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Nakikita n'yo kung anong sinasabi rito ng Kasulatan? Kung hindi ipinakita ang Tanda, kung ganoon ay walang bisa ang tipan. Kita n'yo? Marapat mismo. Dahil kung sinasabi n'yong naniniwala kayo, at hindi n'yo naman sinusunod ang mga tagubilin ng Salita, kung ganoon ay hindi talaga kayo naniniwala. Kita n'yo? Kahit na tuli pa kayo, kahit na umanib kayo, at kahit na nabautismuhan kayo, na nagawa n'yo man ang lahat ng mga bagay na tulad nun; hindi't hindi pa rin 'yun ang Tanda, na Espiritu Santo.

150 Itong magaling na iskolar na lumapit para kausapin ako, gaya ng ikinukuwento ko kanina. Sabi niya, "Billy," sabi niya, "Sinampalatayanan ni Abraham ang Diyos, at ibinilang ito na katuwiran sa kanya. Ano pa ba ang magagawa ng tao kundi manampalataya sa Diyos?"

151 Sabi ko, "Totoo 'yan, Doktor. Tama 'yan. Nanampalataya nga siya sa Diyos. Sinabi ng Biblia. Tama ka. Hanggang diyan sa sinasabi mo, tama ka."

152 Hanggang ang—ang—ang labindalawang tiktik, na isinugo para pumunta't tiktikan ang lupain ng Canaan, basta patuloy sila sa pag-usad patungo sa Canaan, umaabante nga sila; pero pagdating nila sa hangganan ng lupain, saka sila tumanggi.

153 Sabi ko, "Ayos naman kayong mga Baptist, hanggang diyan sa narating n'yo, pero tinanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo simula nang kayo'y manampalataya?" Hum. Sabi ko, "Alalahanin mo, kinilala ng Diyos ang pananampalataya ni Abraham. Kanyang—kanyang sinampalatayanan ang Diyos, at ibinilang 'yun na katuwiran sa kanya, totoo 'yun, pero pagkatapos nun ibinigay ng Diyos ang selyo ng pagtutuli, bilang isang tanda, isang tanda sa kanya." Hindi na may anumang kinalaman ang laman niya, na natuli, sa kaluluwa niya, pero isa itong tanda na nagawa Niya (ng Diyos) na kilalanin ang pananampalataya niya.

154 At ibinibigay Niya sa atin ang tanda, ng Espiritu Santo, na kinikilala na Niya tayo bilang mga mananampalataya. Dahil, "Mangagsisi kayo, at magpabautismo ang bawat isa sa Pangalan ni Jesus Cristo upang mapatawad ang inyong mga kasalanan, at

tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat ang pangako ay sa inyo!"

155 Kunin n'yo ang punto ngayon. Ang mga Judio, kahit gaano pa nilang kayang patunayan na tuli sila, pero kailangan mismo na maipakita ang tanda. Kung wala 'yun dun, walang bisa ang tipan. Wala mismo.

156 Ganoon din ngayon, pareho lang. Kahit ano pa ang gawin n'yo, kahit gaano n'yo pang kaya—gaano n'yo pang kaya na ipaliwanag ang Biblia. Marahil isa kang mag-aaral ng Biblia. Oh, naku! Marahil—marahil masasabi mo, "Isa akong mananampalataya, at lahat na." Pero sa kabila ng lahat ng 'yun ay kinakailangan ang Tanda. Isang mag-aaral ng Biblia, sasabihin mo, "Isa akong mabuting tao, Kapatid na Branham."

157 "Wala akong pakialam kung ano ang sabihin ninuman, hindi mo madadaig ang taong 'yun. Hindi ko pa siya nakita kailanman na gumawa ng anumang pagkakamali, sa buong buhay ko." Yun nga'y walang anuman na *ganoong* kinalaman sa Diyos. [Pinalalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.] May isa lang na hinihingi, at tanging 'yun lang!

158 At hindi n'yo magagawa 'yun. Hindi kayo makakapaglagay ng dugo sa hamba ng pintuan, anupa't, hindi nga magkakaroon ng tanda maliban na mamatay ang kordero. At ang dugo ay positibong tanda na namatay ang kordero. Hindi mapagkukunwarian; namatay mismo ang kordero!

159 At ang Espiritu Santo'y isang positibong Tanda na namatay ang inyong Cordero at tinanggap n'yo ang Tanda sa inyong sarili, dahil ang mismong Buhay Niya ay nasa inyo na. Kita n'yo? Walang pagkukunwari. Walang pagpapanggap. Walang panggagaya. Naroon mismo ito! Alam n'yo. Alam n'yo. Alam mismo ng mundo. Na naroon ang Tanda.

160 Kahit gaano pang kabuti 'yung tao. Marahil isang mag-aaral ng Biblia. Marahil isang . . . Marahil isang—isang mabuting miyembro ng iglesya. Marahil mabuting tao. Marahil pinuno ng isang—isang denominasyon. Marahil nasa—nasa herarkiya ng Roma. Hindi ko—Hindi ko alam kung sino, pero wala nga ito—pero wala nga itong kahulugan.

161 Pero, ang Israel, alam ng sinumang mag-aaral ng Biblia na ang Israel ay isang tipo ng Iglesya, mismo, na papunta sa lupang pangako. At doon Siya naglalakbay.

162 Pero noong dumating na ang oras ng gabi, at magsisimula na ang paglalakbay, may isang taimtim na hinihingi't kailangan. Kahit gaano pa siyang magpaka-Judio, gaano mang kaigi ang pag-aalaga niya sa kanyang mga pananim, gaano mang kaigi ang pagmamalasakit niya sa mga kapitbahay, gaano mang karami ang nagawa niya, gaano man siyang kabuting miyembro, gaanong karaming ikapu ang ibinabayad niya. Mabuti naman ang lahat ng mga bagay na ito. Ayos lang. Isa siyang mabuting

tao, kinikilala sa gitna ng kanyang mga kababayan, bilang isang mabuting tao. Pero kapag wala ang tanda, ng dugo, mapapahamak siya.

163 Oh, tulungan nawa ako ng Diyos, kapwa dito at sa mga teyp, para patimuin 'yan!

164 Kahit pa, naipapangaral mo ang Ebanghelyo, nakakapagpalayas ka ng mga demonyo, nakakapagsalita ka ng iba't ibang wika, nakakasigaw ka, nakakapagsayaw ka sa Espiritu, pero kung wala ang Tanda.

Marahil sasabihin mo, "Makakagawa ba ako ng ganoon?"

165 Sinabi ni Pablo na magagawa mo. "Kahit magsalita ako ng mga wika na gaya ng mga tao at mga anghel, at kung ipamigay ko man ang lahat ng aking mga tinatangkilik para ipakain sa mga dukha, ang aking katawan ay sunugin man bilang hain, may pananampalataya man ako para mapalipat ang mga bundok, at kamit ang mga bagay na ito, anupa't wala pa rin akong kabuluhan." Huwag kayong sumandig doon. Ito'y ang Tanda! Kahit gaano mang karami ang nagawa mo, gaano ka mang kabuti; kapag sumiklab ang galit ng Diyos, tanging ang Tanda lang ang kikilalanin nito.

166 Ito'y isang Tanda na ang isang halaga'y nabayaran na, na hinihingi. At ang halagang ibinayad ay ang Buhay ni Jesus Cristo, at ibinigay Niya ang Kanyang Buhay. At bumabalik ang Kanyang Espiritu sa inyo, bilang isang Tanda na kayo'y tinatanggap. At dala-dala n'yo ang Tanda, araw at gabi, hindi lang Linggo. Lahat ng oras mismo, nasa inyo ang Tanda. "Kapag Ako. . . Ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda."

167 Sinasabi mo, "Nananampalataya pa rin ako. Isa akong mananampalataya." Mainam 'yan. Pero kung tatanggihan mo ang Tanda, kung ganoon paano ka maituturing na isang mananampalataya? Patotoo ito laban sa iyo. Kita mo, salungat nga ito sa patotoo mo, na nananampalataya ka.

168 Mag-aaral ng Biblia, mabuting tao, miyembro ng simbahan, ano ka man, wala nga 'yang kabuluhan. Siyanga, po. Marahil isang mangangaral ang tatay mo. Marahil ang nanay mo—nanay mo'y isang banal. Marahil. . . Ayos lang 'yan—ayos lang 'yan, kinakailangan nilang managot para sa sarili nila. Tulad nga ng sinabi ko, subukang. . .

169 Sinusubukan ng mga tao na gawin ang Diyos na isang malaki't, matanda, na matabang, ulyaning lolo, kita n'yo, na haya't may sambunton na mga apo, na tulad ng maliliit na Ricky at Elvis, at, "Wala namang masama diyan."

170 Hindi ganoon ang Diyos! Wala Siyang mga apo. Siya'y isang Ama. Kailangan na maipanganak muli! Hindi Siya isang malaki't pahapay-hapay na ulyanin.

171 Siya ay Diyos ng kahatulan. Sinasabi ng Biblia na Siya nga. Mabangis ang galit Niya. Huwag na huwag n'yong yuyurakan Yun at aasa na kukupkupin kayo ng kabutihan ng Diyos balang araw, sa inyong kasalanan, at dadalhin kayo sa Langit. Kung gagawin Niya 'yan, palulusutin Niya ang lahat ng ito rito, at ang dapat pala'y pinalusot si Eba. Sampalatayanan n'yo ang Salita Niya, o kayo'y. . .mapapahamak kayo. At kapag sinasampalatayanan n'yo ang Kanyang Salita, sasainyo ang Tanda. Uh-huh.

172 Nakahanda nang tumama ang kamatayan sa Egipto noong gabing 'yun, anumang oras. Isa 'yung kagila-gilalas na oras; lahat ng mga seremonya nila, lahat ng mga araw ng kapistahan nila, at mga araw ng pag-aayuno.

173 Dinalaw sila ng Diyos. Ipinakita ng Diyos ang Kanyang mga dakilang tanda't kababalaghan sa kanilang kalagitnaan. Ano 'yun? Ngayon huminto tayo sandali. Ipinakita sa kanila ng Diyos ang Kanyang biyaya. Binigyan Niya sila ng pagkakataon.

174 Hindi nila Ito maaaring tanggihan. Na sasabihin nila, "Oh wala naman 'yan. Walang kabuluhan 'yan. May kung ano lang doon sa mga dalisdis, may pagsabog lang ng—ng pulang putik na tumilapon, at 'yun ang nagpapula sa dagat." Pagkatapos dumating 'yung graniso. Pagkatapos dumating 'yung nga palaka. Naghanda ang Diyos ng isang lugar, at inilagay ang Kanyang Salita sa bibig ng isang propeta. At kung ano ang sinalita ng propeta, ay nangyayari, at nasasaksihan nila ito. Hindi nila ito maitatanggi.

175 Ang pagkatawag kay Moises, 'yun ang natanggap mismo ni Moises, mula sa Diyos, dahil Salita lamang ng Diyos ang kanyang sinalita. Kanyang sinabi, "Aking gagawin ka na isang diyos." Si Moises ay isang diyos sa kanila. Kita n'yo? Hindi matukoy ng mga tao ang pagkakaiba, kaya ang sabi Niya, "Magiging isa kang diyos, at si Aaron ang magiging propeta mo. Kita mo, magiging tulad ka ng isang diyos, dahil gagamitin Kita, ang tinig mo, at lilikha Ako sa pamamagitan mo. Magsasalita Ako, at hindi ito maitatanggi ng mga tao, dahil diyan mismo'y mangyayari't mangyayari ito. Ang bagay na sasabihin mo, ay mangyayari." Oh, grabe! "Ipapakita Ko sa iyo ang mga bagay na ito." Grabe! Tapos nakita ito ng Egipto. Nakita nila ito bago gumabi, o sa oras mismo ng gabi.

176 Ipinakita ng Diyos sa kanila ang Kanyang kabutihan. Ipinakita Niya na kaya Niya itong pawiin, pagalingin.

177 Sinubukan ng mga salamangkero na gawin ang siya ring bagay, nitong mga manggagaya. Palagi mo silang makikita. Naroon si Janes at Jambres, nakatayo sila roon. Pero pagdating na mismo sa totoong bagay, wala na sila nito. Siyanga. Pasunod-sunod lang sila, nang kaunting panahon. Pero, paglaon, nalantad ang kanilang kamangmangan.

178 At hindi ba't sinasabi ng Biblia na mangyayari ang parehong bagay sa mga huling araw, "kung papaanong sina Janes at Jambres ay sumalungat kay Moises"? Pero nabisto ang kamangmangan nila, at magiging ganoon uli. Kita n'yo? Hayan ito, mga kalalakihan na baluktot ang pag-iisip, mga suwail ukol sa Katotohanan, sa Totoo. Marahil may angkin silang mga kongregasyon at mga katangi-tanging bagay, at nakakabilib, na matatayog, na mabulaklaking mga bagay, pero darating mismo ang oras sa wakas.

179 Tumayo kayong matatag kalakip ang Tanda! Yun ang nais ng Diyos na gawin natin. Manghawakan sa Kanyang Salita. Huwag lumihis mula Rito. Manatili mismo kasama Nito. Yan mismo ang sinabi ng Biblia.

180 Tatama na ang kamatayan. Pinakitaan sila ng Diyos ng awa, pinakitaan ng mga kapangyarihan at tanda.

181 Ngayon huminto lamang tayo nang isang sandali o dalawa, sa orasang 'yan diyan. Bulayin lamang natin sa ating mga isipan, na balikan, kung ano ang ipinangako Niyang mangyayari sa mga huling araw. Iniisip ko kung hindi kaya't di pa tayo nakakapagsiyasat, din. Kita n'yo?

182 Ginawa Niya ang lahat ng mga bagay na ito, at sa kabila nun ay ginusto pa rin nila na hindi magsisi, o paniwalaan man lang ang mensahe ng kapanahunan. Tumanggi pa rin sila na gawin ito, kahit na ipinakita na sa mismong harapan nila, at tiyak na napagkilanlan na.

183 At kapag nakikita n'yo ang ganitong mga bagay na nangyayari, isa itong senyales na may paparating na kahatulan. Susunod ang kahatulan sa mga bagay na 'yun. Sa tuwina'y ganoon na ito, at di ito magiging iba. Kita n'yo? Kasunod ng biyaya'y kahatulan. Kapag tinanggihan ang awa, wala nang natitira pa kundi kahatulan. Kaya lagi itong kasunod.

184 Ngayon, ang eksena. Bawat espirituwal na pangyayari'y isang tanda mula sa Diyos. Mag-ingat. Pansinin n'yo 'yun, kita n'yo. Masdan n'yo, bawat espirituwal na pangyayari, lahat ng nangyayari, ay isang tanda. Hindi tayo naparito na nagkataon lang. Ang mga bagay na ito'y di lang basta nangyayari na nagkataon lang. Isa itong tanda. Isa itong tanda, na dapat nang pumunta—pumunta sa ligtas, agad-agad. Si Noe ay isang tanda sa kanyang henerasyon; si Elias ay isang tanda sa kanyang henerasyon; si Juan ay isa ring tanda sa kanyang henerasyon. Kita n'yo? Lahat, ang Mensahe ng kapanahunan, ay isang tanda. Matyagan n'yo Ito, masdan n'yo kung anong ginagawa Nito. Kita n'yo? Isa itong tanda. Ang lahat ng bagay ay may ibig sabihin.

185 At walang ibang pagkakataon na mangyayari kailanman ang ganitong uri ng Mensahe. Hindi ito maaaring dumating noong panahon ni Luther, hindi ito maaaring dumating noong panahon ni Wesley, ni hindi ito maaaring dumating noong panahon ng

Pentecostal. Hindi maaari. Kita n'yo? Wala mismong. . . walang ganoong bagay na nangyari kailanman, at sa kabila nun ay pinangakuan tayo sa Biblia. Kita n'yo? Nasa wakas na tayo. Walang bagay na mangyari, na hindi ito maaaring mangyari hanggang sa dumating ang panahong ito. At nangyayari ito bilang isang tanda. Ano kaya 'yung tanda?

186 Oh, mga abang tao, kapatid kong lalaki, kapatid kong babae, magpasailalim kayo sa Tanda na 'yun, agad-agad. Kita n'yo? Huwag, huwag kayong kumuha ng anumang ipapalit. Huwag, huwag, huwag, huwag n'yong gawin 'yun. Kita n'yo? Huwag lang Itong ilagi sa imahinasyon n'yo. Mamalagi kayo riyan hanggang sa malaman n'yong nakapahid na ang Tanda, hanggang (ang buo n'yong) kaisipan na nakay Cristo ay nasa inyo na, hanggang sa ang lahat ng mga walang saysay sa mundo'y maglaho na, kita n'yo, hanggang sa ang hinahangad ng buong puso n'yo ay Siya na. Kita n'yo? Na, kung ganoon na, alam n'yo na, haya't alam n'yo nang may nangyayari. Sinabi ni Jesus, "At lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya," hindi mga kunwang-mananampalataya, kundi mga mananampalataya. Kita n'yo? Ngayon, ayaw nating kumuha ng anumang, anumang pagbabaka-sakali ukol dito; huwag na huwag n'yong gawin 'yan.

187 Ang Mensahe ng kapanahunan ay isang tanda sa mga iglesya. Isa itong tanda sa mga tao. Huwag. . . Inyo na bang—iyong na bang nauunawaan ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Umaasa ako, na ang mga nakikinig sa teyp, na pareho ang ginagawa nila, kita n'yo, na mga nasa ibang bahagi ng mundo. Kita n'yo, narito na ang tanda ng oras. May isang Tanda na kailangan ipahid, at walang ibang panahon na maaari Itong dumating.

188 Pansinin n'yo ang paghahanda ng Diyos para sa panahong 'yun. Ngayon, katulad ng nalalaman natin na sinabi ng Biblia, "Ang lahat ng mga bagay na 'yun ay nangyari bilang halimbawa, kita n'yo, sa atin." Pansinin n'yo, noong naghanda ang Diyos para hatulan ang Egipto, gumawa muna Siya ng paghahanda. Anong ginawa Niya noong una? Hindi nga Niya kailanman binabago ang Kanyang panuntunan.

189 Yung una, noong kunin Niya, noong ginawa Niya ang Kanyang paghahanda, nagpadala Siya ng isang propeta na may dalang isang mensahe. Ang unang bagay na ginawa Niya sa Kanyang bayan ay nagpadala ng isang propeta na may dalang mensahe.

190 Ang sumunod na bagay na ginawa Niya, para ipakilala ang propetang ito, nagpadala Siya ng isang Haliging Apoy bilang pagkakakilanlan, para ipakilala ito.

191 At ang ikatlong bagay na ipinadala Niya ay ang tanda. Ganoon nga mismo. Ang tanda, anong ibig sabihin nung tanda?

Katiyakan!

192 Una, ang Kanyang propeta na may dalang mensahe; ipinakilala Niya ang Kanyang Sarili sa gitna ng. . . sa pamamagitan—sa pamamagitan ng isang Haliging Apoy na kasama mismo ng Kanyang propeta; at pagkatapos ay nagpadala Siya ng isang tanda, para magpasailalim sa dugong 'yun, na Kanyang tinanggap na ang kamatayang ito na humalili sa inyo. Pagkatapos, ang dugo'y isang tanda na tiningnan Niya, na narinig n'yo na ang mensahe't, sinampalatayanan ang Haliging Apoy, at tinanggap ang kahalili na inilaan Niya para sa inyo, at nasa ilalim na kayo ng dugo ng mismong kemistri ng buhay na lumabas para sa inyo. Ang ganda! Grabeng ganap, grabeng ganap na bagay 'yun, kita n'yo, na nasa ilalim kayo ng dugo.

193 Ngayon nasa ilalim na kayo ng Espiritu, nasa ilalim ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Kita n'yo? Sinasampalatayanan n'yo ang Mensahe ng kapanahunan, kita n'yo, sinasampalatayanan n'yo ang—ang—ang—ang—ang kapangyarihan, ang—ang—ang Haliging Apoy. Sinasampalatayanan n'yo 'yun, kita n'yo, at sinasampalatayan n'yo mismo.

194 Ngayon, ngayon tingnan n'yo, ang sumampalataya lamang Dito'y hindi sapat. Hindi nga—hindi nga. . . Ang lumakad sa paligid kung nasaan Ito, ay hindi sapat. Kita n'yo, magpapalala pa nga 'yan ng sarili n'yo, "Sapagkat ang sinumang nakakaalam ng paggawa ng mabuti, at hindi ito ginagawa, ito'y kasalanan sa kanya." Kita n'yo, mga mananampalatayang alanganin, sinabi rin ni Jesus ang ganoong bagay.

195 Mga Hebreo, sa ika-6 na kabanata, "Sapagkat hindi mangyayari na ang mga dating naliwanagan na, at mga naging kabahagi ng Espiritu Santo, at nakalasap na ng mabuting Salita ng Diyos, at ng panahong darating, kung sila pagkatapos ay tumalikod, ay muling panunumbalikin sa pagsisisi; yamang sa kanilang sarili ay ipinapako nila ang Anak ng Diyos; at umari sa tipan ng Dugo, na nagpabanal sa kanila. . . " Ang kemistri roon ay nagpapabanal. Hindi ang Tanda. Ang Dugo nga'y hindi yaong Tanda. Ang Buhay ang Tanda.

196 Hindi maaaring bumaling doon ang buhay, dahil ito'y isang hayop. Ang kemistri ang tanda noon, kinakailangan na may literal kayong dugo na nakapahid sa pintuan noon. Pero ngayon ay ang Espiritu Santo na. Padako na tayo rito, maya-maya, para patunayan 'yun, kita n'yo. Ito'y ang Buhay na naroon sa Tanda.

197 Wala na kayong buhay, at kayo'y patay na, at ang buhay n'yo ay patay na. Kayo'y nakakubli na sa Diyos, kay Cristo, at tinatakan na roon ng Espiritu Santo. Ang kaisipan na nakay Cristo ay nasa inyo na. At si Cristo, at ang Biblia, at ang Salita, ay iisa. "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos." Kung ganoon kayo, at ang Salita, at ang Diyos, at si Cristo, ay iisa. "At kung kayo'y nananatili

sa Akin, at ang Salita Ko'y nananatili sa inyo, hingin ninyo ang anumang inyong nais, at ito'y ipangyayari." Kita n'yo?

198 Inilagay ang kapangyarihan sa mga labi ni Moises, para dumako roon na dala-dala ang Kanyang Salita at magsasalita, at dumating ang mga palaka; nagsalita, umalis ang mga palaka; nagsalita, dumating ang mga kuto; nagsalita, umalis ang buhay—ang mga kuto. Amen!

199 Pero pagkatapos ay hiningi ang tanda sa buong Israel. Hiningi sa buong Israel ang tanda na ito. "At kapag nakita Ko ang tanda, lalampasan Ko kayo." Oh, naku, naku! Grabe ngang katiyakan!

200 Ang paglabas ng Israel mula sa Egipto, ay isang tipo, anti-tipo ng ngayon. Ang Egipto'y ang iglesya, at ang Israel ay kumakatawan sa Nobya. At kung paanong lumabas ang Israel mula sa Egipto, lumabas din ang Nobya mula sa iglesya. Kita n'yo? Dahil, kailangan na may bagay roon para paglabasan Nito, at kailangan Itong lumabas mula roon, mismo, kung isa itong tipo. Ang—ang iglesya'y naroon sa Egipto, nasa sanlibutan at nasa kasalanan, at walang pakialam ni—ni—ni katiting man tungkol sa Tanda. Ni hindi nila Ito pinaniniwalaan. Pero mahal na mahal ito ng Israel, dahil kaligtasan ito sa kanila. Oh! Oh! Magbubunsod at magbubunsod nga ito ng kagalakan sa atin, magbubunsod sa ating mga puso. . . Oh!

201 Ipahid n'yo Ito, iglesya! Ngayon huwag kayong makalingat. Maaari ba ngayon? Huwag, huwag, huwag n'yong hayaang lubugan ng araw. Huwag, huwag, huwag, huwag kayong magpahinga, araw at gabi. Huwag kayong magbabaka-sakali. Hindi 'yan uubra, mga anak. Hindi nga uubra. Kailangan mismong mapasainyo ang Tanda!

202 Sinasabi n'yo, "Naniniwala ako. Oo, heto ako mismo. Ako, oo, naniniwala ako sa Mensahe. Ako. . . " Mainam 'yan, pero, haya't—haya't mabuti 'yan.

203 Pero kailangan mismo na mapasainyo ang Tanda! Sumasang-ayon ba kayo, Branham Tabernacle? Kailangan n'yong ipakita ang Tanda! Kung wala Ito, walang kabuluhan ang lahat ng pagsampalataya n'yo. Kita n'yo? Nakakapamuhay kayo ng magandang buhay; nakikinig kayo sa sinasabi ng Salita; nagsisimba kayo; sinisikap n'yong mamuhay nang tama; mainam 'yan, pero hindi Ito 'yan. "Kapag nakita Ko ang Dugo," 'yun ang Tanda. At ang Tanda rito ay hindi. . .

204 Dahil, hayan, kailangan Niyang—kailangan Niyang makita ang aktuwal na kemistri, dahil umalis na ang buhay, siya. . . umalis na rito, isa itong hayop.

205 Pero dito'y Sarili Niyang Buhay Ito na naroon sa Dugo. At ang kemistri ay isa lamang hudyat o isang palatandaan ng pagpapaging banal, pero yaong Buhay Mismo'y ang Tanda; dahil kung wala ang pagtutuli, kung wala ang Tanda, ni

wala kayo sa tipan. Nagkakalakip na gumagawa ang buong bagay. Kung sinasabi n'yong tinuli na kayo sa Salita, at Ito lamang, kung ganoon ay sasampalatayanan n'yo ang Salita; kung sinasampalatayanan n'yo ang Salita, kung ganoon ay tiyak na darating ang Tanda, dahil sinabi niya, "Mangagsisi kayo, at magpabautismo ang bawat isa sa inyo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo." Hayan nga. Oh, grabe!

206 Pansinin n'yo pagkatapos ang paghahanda para sa bayan na pinangakuan ng isang lupain. Pansinin n'yo ang ginawa Niya. Una, mayroon Siyang bayan na hinandaan Niya ng isang lupain para sa kanila. Naghanda Siya ng isang lupain para sa kanila. At ngayon nagpadala Siya roon ng isang paghahanda para rito, para sa bayan na ukol sa lupang-pangako. Para lamang ito roon sa mga itinalaga para sa lupang pangako na 'yun, na araw ng Nobya. At kung paano Niya ginawa ito, nagpadala Siya ng isang propeta na may dalang mensahe, ipinakilala ito sa pamamagitan ng isang Haliging Apoy, at nagbigay ng isang tanda na makasisigurado sila na tama ito. Ganoon nga. Yun nga'y kaaliwan niya.

207 Ang Israel, na lumabas noon sa Egipto, ay isang—isang tipo. Ito ang anti-tipo, ng paglabas ng Iglesya mula sa mga denominasyon. Ngayon, hindi lahat ay naging denominasyon. Ang ibig kong sabihin ay ang Nobya. Kita n'yo? Ang ilan po, may ilan na mga indipendiyente na kasing sama ng mga nasa denominasyon, kung minsan nga'y mas masahol pa.

208 Ang tinutukoy ko'y ang Tanda na ipinahid. Sinasang-ayunan ng Tanda ang bawat Salita. Kita n'yo? Marapat lang, dahil Ito'y ang Salita. Ito ang Buhay na nasa Salita. "Ang Aking mga Salita ay Espirituwal; ang mga Ito'y Buhay," sabi ni Jesus. Kita n'yo?

209 Noong sinimulan ni Moises ang Kanyang pagmiministeryo sa Israel, na may kalakip na mga dakilang tanda, kita n'yo, kaagad na nagtipon-tipon ang Israel mula sa iba't ibang bahagi ng Egipto, nagpunta sa Goshen, bumalik sila sa lugar na kanilang pinanggalingan, dahil nalalaman nila na may bagay na nagbabadyang mangyari. Oh, napakagandang tipo!

> Oh, sa Silangan at sa Kanluran sila nanggaling,
> Nagmula sila sa malalayong lupain, (Tama, narinig n'yo na ang awitin.)
> Para makapiging ang Hari, para makisalo bilang Kanyang panauhin;
> Lubos na pinagpala sila na mga nangingibang-lupain!
> Nasisilayan ang Kanyang banal na mukha
> Na sumisinag sa Makalangit na pag-ibig;

Mga pinagpala na makibahagi sa Kanyang biyaya,
Bilang mga hiyas sa Kanyang korona na mangingislap.

Oh, malapit nang dumating si Jesus,
Ang mga pagsubok natin ay doon magtatapos.
Oh, paano kung ang Panginoon natin sa sandaling ito'y dumating
Para sa mga pinalaya na mula sa pagkakasala?
Oh, magdudulot ba ito sa inyo ng kagalakan,
O dili kaya'y kalungkutan at kawalan ng pag-asa?
Kapag dumating ang ating Panginoon sa kaluwalhatian,
Sasalubungin natin Siya sa kalangitan.

210 Ipinapakita nang lantaran ang Tanda! "At Akin siyang babangunin sa mga huling araw." Tiyak nga! Narito na tayo sa mga araw na 'yun.

211 Nagtipon-tipon ang bayan sa Goshen. Handa na sila. Alam nilang may nakatakdang mangyari. Sila'y mistula bang. . .

212 Ipagpahalimbawa n'yo ang mga pato, kapag panahon na na magkukumpul-kumpulan sila, lahat sila'y tumatakbo na magkakasama mismo. Kapag ang mga bubuyog, lahat ng iba pa, ay naghahanda, may kung anong kalikasan mismo na humahatak sa kanila.

Hinahatak ng Espiritu Santo ang mga tao!

213 Oh, noong dumating na ang oras para bumagsak ang matinding poot ng Diyos, bawat. . .Hayan ang dalawang pato na dumarating, lalaki at babae. Hayan ang dalawang gansa na dumarating, lalaki at babae; hayan ang dalawang kabayo na dumarating, lalaki at babae; may kung anong bagay na humahatak sa kanila, na mga itinalaga na noong una. Nangamatay ang lahat ng iba pa. Oh! Nangamatay ang lahat ng iba pa! Pero 'yung mga nakadama nung hatak, nalaman nilang nakahanda na ang daong. Isa 'yung tanda na may parating na ulan. Nalaman nila na may parating na ulan, kahit ano pa ang nakikita sa paligid at kung ano ang iniisip ng ibang tao. May pagkaalam sila.

214 Mayroong kung ano sa kaibuturan nila, na nagsasabi, "Pumasok ka roon, bilisan mo! Pumasok ka roon, dahil 'yun lang ang tanging lugar na magiging ligtas." Dahil, naghanda ang Diyos ng isang propeta, ipinadala Niya ang daong bilang isang tanda, sabi, "Pumasok ka roon," at parating na ang ulan. At pumasok sila mismo roon, tigalawa. Nagsipasok ang lahat ng mga hayop, tigalawa, papasok sa daong, dahil kinakailangan nilang magpasailalim dito. Kahit na ano pa ang iba. . .

215 At lahat nga ng nasa labas ng daong na ’yun ay namatay. Lahat ng nasa labas ng tanda, ng dugo, ay namatay, bawat isa. At ang bawat isa na nasa labas ng Tanda, ng Espiritu Santo, ay mapapahamak.

216 Kahit gaano pang kabuti, gaano pang kaiinam na mga miyembro sa simbahan! Napakaraming ganoon noong panahon ni Noe. Napakarami nila noong panahon ni Moises; anupa’t ang isang tao na bigong maipahid ang dugo, bilang tanda, ay, haya’t namatay. Ang mga bigong makapasok sa daong, ay namatay. Ang mga bigong makapasok kay Cristo, dahil Siya ang Daong!

217 Unang Mga Taga-Corinto 12, ang sabi, “Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay nabautismuhan tayo papasok sa isang Katawan.” Ang mitikal, hindi iglesya; kundi ang mitikal, hindi mga denominasyon; ang mistikal na Katawan ni Jesus Cristo! “Sa pamamagitan ng isang Espiritu,” malaking letra na E-s-p-i-r-i-t-u, Espiritu, “inilubog tayong lahat sa isang Katawan na ito.” Kung ganoon ay nasa pintuan na ang Tanda, dahil kayo’y nakay Cristo. At Siya Yun, ang inyong Hain, Na inangkin ang paghatol. At kapag tiningnan ’yun ng Diyos, wala Siyang gagawin na anuman. Kayo’y lubos na ligtas na, dahil ang Diyos at si Cristo’y iisang Persona, ang Espiritu ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin. At naroon ang Diyos sa Kanyang Sarili Mismo, at kayo, ang Sarili Niyang mga anak, sa Katawan. Hayan nga, hindi kemikal, kundi ang Espiritu! “Lalampasan Ko kayo.”

218 Galing sila mula sa iba’t ibang panig ng Egipto, para magtipon sa isang dako na ito, para sila’y mapasailalim sa tanda na ito.

219 At galing sila sa mga Methodist, mga Baptist, mga Presbyterian, mga Lutheran, mga Pentecostal, lahat na ng iba pa, para mapasailalim sa Tanda. Katulad na katulad mismo noon!

220 Isang Haliging Apoy ang nirepresenta roon. At sinaysay nung isa sa isa pa, sinaysay nung isa sa isa pa, sinaysay nung isa sa isa pa, at, bigla mo na lang malalaman, heto’t nagsisimula na silang lahat na magsidatingan. Unti-unti silang nagsisidatingan, at nakamatyag sila sa tanda ng Diyos. Sinasabi nila, “Malapit na ang paghatol.”

221 Pagkatapos sinabi ng propeta, “Nakarinig ako mula sa Diyos. Magkakaroon ng isang tanda. At ipahid n’yo ang dugo sa pintuan. Patayin n’yo ang kordero, ipahid ang dugo sa pintuan, at magiging tanda ’yun, dahil nakatakda nang humagupit ang kamatayan.”

222 Hayaan n’yong sabihin ko sa inyo ngayong araw na ito, bilang Kanyang lingkod, maliban na nasa pintuan ang Tanda, may espirituwal na kamatayan na tatama. Haya’t lahat ng mga iglesya’y dire-diretso pabalik sa—sa konseho, ng Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya. Babalik silang lahat sa Katolisismo.

At tanging yaong mga tunay, na ipinanganak na muli, ang mananatili sa labas!

223 Tandaan n'yo, hindi 'yang mga denominasyon n'yong Pentecostal, dahil nakapasok na sila rito. Ipinapakita mismong patay na sila! Namatay na sila. Nag-alay sila. Bumalik sila. Pinalabas nila Siya sa may pintuan, pero ang hinahanap Niya'y Tanda. Dahil, ang tanging bagay na sinasandigan nila'y pagsasalita ng iba't ibang wika.

224 Huwag kayong sumandig sa pagsasalita ng mga wika, o kahit na ano pang iba. Kundi hayaan n'yo ang Tanda Mismo ang makita roon, ang Persona ni Jesus Cristo, ang Sarili Niyang Buhay sa inyo. Huwag n'yo lang tuliin 'yung *ganito*, *ganoon*; bagkus tuliin n'yo ang inyong buong pagkatao, hanggang sa kayo at si Cristo ay maging Isa. Si Cristo ay nasa inyo, at ang Buhay Niya ay nabubuhay sa pamamagitan n'yo.

225 Ngayon, ngayon, mula sa buong Egipto! At tingnan n'yo ngayon, habang nakikita natin ang ginawa nila, habang nakikita natin ang panahon na lumalantad, tayo'y inutusan na gawin ang parehong bagay. Alam n'yo ba 'yun? Masdan n'yo kung ano ang sinabi ng propeta.

226 At babasa tayo ngayon, kung gusto n'yong makibasa, sa ika-10 kabanata ng Mga Hebreo. At kung gusto n'yong samahan ako sa pagbasa, gusto kong bumasa ng isang talata o dalawa rito ngayon bago tayo magpatuloy. Ika-10 kabanata ng Mga Hebreo, at simulan natin sa ika-26 na talata ng ika-10 kabanata ng Mga Hebreo. Hindi, aking. . .Tingnan natin. Oo. Tama, po! Mga Hebreo, sa ika-10 kabanata, at sa ika-26 na talata, kita n'yo.

> *Sapagka't kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap*. . .

227 Tingnan natin, tama ba ang buklat ko? Oo. Tama. Sige.

> . . .*kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos*. . .*ating matanggap ang pagkakilala sa katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa* kasalanan.

> *Kundi isang kakilakilabot na paghihintay* sa *paghuhukom,* sa *isang kabangisan ng apoy, na lalamon sa* kaaway.

> Tingnan n'yo rito! *Ang magpawalang halaga sa kautusan ni Moises ay mamamatay na walang awa sa patotoo ng dalawa o tatlong saksi:*

> . . .*gaano* pa *kayang higpit ng parusa,* gayunman, *sa akala ninyo, ang ihahatol na* bagaman *nauukol, doon sa* yumurak *sa ilalim* ng *paa— sa ilalim* ng *paa ng Anak ng Dios, at*. . .*umaring*. . .*tipan* ng *dugo*. . .*na nagpabanal sa kaniya, na di banal, at* ang *umalipusta sa Espiritu ng biyaya* na nagmumula sa Dugo?

228 Ministro, miyembro, mabuting tao, magandang-asal na tao, ano ka man, at alam mong inalis na ng Diyos ang sigarilyo sa iyo. Kababaihan, alam mong inalis na Niya ang mga shorts, at—at maiksing buhok, at lahat na, mula . . . Na batid mong ginawa Niya 'yun. Pero kung pagkatapos nga'y tatalikod ka't aalipusta, at samantalang inari na ang Dugo ng tipan, na parang Ito'y, "isang bagay na di-banal," Na nagpabanal sa inyo at nagdala sa inyo nang ganito nang kalayo!

229 Tulad nung mga tiktik, noong makadako na sila mismo rito sa hangganan ng lupain, at tumanaw, at nagsabi, "Buweno, alam kong naroon 'yun, pero napakalaki ng balakid. Nagmumukha tayong mga tipaklong," haya't namatay sila sa ilang. Mga mananampalataya na hanggang sa hangganan lang!

230 Huwag lang kayong huminto sa *ganitong* kalayo, na sasabihin, "Naniniwala naman ako sa Mensahe." Haya't sundin n'yo ang mensahero. Pumasok kayo mismo kay Cristo! Sasabihin n'yo, "Buweno, pinaniniwalaan ko naman ang bawat Salitang binigkas, Kapatid na Branham." Mabuti, pero 'yan nga'y—'yan nga'y indikasyon lang na marunong kang magbasa.

231 Kunin n'yo mismo ang Mensahe, ipasok n'yo Ito sa inyong puso, na kailangan nasa inyo ang Tanda, na ang mismong Buhay na nakay Cristo ay sumainyo. "Kapag nakita Ko Iyon, lalampasan Ko kayo."

232 Habang nakikita na natin ang dakilang mga tanda ng huling-panahon sa lupa ngayon, alam nating tama 'yun. Ngayon tingnan, hinihintay ko ito, nang mahabang, mahabang panahon, para sa Mensaheng ito na para sa inyo. Kita n'yo? At nakita n'yo na ang mga tanda ng huling-panahon. At naipangaral ko na Ito sa inyo, at ipinakita na Ito sa inyo, sa pamamagitan ng lahat ng sinabi ni Cristo. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Inaamin n'yo ba? ["Amen."] Nasa huling panahon na tayo. Wala na akong nakikita na natitira pa.

233 Sinasabi n'yo, "Papaano naman 'yung tatak ng hayop?" Ang mga tumanggi sa Espiritu Santo'y natatakan na ng hayop. Darating ang parusa sa bandang huli. Kita n'yo?

234 Sa Israel, kapag tumunog na ang trumpeta sa taon ng Jubileo, bawat tao . . . Napansin n'yo ba si Cristo, noong basahin 'yan? Binasa lang Niya ang kalahati nito, dahil kalahati lang nito ang para sa panahong 'yun noon. Kita n'yo? "Kanyang isinugo Ako para magpagaling ng mga bagbag na puso, mangaral ng pagpapalaya," at iba pa, kita n'yo, pero, Siya, "at ang kaaya-ayang taon ng Panginoon." Yung iba pa nun, hind na Niya—hindi na Niya binasa; inilapag Niya ang Balumbon ng aklat, dahil para 'yun sa panahong ito. Kita n'yo? Binasa lang Niya ang bahagi nito, haya't ang bahagi na para sa Kanyang panahon.

235 Ngayon ganito ang gagawin Niya sa panahon ngayon. Ganito ang ipinapangusap Niya, sa pamamagitan ng Kanyang

pinahirang Espiritu, sa iglesya ngayon: Ngayon na ang oras. Ngayon na ang panahon. Tanggapin n'yo Ito, bayan. Tanggapin n'yo Ito!

236 Ano? Nakikita na natin ang dakilang huling mga panahon, ang kumikislap na mga pulang ilaw, sa lahat ng dako. Sa kalikasan, nakikita natin ang kalikasan na kumikislap ang liwanag, "Malapit na ang oras." Nakikita natin ito sa iglesya, kumikislap ang ilaw. Nahatulan na siya. "Malapit na ng oras." Siya'y nasa sanlibutan. Nakikita natin ito sa—sa papawirin, sa dagat, sa mga bansa, sa lahat ng dako; sa araw, buwan, mga bituwin. Ang mga tanda!

237 Nakikita natin ang mga tanda sa huling panahon ukol sa Espiritu Santo na bumalik na sa mga tao. Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Lot, kung paano kumilos ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng laman ng tao roon, 'yun nga ang Diyos na nahayag sa laman. Kung papaanong pinaging-tao ng Diyos ang Kanyang Sarili sa—ang Kanyang Sarili sa Kanyang Nobya noong araw na 'yun, at ipinakita mismo ang parehong tanda, sinabi ni Jesus na magiging ganoon din ito sa huling mga araw. Nakikita natin ito. Nakikita natin ang siya ring Haliging Apoy. Nakunan Ito ng litrato maging ng siyensiya, at ng iba pa. Nakikita natin ang mga tanda na malapit na talaga ang mga huling araw. Alam nating narito na ito.

238 At kung ganoon, makikita na ito, kung pinaniniwalaan n'yo ako! Kung hindi n'yo ako mapaniwalaan, paniwalaan n'yo ang mga tanda, sampalatayanan n'yo ang Salita, dahil sinasabi nila kung ano ang sinasabi ko sa inyo. Kung hindi Katotohanan ang sinasaysay ko sa inyo, hindi tutugon ang mga ito pabalik. Hindi kailanman magsasalita ang Diyos ng isang kasinungalingan. Katotohanan ang pagsasalita ng Diyos. At nagpapatotoo ang mga Salitang ito na ang sinasaysay ko sa inyo'y ang Katotohanan. Ang mga ito ang nagpapatotoo sa Mensahe na ipinapangaral ko. Hindi lang 'yung Anghel doon sa ilog noong araw na 'yun, na nagsabi, "ang Mensahe mo'y mauuna bago ang Ikalawang Pagparito ni Cristo," kundi ang mga gawa mismo! Kung hindi n'yo kayang paniwalaan na sinabi ng Anghel na 'yun ang Katotohanan, paniwalaan n'yo ang mga gawa, dahil sinabi ng Biblia na mangyayari ang mga bagay na ito sa huling araw. Ang mga Ito ang nagpapatotoo. Ang mga Ito ang nagsasalita nang mas malakas kaysa sa mga salita ko o ng sinupamang iba. Ito'y Kanyang Salita. Nagpapatotoo ang mga Ito ukol sa panahon.

239 At nakikita natin itong mga kagila-gilalas, na nakakatakot na mga tanda-ng-wakas sa mga tao, at mga tanda ng panahon, sa lupa, kahirapan sa pagitan ng mga bansa.

240 Nakikita na natin ang Israel sa kanyang sariling bayan. Ang bandila, ang bituwing-may-anim-na-tulis na Bituwin ni David,

na wumawagayway, ang pinakamatandang bandila sa mundo, ang pinakamatandang watawat sa mundo. Siya'y isa nang bansa, siya'y isang pamahalaan, siya'y ang sarili niyang bayan, nasa kapisanan na siya ng mga bansa. Siya, siya'y, siya'y lahat ng mga bagay na ito. Siya'y nasa UN, at siya'y may sarili nang pananalapi, lahat na mismo. Sinabi ni Jesus, "Hindi lilipas ang henerasyon na ito hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay na ito." At, tandaan n'yo, 'yung mismong gabi na naging isang bansa ang Israel, 'yun 'yung gabi na nagpakita sa akin ang Anghel ng Panginoon sa dako roon. Siyanga. Hayun nga tayong lahat.

241 Lahat ng bagay ay nakaturo nang eksakto sa Katotohanan. Hindi ako kailanman nagsinungaling sa inyo. Sinabi ko sa inyo ang Katotohanan, at nagpatotoo ang Diyos na ang sinabi ko sa inyo'y ang Katotohanan. Ngayon, alalahanin n'yo, ako'y kapatid n'yo. Tao lang ako, kita n'yo. Isa lamang akong tao na tulad n'yong lahat, pero may dapat na magdala Nito, may dapat na magsabi Nito. Hindi ko 'yun pagpili; pagpili Niya 'yun. At sinabi ko na sa inyo ang Katotohanan, at Siya'y nagpapatotoo mismo na Ito talaga ang Katotohanan.

242 Kapag nakikita na natin ang mga bagay na ito na nasa lupa na ngayon, oh, bayan, ito na ang huling oras. Ilagay n'yo ang Tandang 'yun sa ibabaw n'yo, nang simbilis sa abot ng makakaya n'yo; o, pumasok kayo sa Tanda, pumasok kayo sa Tanda. Habang nakikita natin na ang dakilang tanda ng huling panahon, at nalalapit na ang oras, na binabalaan tayo, "Malapit na ang oras."

243 Oh, tanggapin n'yo ito nang may kataimtiman! Dapat nating ibigin ang isa't isa. Oh, grabe! Dapat na lubos ang pag-ibig natin! Huwag kayong magsalita ng masama laban sa isa't isa. Kung magkamali ang isa, ipanalangin n'yo siya agad-agad. Magkakasama tayo rito, kasama ng Diyos. Tayo'y magkakapatid na mga lalaki't mga babae. Oh, mamuhay kayo nang banal. Mamuhay, mamuhay bilang mga anak na babae ng Diyos, mamuhay bilang mga anak na lalaki ng Diyos. Mamuhay kayo nang kalugod-lugod, mabuti, mapagpakumbaba.

244 Huwag n'yong hayaang makapasok ang kasamaan sa inyong isipan, sa inyong pag-iisip. Sige't, sige't iwaksi n'yo ito agad-agad. Kapag tumutuktok ito sa may pintuan, iwaksi n'yo ito. Sabihin lamang, ipakita n'yo ang inyong Tanda, magpatuloy mismo sa pag-usad, "Nasa ilalim ako ng Dugo!"

245 Alalahanin n'yo, marami sa kanila ang dadaan na mga kababaihan sa gabing 'yun, "Uy, Gertie, Lillie, kung sino pa sa inyo, lumabas kayo, pupunta tayo sa isang kasiyahan ngayong gabi."

246 "Huh-uh! Nasa ilalim ako ng dugo. Nasa ilalim ako ng tanda't, mamamalagi ako rito. Ang pag-ibig ko'y ukol sa aking

Manlilikha. Nasa lupain na ang kamatayan ngayong gabi."

247 At nasa lupain nga ang kamatayan ngayon. Nakaabang na ang kahatulan, nakabinbin ito. Atomika, at mga hydrogen, at lahat na mismo ng uri ng sakuna, haya't nakaumang na sa mga bansa.

248 At ikinikilos ng Diyos ang Kanyang Iglesya, at ipinakita na ang lahat. Mahaba-habang panahon na nating inaalagaan ang Cordero, binabantayan, nakikita ang ginagawa Niya, pinagmamasdan ang kalikasan Niya't lahat na, pero ngayon haya't kailangan nang maipahid ang Tanda. Kailangan na Itong maipahid. Ito ang natatanging bagay. "Maliban na ang tao'y maipanganak ng Espiritu, at tubig, ay hindi siya makakapasok sa anumang paraan." At kailangang mag-ibigan ang isa't isa. Dapat na ihiwalay ng mga mananampalataya ang kanilang sarili mula sa sanlibutan. Huwag n'yo itong ituring nang basta-basta lang.

249 Ngayon, kayo na mga nakikinig Dito, sa teyp, kayong mga kababaihan, kayong mga kalalakihan, makinig kayo pansumandali. Kung pinaniwalaan n'yo ako kailanman, haya't paniwalaan n'yo Ito ngayon.

250 Panahon na para itigil ang pakikipagbangayan sa isa't isa. Sampalatayanan natin ang Mensahe ng Biblia! Sampalatayanan natin si Jesus Cristo! At mahalin, at igalang, at irespeto ang isa't isa. Kalalakihan irespeto n'yo ang inyong mga asawa. Irespeto n'yo ang inyong mga tahanan. Tipunin n'yo ang inyong tahanan, dahil, tandaan n'yo, ang Corderong ito'y para sa tahanan, hindi lang para sa isa; para sa buong tahanan, din, na kailangan silang madala. Kailangang maipasok ang lahat. Dapat nating mahalin ang isa't isa. At dapat na ihiwalay ng mga mananampalataya ang kanilang sarili sa sanlibutan.

251 Pansinin n'yo, hindi lang sila nagtipon-tipon para pag-usapan ang tungkol sa mensahe. Nagtipon-tipon sila para ipahid ang dugo, para ipahid ang tanda.

252 Yun ang dapat n'yong gawin. Pastor Neville, at sa kongregasyon dito, mga katiwala, mga diyakono, kayo na mga kapatid, oras na para isantabi natin ang lahat ng kahangalan ng sanlibutan, panahon na para isantabi natin ang lahat ng kung anu-anong iba. Sapat mismo ang nasasaksihan natin ngayon, hanggang sa tayo'y positibo, nakakasigurado. At kailangang maipahid ang Tanda. Kung wala Ito, mapapahamak kayo; tiyak na mapapahamak kayo, 'yun ang tanging mangyayari.

253 Oh, huwag kayong magtipon-tipon, na sasabihin lang, "Pinaniniwalaan ko Ito." Magpailalim kayo mismo Rito, pumasok kayo Rito! [Isang public short-wave interference ang nasasagap—Pat.] Paano ito gagawin? "Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayo papasok sa Katawan ni Jesus Cristo." Manampalataya ang lahat, nang buong puso n'yo. Kita

n'yo? Wala Siyang pananagutan para sa kaninuman na nasa labas ng silong Nito.

254 Sino 'yung nagsalita? [May isang nagsasabi, "Isa po 'yung short-wave radio, Kapatid na Branham."—Pat.] Short-wave mula sa itaas? ["Dumaan po sa speaker."] Dumaan sa speaker. Nasagap ba nila? May narinig ako. ["Kapatid na Branham, sa palagay ko isa 'yung short-wave na nasagap dun."] Short-wave, sige. Oh, sila—sila kasi'y nakakonekta sa telepono. Sa palagay ko nasagap nila . . . Oh, sa mga kotse? Paumanhin. Narinig ko na may nagsasalita. At kaya akala ko may gustong magsabi ng kung ano sa akin, at di nila nakuha, kita n'yo, at 'yun ang dahilan kung bakit nabanggit ko—nabanggit ko 'yung sinabi ko. Nakita ko rin kayo na nagpalinga-linga. Nakarinig ako ng isang boses. Ang akala ko'y may tumayo para may sabihin na kung ano, at hindi ko alam kung ano 'yun. Ngayon, ngayon, salamat.

Pero, manampalataya, sumilong kayo sa ilalim Nito!

255 Hindi nagtipon ang Israel, na sinasabi, "Pumunta tayong lahat sa Goshen ngayon. Bibiyahe tayo sa Goshen. Sumakay kayo sa kamelyo n'yo, at doon naman kami sa kariton na hila ng baka. At isasabay namin ang mga Jones, dito, at ang iba pa, at—at ang mga Goldberg, at pupunta tayo sa—sa Goshen. At alam n'yo ba? Magsasalita ngayong araw na ito si Moises." Hindi 'yun 'yun. Hindi, po, kapatid! Ito'y, dumako sa ilalim ng dugong 'yun! Siyangang, tunay.

Hindi para pag-usapan ang tungkol Dito; kundi ang pumasok mismo Rito!

256 Sinabi ng isa sa kanila, "Alam mo, G. Goldberg, batid kong 'yun talaga ang Katotohanan."

257 "Oo, kapatid, naniniwala akong 'yan nga ang Katotohanan. Batid kong 'yan ang Katotohanan."

"G. Lavinski, ano ang palagay mo rito?"

258 "Ito'y ganap mismong Katotohanan! Nakita ko ang kapangyarihan ng Diyos na Jehovah na nagsasalita. Nakita ko ang mga palakang 'yun na nagsilitawan doon sa lupaing 'yun. Alam kong hindi 'yun nangyari hanggang sa ideklara niya ito, at alam kong ang Jehovah na Diyos 'yun." Ngayon, mainam nga ang lahat ng 'yun.

"Tuli ka ba?"

"Opo, ginoo!"

"Isa ka bang mananampalataya?"

"Opo, ginoo!"

259 At pagkatapos noong mapakinggan niya si Pastor Moises na nagsalita, noong araw na 'yun, ang sabi niya, "Pero kinakailangan n'yong dumako sa ilalim ng dugong 'yun, dahil sinabi ng Diyos, 'Ang dugo ay isang tanda.' Isa itong tanda!

Kahit gaano ka pang nananampalataya, gaano ka pang natuli; haya't isa 'yang tipan na ibinigay ng Diyos kay Abraham, at iba pa, 'yun ang tipan. Pero kailangan mo ngang makadako sa ilalim ng dugo, 'yun ay isang tanda, dahil sinabi Niya, 'Kapag nakita Ko ang dugo, ay lalampas Ako.' Israelita, o kahit ano!"

260 Ibig sabihin nga'y denominasyon o hindi denominasyon, alinman, kailangan mong makadako sa ilalim ng Dugo. Methodist, Baptist, Presbyterian, Pentecostal, di-denominasyon, ano ka man, ito'y pang-indibiduwal. Kailangan mong makadako sa ilalim ng Dugo. Ngayon huwag n'yo lang pag-usapan ang tungkol Dito; tanggapin n'yo Ito! Pakinggan n'yo ako! Pakinggan n'yo ako! Sa Pangalan ng Panginoon, pakinggan n'yo ako! Kita n'yo? Kailangang makadako sa ilalim ng Dugo!

261 Wala siyang pananagutan para sa kaninumang tao na wala sa ilalim ng dugo. Nilinaw ito ng Diyos na ang lahat ng wala sa ilalim ng dugo ay mapapahamak.

262 Maaari ko bang gamitin ang Mga Salita Niya? Ang lahat ng nasa labas ni Cristo ay mapapahamak. Papaano kayo makakapasok kay Cristo? Unang Mga Taga-Corinto 12, "Sa pamamagitan ng isang Espiritu!"

263 Hindi, "sa pamamagitan ng isang pakikipagkamay, sa pamamagitan ng isang pagpapamiyembro, sa pamamagitan ng isang denominasyon." Ganoon ang pinagpipilitan nilang gawin ukol dito. Marahil puwede nilang gawin 'yan.

264 "Subalit sa pamamagitan ng isang Espiritu ay nabautismuhan tayong lahat papasok sa isang Katawan." "Kung ang isang anghel mula sa Langit ay magtuturo ng iba," sinabi ni Pablo, "ay siya'y matakwil." Yun ang Mensahe, pumasok kay Cristo!

265 Tingnan n'yo, sinumang tao na nasa labas ng tanda, haya't walang pananagutan ang Diyos. At walang pananagutan ang Diyos para sa kaninumang tao, malaki o maliit, sikat o hindi sikat, mayaman o mahirap, alipin o malaya, lalaki o babae; wala Siyang pananagutan para sa kanino man na wala sa ilalim ng tipan ng Tanda. Wala Siyang pananagutan.

266 Sasabihin n'yo, "Pero, Oh Panginoon, nagawa ko *ito*. Nakapagpalayas ako ng mga demonyo. Panginoon, nagawa ko *ito*. Ipinangaral ko—ko ang Ebanghelyo."

267 "Lumayo kayo sa Akin, kayong gumagawa ng katampalasanan. Hindi Ko kayo nakikilala." Ang Tanda lang ang kinikilala Niya.

268 Sinasang-ayunan n'yo ba Ito? Sabihin n'yo, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen!"—Pat.] Ngayon, kaya nakasalalay na sa inyo. Siya . . .

269 Nakaupo ako rito sa kakahuyan noong isang araw, at nagtataka ang mga kalalakihan, sabi, "Heto't dalawang araw na,

hindi ka pa . . . ” Hindi man lang ako nakakapamaril ng squirrel. Sabi, “Anong problema?” Kita n’yo, ’yun ito. Kita n’yo?

270 Sabi, “Ilagay mo ito sa kanila, sa kanila.” Sabi, “Nakipag-usap—nakipag-usap ka na sa Akin tungkol dito.” Kita n’yo? Ngayon ay nasa kandungan mo na ito. Nasa iyo na ito mismo.

271 Wala Siyang kikilalanin na anupamang iba kundi ang Tipan lang na ’yun, ng Espiritu Santo. At hindi mo matatanggap ang Tipan na ’yun maliban na ligtas ka na, pinabanal, at pagkatapos ay nabautismuhan ka na papasok sa Katawan. Hindi Niya kikilalanin.

272 Marahil magagaya-gaya mo, maaaring maluwalhati ang pakiramdam mo, at nakakatalon ka nang *taas-baba*, nakakapagsalita ng mga wika, at nakakasayaw sa Espiritu. Wala ’yung anuman na kinalaman Dito. Pakinggan mo Ito, sa Pangalan ng Panginoon! Hindi ’yan kikilalanin ng Diyos. Maging mga pagano’y ginagawa ’yan. Maging mga mangkukulam ay ginagawa ’yan.

273 Sasabihin mo, “Isa akong iskolar. Nagagawa ko ’yung *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*.” Wala Siyang pakialam gaano ka mang kaiskolar. Ang diyablo’y, ganoon din, kita n’yo.

274 Tanging ang kinikilala Niya ay yaong—yaong Tanda. Yun ang Mensahe ng kapanahunan! Yun ang Mensahe ng panahong ito! Yun ang Mensahe ng oras na ito! Sa Pangalan ni Jesus Cristo, tanggapin n’yo Ito!

275 Hindi isang pama- . . . pamalit, o isang bagay na mailalagay ng diyablo sa inyo; tulad ng pekeng pag-ibig, na paiibigin ang isang lalaki sa ibang babae na hindi naman niya asawa, o ang isang asawang babae sa iba pa na hindi asawa, o kung ano rito na sari-sari’t, nakakawala ng dangal. Hindi ’yun tunay na pag-ibig. Ang diyablo ’yan. Mga gawa niya ’yan. Isa ’yang bagay na tinatangka niyang iabot sa inyo, na pamalit; na kung anong kaligayahan, na uminom at maaliw tungkol dito, na sasabihin, “Tinamaan ako ng lumbay; lalabas ako’t ikukuha ang sarili ko ng sangkapat na alak, at kalilimutan ang tungkol dito.” Kamatayan ’yan.

276 Ang Diyos ang inyong kagalakan. Ang Diyos ang inyong kalakasan. Ang pagkaalam sa Mensahe, ang pagkaalam sa Katotohanan, ’yan ang ating kasapatan ngayon. Siya ang buong-kasapatan ko. Sa Kanya, haya’t lahat ng mga bagay na kailangan ko’y nasa Kanya. Yun ang kalakasan natin. “Ang saklolo sa akin ay buhat sa Panginoon.” Kayong mga Cristiano, tumuon kayo sa Kanya para sa inyong kagalakan, tumuon kayo sa Kanya para sa inyong kalakasan, hanapin n’yo Siya para sa inyong kaligayahan. Siya ang aking kapayapaan. Siya ang aking kagalakan. Siya ang aking pag-ibig. Siya ang aking Buhay. Isa ’yung Tipan, ang Tanda na naroon sa pintuan!

277 Walang pananagutan sa kaninuman, sino man ito, kahit na sino ka pa, wala Siyang pananagutan, kapag wala sa ilalim Nito.

278 At tandaan n'yo, ang buong pamilya'y natipon, na magkakasama. Oh, grabe! Oh, tandaan n'yo!

279 Sasabihin mo, "Buweno, mangangaral naman ang tatay ko. Ang kapatid ko! Ang pastor ko! Ang aking. . . " Marahil totoo 'yan, din naman, pero paano ka naman?

280 Alalahanin n'yo, ligtas lang kapag ipinapakita nang lantaran ang tanda! Kung ang isang tao'y narito sa ilalim *nito*, at ang anak niyang lalaki'y nasa tawid ng kalsada, haya't nasa panganib ang anak na 'yun, mamamatay siya. Ang tatay niya'y maliligtas. O, kung ang anak naman ang *narito*, at ang tatay niya ang nandun, mamamatay ang tatay niya. Tanging ang tanda lamang! "Kapag nakita Ko ang tanda, ay lalampasan Ko kayo." Yun ang nag-iisang bagay.

281 Sasabihin mo, "Buweno, mangangaral naman ang anak kong lalaki." Sinasabi n'yo na mga nanay, "Pinakamabait ang anak kong lalaki," o "pinakamabait ang anak kong babae. Sinasabi ko sa inyo, kalugud-lugod nga sila. Puspos sila ng Espiritu Santo, at napakalaki ng pag-ibig! Masunurin sila. Hindi pa ako nakakita ng tulad nun kahit kailan!" Pero papaano ka naman, nanay?

282 Sasabihin mo, "Ang nanay ko ang pinaka kalugod-lugod sa lahat. Alam ko, kapag namatay siya, pupunta siya sa Langit, dahil talagang nasa kanya ang Tanda, Kapatid na Branham." Pero papaano ka naman, kapatid na babae? Ang buong pamilya'y kinakailangan na madala mismo sa ilalim nun.

283 Pagod na ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Ako'y. . . Alas dose na. . . Sandali na lang po. Maaari ko itong putulin at umpisahan uli mamayang gabi. ["Hindi."] Pero kung gusto n'yo—kung gusto n'yong maghintay nang kaunti na lang, sisikapin ko nang madaliin ito ngayon. ["Amen."] Ipapasok ko lang ito, dahil sa tingin ko ngayon habang nasa ilalim kayo ng pahid nito, mas mabuti kung makukuha n'yo na ito ngayon.

284 Kapag ipinakita lamang ang Tanda! Tapos, ang buong pamilya ay dapat na nasa ilalim ng Tanda, Dugo. Tatay at nanay, alam ko ang nararamdaman n'yo. May mga anak din ako, hayan nga, kailangan kong makita na ligtas sila. Kausap ko ang sarili ko ngayon. Kita n'yo? May mga kapatid akong lalaki. May isa akong kapatid na babae. May mga mahal ako sa buhay. Gusto kong—gusto kong makita sila na ligtas, din naman. Pero, tandaan n'yo, kung walang hayagan na pagpapakita ng Tanda, mapapahamak sila. Walang pagkabuhay na mag-uli para sa kanila. Siyanga. Sila'y mapapahamak. Kapag ipinakita lamang ang Tanda!

285 Tingnan n'yo, si Josue, kung may oras lang sana tayo para basahin ito. Markahan n'yo, Josue sa ika-2 kabanata; ang nananampalatayang patotot na Gentil, si Rahab.

286 Oh, kung mag-aalas nuwebe pa lang sana. Gusto kong—gusto kong kunin 'yun at ipakita lang sa inyo kung paano 'yun dun, kita n'yo.

287 Itong patotot, na Gentil, masdan, ang buong pamilya niya. Isa siyang mananampalataya. Kinailangan niyang papuntahin ang buong pamilya niya sa ilalim nung pulang panali na 'yun, ang tanda na 'yun. Kinailangan nilang pumunta sa ilalim nun, kung hindi'y mapapahamak sila. Nabalitaan nila ang tungkol sa galit ng Diyos. Nabalitaan nila ang pagpapamalas ng mga tanda't mga himala ng Diyos sa gitna ng Kanyang bayan, at sila man ay sasagasaan at sasagasaan nito. Sasagasaan at sasagasaan siya nito. Ang Diyos, ang lumilipol na angel, ay parating. Alam nila. At si Josue ang anghel na 'yun. Nasa daraanan sila.

288 At ganoon din ang bawat bansa, sa mundo, na nasa daraanan ng Kahatulan ng Diyos!

289 Itong munting, matandang patotot, narinig niya. Ang pananampalataya ay dumarating sa pamamagitan ng pakikinig! Ang sabi niya, "Naligalig ang buong bansa dahil sa inyo." Siyanga.

290 Ngayon, ang mga tiktik na ipinadala roon para ayusin ang mga paghahanda, at iba pa, mangyari nga na tinanggap niya ang mga lalaking 'yun. At, siya, gusto niyang maligtas. Sabi niya, "Alam ko na ang inyong Diyos ay Diyos, at nabalitaan ko ang mga dakilang bagay na ginawa Niya. Alam ko ang ginawa Niya kay Og, at alam ko ang ginawa Niya sa iba't ibang bansa. At nakita ko na ang mga tumatanggap sa Kanya'y naliligtas, at ang mga hindi tumatanggap sa Kanya'y nalilipol. At gusto kong mabuhay," sabi niya. Oh, grabe! Hayan nga. "Gusto kong mabuhay." Dahil sila lamang . . .

291 Pansinin n'yo, nabalitaan ng Jerico kung ano ang ginagawa ng Diyos, pero ayaw nilang tanggapin ang babala.

292 At walang denominasyon sa bansang ito, sa palibot, na anupa't ang lahat ay nakapamalita tungkol sa kung ano ang ginagawa ng Diyos. Ayaw lang nilang tanggapin ang babala.

293 Naipamalas na ang dakila Niyang kapangyarihan at mga tanda. Yung mga bagay na ginawa Niya, tumawid Siya mismo sa Dagat na Pula, na para bang tuyong lupa ito. Nagbunsod Siya, lumikha Siya ng mga bagay, at gumawa ng mga palaka, at kuto, at mga pulgas para lumitaw sa hangin; nilikha ang mga ito sa pamamagitan ng Kanyang Salita, sa pamamagitan ng Kanyang propeta. Hindi 'yun lihim. Alam nila.

294 At sabi ni Rahab, "Nabalitaan ko 'yun. Ayaw kong mapahamak kasama ng mga di-mananampalatayang ito. Hindi,

po!" Alam niya na ang kasunod mismo'y kahatulan, dahil nasa mismong daraanan na sila. Alam niya 'yun. Kaya, gumawa sila ng paraan para matakasan niya ito.

295 Marahil ang paniwala nila'y ang kanilang sariling malaking denominasyon ng Jerico'y makakaligtas sa poot ng Diyos, kita n'yo, itong sarili nilang malaking denominasyon.

296 Ganyan na ganyan ang iniisip ng marami sa kanila ngayon. "Oh, tunay na di 'yan gagawin ng Diyos." Yan ang sinabi ni Satanas kay Eba. "Oh, tiyak na di gagawin ng Diyos." Gagawin nga Niya, dahil sinabi na Niyang gagawin Niya, kita n'yo, at 'yun nga'y Kanyang Salita. Siyanga, po.

297 "Maliban na ang tao'y maipanganak!" "At lalakip ang mga tandang ito sa mga maipapanganak!" Kita n'yo? "Sa ganito'y makikilala ng lahat ng mga tao na kayo'y Aking mga alagad," at kung ano pa, kita n'yo. Hayan nga, nais gawin ito. Oh!

298 Anong nangyari? Hayan nga na pinatikom sila. "Walang rebaybal na mangyayari rito. Hindi itataguyod ng denominasyon namin ang ganyan. Hindi kami magkakaron ng ganyang kalokohan sa gitna namin. Pinagbabawalan ko ang sinuman sa inyo na dumalo sa pagtitipon na 'yun." Huh! Ang Jerico, nasa mismong daraanan ng kapahamakan!

299 Pero marahil may ilang mga teyp boy na nakapasok sa kung saan, para sa predestinadong binhi. Nakapasok sila sa loob ng bahay niya't ipinarinig ang ilang teyp. Ginawa niya ang sarili niyang—sarili niyang bahay na maging isang simbahan, para makatanggap ng mensahe.

300 Mayroon pa ring ganoon, alam n'yo. Nakarating ang Mensahe sa predestinadong Binhi, sa kung anong paraan. Hindi natin alam kung paano Ito nakarating doon, pero nakarating Ito roon, para hindi mapahamak ang Matutuwid kasama ng mga di-matutuwid. Tinitiyak 'yun ng Diyos, ngayon. Hayan nga't, sa kung anong paraan ay lumulusot Ito. Hindi natin alam kung paano. Bagaman ayaw nila Itong itaguyod, pero may ilang Binhi sa dako roon na predestinado.

301 Sinumang may kaalaman tungkol sa Biblia, alam niya na predestinado ang patotot na 'yun. Tunay nga! Hindi niya . . . Ang sabi ng Biblia, "Hindi siya napahamak na kasama ng mga di naniwala." Tama. Anupa't pinaniwalaan niya ang Mensahe ng panahon.

302 At binigyan siya ng Diyos ng isang tanda, sa pamamagitan ng Kanyang mga mensahero. Sabi, "Kumuha ka ng isang—isang matingkad na pula, na pulang panali at itali ito sa iyong . . . " Sabi, "Tandaan mo, kung di mo itatali ang panali riyan, o hahayaang nakalagay 'yun dun, na gamit namin para makatakas, wala kaming pananagutan sa sinumpaan namin." At ang sabi, "Kung lumabas ka mula sa ilalim nito, wala na kaming pananagutan." Oh, naku! "Rahab, bawat predestinadong binhi

rito, haya't pumunta ka mismo roon sa labas at hanapin mo sila. Kunin mo ang iyong tatay, ang iyong nanay! Dahil, kami man ay dumaan, sa ilalim ng pagtutubos, doon sa Egipto, at ang lahat mismo na hindi namin naipasailalim sa tanda na 'yun ay napahamak. Rahab, binibigyan kita ng isang palatandaan. Isa itong tanda. At sinasabi ko, sa Pangalan ng Panginoon, bilang pagdedeklara, na kung ilalagay mo 'yan! Kilalang-kilala ko, ang mensahero. Kilalang-kilala ko ang anghel ng galit, si Josue. Siya ang mensaherong manlilipol ng Diyos. Kilalang-kilala ko siya, at kikilalanin niya na dapat mismo'y may palatandaang-tanda. At isabit mo 'yan diyan, at sisiguraduhin ko sa iyo. Sumusumpa ako." At ang Diyos ay nanumpa, din naman, na ang wala sa ilalim nito ay mapapahamak, at ang lahat ng nasa ilalim nito ay mabubuhay.

303 Ngayon, ganoon din ang panunumpa ngayon, pareho, kita n'yo, "Hindi kita hahayaang mapahamak kasama nila na hindi naniniwala sa Mensahe." At sila . . .

304 Nabalitaan niya ang mga gawa na ipinangyari, at pinaniwalaan niya ito. Pero, tungkol dun naman, kanyang . . . Siya at ang ama niya, at ilang mga kapatid na lalaki, o kung ano, ang tanging naniwala rito, sa buong lungsod.

305 Kita n'yo kung gaanong kakaunti? Isa lang *dito* at *doon*, isang maliit na pamilya ang maliligtas mula sa isang estado. Tama ba? Ganoon na ganoon mismo, ang pinag-uusapan natin dito'y mga katotohanan. Tayo'y . . . Kung titingnan mo kung ano ang anti-tipo, kailangan mo munang makita kung ano ang tipo. Kailangan mong makita kung ano 'yung anino, pagkatapos dun mo na malalaman kung ano ang itsura nung tunay na bagay. Kita n'yo?

306 Lantad na lantad ang Kanyang kapangyarihan. Nasa daraanan na ang paghatol. Kailangan nilang maniwala, para maligtas. Siyanga, po. At itong maliliit . . .

307 At ang mga lalaking ito'y pumasok doon, ang mga mensaherong ito, at—at dinatnan ang predestinadong binhi na 'yun na naniwala. Ginamit niya ang bahay niya bilang isang simbahan, para tanggapin ang mga mensaherong ito. Hindi kasi sila papapasukin sa mga simbahan. Hindi, po. Kita n'yo? Haya't kanyang . . .

308 Hindi nila kayo papapasukin, maging kayo. Sisipain nila kayo palabas kung magsasabi kayo ng anuman tungkol Dito. Oo. Kita n'yo?

Haya't kanilang tinipon ang lahat sa kanyang lungsod, na maniniwala, sa ilalim ng tanda.

309 Ganoon na ganoon dapat ang mainam nating gawin sa panahong ito. Kung gusto n'yong maligtas ang mga mahal n'yo sa buhay, mainam nga na papasukin n'yo na sila ngayon mismo. Kita n'yo?

310 Noong winasak ng galit ng Diyos ang malaking lungsod na 'yun, pinanatiling ligtas nung palatandaang-tanda ang sambahayan nung babae. Amen. Bakit? Ang palatandaan ay nasa kanyang tanda. . . O, ang tanda ay nasa kanyang bahay, noong ang iba pa roon sa lungsod ay nangabuwal. Ano ito? Ano ito? Si Josue, ang mensahero ng Diyos! Kinilala ng Diyos Mismo ang mensahe ng Kanyang mensahero. Amen! Pinatunayan nito 'yun. Pinatunayan nito 'yun. Nakilala nila ang mensahe. Kinilala Niya ang mensahe ng Kanyang mensahero. At noong ang lahat ng iba pa sa lungsod ay nabuwal, naroon ang pulang tanda ni Rahab sa may pinto, at ang lahat ng iba pa sa lungsod ay wala nun.

311 Pagkatapos, dumiretso na ang mga manlilipol na anghel at nilipol ang lahat ng nasa lungsod, wala maski piraso ng ari-arian ang natira. May nagpuslit nga ng piraso ng ari-arian, at siya'y napahamak kasama nito, mula sa denominasyong 'yun. Sinakop nila mismo ang buong bagay at nilipol ito! "Sumpain ang tao na susubok na itayo ito. Ang kanyang panganay ay mamamatay sa oras na umpisahan niya," at kung ano pa. Isinumpa ito ng Diyos nang ganoon, ang malaking kalipunan na 'yun na tumanggi sa biya-. . . sa mensahe ng biyaya't awa, sa pagkakaala nila na ligtas sila.

312 Marami ang nag-aakala, ngayon, "Dahil kabilang ako sa iglesya, ligtas na ako." Huwag n'yong paniwalaan ang ganoong kalokohan.

313 Dahil, "Ang dugo ay magiging sa inyo'y tanda." Ang Espiritu ngayon ay ang Tanda sa inyo, ang Buhay na nasa Dugo.

314 Pareho't, bulayin natin 'yung, parehong tanda na ginamit nila sa Egipto, ang parehong tanda ng buhay na nasa Egipto noon, nasa Egipto noon, haya't ginamit ng Diyos ang parehong simbolo roon. Si Josue, na isang perpektong tipo ni Jesus, ay tapat sa palatandaang-tanda na ipinangaral ng mga mensahero niya. Si Josue, noong sabihin niya 'yun, sinabi niya, "Huwag n'yong galawin ang bahay na 'yun o anuman na nasa loob nito. Yun kasi'y nakalaan para sa Panginoon." Amen!

315 Isang Gentil, isang patotot, laman ng lansangan, pero siya'y nakinig at naniwala, at ipinakita niya ang tanda.

316 Gaano ka mang kalubog sa kasalanan, anuman ang mga nagawa mo, wala ngang isa mang kinalaman ang mga 'yan dito. Ipakita mo ang Tanda. Ito'y para sa iyo. Kapag nakakaramdam ka sa puso mo na may humahatak, Ito'y para sa iyo. Ipahid mo ang Tanda. Ang dakilang Jos-. . .

317 Ang ibig sabihin ng *Josue* ay "Jehovah na tagapagligtas." Ganoon din ang *Jesus*, ang ibig sabihin ay isang "Tagapagligtas." At, si Josue, noong makapamalita siya sa kanyang mga mensahero. . .

318 Bumalik ang mga mensahero niya, at ang sabi, "Sinunod ko po ang mga utos mo. At may babae roon na nasumpungan namin, noong ipinarinig namin ang mga teyp, alam mo. Nakatagpo kami ng isang babaing naniwala. At sinabi namin sa kanya, na ang lahat ng dadako sa ilalim ng pulang palatandaan na 'yun, na tanda, sagisag nga 'yun. Ngayon ipinangaral ko 'yun. Kikilalanin mo ba 'yun, Josue?"

"Ipinadala kita para gawin 'yun." Amen.

319 At pagkatapos nun, haya't, kinilala 'yun ng Diyos, hindi nabuwal ang bahay. At pagkatapos noong tumayo na roon si Josue at ibinigay ang hudyat para wasakin ang buong 'yun, haya't pumasok na mismo, mangyari nga na si Rahab at ang lahat ng kanyang mga kaanak ay naroon lang, at ang lahat ng kanilang ari-arian, amen, amen, lahat ng kanilang mga pagmamay-ari ay nasa loob ng bahay, at ligtas. Namalagi lang sila roon, at di nila kinailangang dumungaw sa may bintana. Maaari nilang basahin ang Kasulatan habang kasagsagan ng labanan.

320 Noong nakaligtas siya roon haya't niligawan, niligawan siya ng heneral ng hukbo, at isinama, at pumunta sa Betlehem, at ang kanyang bahagi'y inilaan doon para sa kanila. At ipinanganak niya ang isang. . .ipinanganak niya ang isang bantog na anak na lalaki, at nagkaanak ang bantog na anak na 'yun ng isa pang bantog na anak, at nagkaanak ang anak na 'yun ng isa pang bantog na anak, hanggang sa ang dakila't, bantog na Anak ay dumating sa eksena. Tumugaygay, at tumugaygay kay Obed, at tumugaygay kay Jesse, at tumugaygay kay David. Tama, ang patotot na si Rahab, dahil pinaniwalaan niya ang mensahero. Ipinakita niya ang tanda, at naligtas ang kanyang sambahayan, dahil kung hindi'y namatay sana siya roon sa kinaroroonan niya.

321 Makinig kayong mabuti ngayon. Oh, teka lang, napagkikilanlan n'yo ba ito? Lahat mismo ng nasa ilalim nito'y naligtas sa Egipto. Lahat ng nasa ilalim nito'y naligtas sa Jerico. Lahat ng nasa ilalim nito'y maliligtas ngayon. Ang nakatali-sa-dugo, na kordero ng dugo, ay isang tipo ni Jesus Cristo.

322 Sa Mga Hebreo 13:10 at 20. Wala na akong oras para basahin ito. Isulat n'yo. Babasahin ko sana. Tinatawag itong "panghabang-panahon na tipan." Ang Dugo ni Jesus Cristo ay tinatawag na "panghabang-panahon na tipan." Siyanga, po! "Panghabang-panahon na tipan."

323 Bakit hindi ito tinawag na "Walang Hanggang tipan"? Dahil hindi ito magiging Walang Hanggan. Kapag natubos na tayo, haya't tapos na ang lahat nun. Ito'y *panghabang-panahon*, na ang ibig sabihin, "takdang sukat ng panahon," hanggang sa mawalan na ng oras. Haya't hindi na magkakaroon ng isa pa. Kapag naubos na ang oras, hindi na natin kailangan ng tipan.

Pero hanggang sa hindi pa maubos ang oras, kailangan natin ang tipan.

324 Ngayon, tandaan n'yo, Mga Hebreo 13:10-20, isang "panghabang-panahon na kasunduan." Ibinubunsod tayo ng pangako ng Diyos na nakatali-sa-Dugo na maging malaya mula sa kasalanan. Amen! Walang kasalanan na masusumpungan sa Kanya; kasalanan, sarili, laman.

325 Sambahin natin Siya at ipakita ang Kanyang ipinangakong kapangyarihan! Ang mga nakatali-sa-Dugo, na nakatali-sa-Tanda, na mga tao ng tipan ay taglay ang Espiritu ni Jesus Cristo rito, na, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa, ay gagawin din naman niya," na ipinapakita ang tipan. Kita n'yo?

326 Bagong Tipan! Ang ibig sabihin ng *tipan* ay "kasunduan." Tama, hindi ba, Doktor Vayle? Ang ibig sabihin ng *tipan* ay "kasunduan." Ang ibig sabihin ng *Bagong Tipan* ay "ang bagong kasunduan." Ang Lumang Tipan ay yaong luma, sa ilalim ng kordero, noong hindi maaaring bumaling pabalik ang buhay patungo sa mananampalataya. Ang Bagong Tipan ay ang Cordero ng Diyos, at bumabaling pabalik ang Kanyang Buhay patungo sa atin. Buhay ng Dugo! Kita n'yo? Ang Dugo ay Buhay sa Bagong Tipan, kita n'yo, ang Buhay ay buhat sa Dugo ng Cordero, na nangangahulugang Bagong Tipan, bagong kasunduan.

327 Na, ang Diyos, "Pagkatapos ng mga araw na yaon ay isusulat Ko ang Aking mga kautusan sa mga tapyas ng pusong laman." Kita n'yo? Kita n'yo? "Hindi sa mga tapyas ng bato, at dugo ng isang kordero, na nakakapagsabi kayo ng, 'Oo, nasa akin—nasa akin na ang dugo *rito*, ngayon ano nang sinasabi nito na dapat gawin?' Kundi sa tapyas na ng inyong puso, kita n'yo, ang tipan ng Espiritu ang ipagkakasundo Ko sa mga tao."

328 At ipinapakita Nito ang Kanyang kapangyarihan. Juan 14:12, sinasabi rito, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya."

329 Ang *Bagong Tipan* ay "bagong kasunduan," bagong Buhay, ipinapakitang natugunan na ni Jesus ang bawat kailangan para sa atin na hinihingi ng Diyos, para maipanumbalik tayo, na tunay, na mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos, sa ilalim ng Dugo, kung saan wala nang paghatol.

330 Mga Taga-Roma 8:1, "Ngayon nga'y wala nang kahatulan sa mga nakapasok na," hindi doon sa mga *naniniwala* Rito, "sa mga naroon na kay Jesus Cristo, na hindi lumalakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu." "At ang Aking Salita ay Espiritu at Buhay." Kita n'yo? Oh, hindi ba't makakahango ako ng isang teksto uli mula riyan at mamamalagi riyan nang mga ilan pang oras. Pero magmamadali na tayo rito, nakita n'yo.

331 Wala nang kahatulan; lumaya na sa kasalanan, lumaya na sa mga alalahanin ng mundo, walang paghatol. Bakit? "Sa kanila na, sa pamamagitan ng isang Espiritu, ay nabautismuhan na papasok sa isang Katawan." Doon ay naipahid na ang Dugo ng Cordero. Tinanggap na kayo ng Diyos ng Langit, at ang inyong. . .ang Kanyang Buhay ay nasa inyo na, at kayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos.

332 Ang katangian n'yo ay katangian na ng Diyos. Ano ito, isa ba itong puwedeng basta na lang iitsa-puwera? Hindi, po! Ang Diyos ay isang Diyos ng kahatulan. Isa Siyang Diyos ng kahustuhan. Kinakailangan na nasa linya ito. Walang iba na uubra. Ganoon ang uri ng katangian na kamit n'yo, dahil kayo ang katangian ng inyong Ama. Kita n'yo?

333 Ano? Ang buhay, masdan n'yo kapag (ito) ang buhay ay kinuha, para sa dugo. Kita n'yo? Ang buhay mismo'y kinitil. Kita n'yo? Ang buhay, ay kinitil, para sa dugo. Kita n'yo? Tapos ipinahid ang dugo, at hindi maaaring bumaling pabalik ang buhay na 'yun patungo sa mananampalataya noon, ang buhay ng isang hayop. Hindi 'yang buhay . . .

334 Pero, kita n'yo, sa halip na tao, haya't isa ngang super, super, super na Tao. Kita n'yo? At ibinubunsod nga nun ang tao ngayon na hindi lang basta isang tao na maituturing, kundi isa na siyang anak na lalaki't anak na babae ng Diyos, ng super, super, super, super, super na Buhay na nasa Kanya, ay bumabaling nga pabalik sa inyo, at binababago kayo mula sa pagiging isang makasalanan, at pagkahilig sa makasanlibutang bagay, miyembro lang ng simbahan, at dumadalo sa denominasyon, tungo sa pagiging isang Cristiano na ipinanganak na muli, na puspos ng Espiritu; na sadyang dumadaloy ang Buhay ng Diyos mula sa inyo, na parang mga tilamsik ng apoy mula sa isang pandayan, habang kayo'y lumalakad, na puno ng kabutihan, at pag-ibig, at kaamuan, at habang kumikilos ang Espiritu Santo, nagsasalita. Oh, grabe! Hayan nga kayo. At sa (ano?) pakikinig ng Mensahe, minamasdan ang Haliging Apoy, at sa pinagpalang katiyakan, "Ako ay lumipat na mula kamatayan patungong Buhay." Tandaan n'yo, kaya naman, wala na talagang kahatulan.

335 "Kung hindi tayo hinahatulan ng ating mga puso, kung ganoon ay natamo na natin ang ating kahilingan," kita n'yo, "alam natin." Pero kung may kasalanan sa puso natin, ay hayan nga na hinahatulan na tayo nito't, tayo—tayo nga'y mabuti pang huwag magsimula. Kita n'yo? Kailangan n'yo munang lumaya sa kasalanan. At ang tanging paraan na makakalaya kayo mula sa kasalanan ay pumasok sa Kanya. Yun ang tanging pampawi para sa kasalanan, si Cristo.

336 Alalahanin n'yo, ang Dugo ng Tipan, hindi kinikilala ang Dugo ng tipan kapag wala ang Tanda. Hindi maaari. Hindi n'yo magagawa. Sasabihin n'yo, "Buweno, ako—ako nama'y pinaging

banal na mula sa mga bagay-bagay." Hindi 'yun ang Tanda. Ang Espiritu'y, ang Tanda, ang Espiritu'y si Cristo na nasa inyo. Sampalatayanan n'yo ito!

337 Ngayon, tingnan n'yo, tinitiyak sa atin ng Salita ang pangako. Lahat nitong mga teksto na inilista ko rito. Maghapon nga ito kung patuloy na ipapangaral, tila ba, kita n'yo, ang tungkol dito. Kita n'yo? Tinitiyak ng Salita sa atin ang pangako, dahil Ito ang pangako. Ang Salita'y ang Pangako, at ang Salita'y ang Diyos, at ang Salita ay—ay atin. At tayo'y nagiging ang Salita, at ang Salita'y nagiging tayo. "Kung kayo'y nananatili sa Akin, at ang Salita Ko'y sa inyo," pagkatapos, kita n'yo, sadyang nagiging isa itong napakalaking pamilya. Kita n'yo? Tinitiyak Nito sa atin. Dahil bakit? Buweno, bahagi natin ito. Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo, nagiging bahagi natin Ito. Grabeng gandang teksto! Buweno. Tinitiyak sa atin, ang pangako.

338 Ang Tanda ang palatandaan na ginawa na ang pagbili at tinanggap na. Ngayon, hindi mo puwedeng kunin 'yung token na pamasahe sa tren hanggang sa mabayaran mo 'yung halaga; ang tanging paraan na mababayaran mo ang halaga ay bayaran mo ito. Siyanga. Ano? Sampalatayanan mo Ito. Tanggapin mo Ito. Ang ganap na pagsunod sa buong Salita ng Diyos ay magbibigay sa iyo ng karapatan ukol sa Tanda. Ganap na pagsunod! Hindi bahagi lang Nito na kayang abutin ng denominasyon n'yo, kundi buong Ito. Ang ganap na pagsunod sa Salita, na si Cristo, na dinadala kayo kay Cristo.

339 Ngayon papaano kung nakapasok ka na't lahat-lahat, pero nakalawit pa ang mga paa mo sa labas? Paano kung nakapasok ka naman nang buong-buo, pero nakalawit pa ang mga kamay mo sa labas? Halos ang buo nati'y nakapasok, pero ang puso'y nakalawit sa labas? Kita n'yo? Kita n'yo? Nasa sanlibutan pa rin ang puso? Kita n'yo? Pero hindi natin gagawin 'yan.

340 Ang buo't, ganap na pagsunod ay nagbubunsod na kayo at ang Salita'y maging Isa. Sasampalatayanan mo Ito, bawat katiting. At ang buong Ito ay nasa iyo, at masdan mo Ito na kumikilos sa pamamagitan mo.

341 Hindi ka sumasama-sama sa kung sinu-sino na kung anu-ano ang pinaggagagawa. Kita n'yo? Isa kang Cristiano. Kahit ano pa ang sabihin ninuman, hindi ka nila mapapakailaman. Nakay Cristo ka na. Lubos ka nang ligtas.

342 Kapag kumatok ang kamatayan sa may pinto, walang bisa ang sakmal nito, kita n'yo, wala mismo. Bakit? Ito kasi'y paghakbang lamang paalis *dito* papunta Roon.

343 Hindi na importante ang edad. Lumampas na kayo mula sa edad. Nasa Walang Hanggan na kayo, dahil kayo'y nasa Kanya. Siya'y Walang Hanggan. Hindi importante, kung kayo'y bata, matanda, kalagitnaan ang edad, o kung ano man kayo. Maganda,

pangit, pandak, mataba, ano man, hindi na importante. Hindi na.

344 Hindi na kayo kung saan-saan lumalaboy, at lahat ng iba pang mga bagay na ito. Kayo, tapos na kayo roon. Patay na kayo. Ang buhay n'yo ay nakatago na sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo. Tinatakan na kayo roon ng Espiritu Santo, na lumalakad kay Cristo. Ang tanging layon na nakikita n'yo ay si Cristo. Ganoon lang. Yun lang ang Katangi-tangi, na nilalakaran n'yo. Oh, naku! Kaya naman naaawit natin dati 'yung munting awitin na 'yun:

> Punuin Mo araw-araw ng pag-ibig ang lakad ko,
> Habang Kalapati ng Langit ang kasa-kasama ko;
> Tulutan Mong humayo ako lagi, na may baong awit at ngiti,
> Punuin Mo ang aking. . .

345 Tulutan Mo akong maging isang kapatid. Tulutan Mo na maipamuhay ko ang halimbawa na sinabi ni Cristo na nararapat sa isang tao. Tulutan Mo akong maging isang kapatid sa isang kapatid na lalaki, isang kapatid sa isang kapatid na babae. Tulutan akong maging isang—isang ministro sa mga ministro. Tulutan akong maging huwaran ng mga huwaran. Tulutan na maipakita ko sa mundo na ang Salitang ito'y si Cristo. Ang tanging paraan na magagawa ko ito ay ang lumapit sa Kanya. Dahil, hindi ko ito magagawa sa ganang sarili ko, hindi n'yo ito magagawa. Pero tulutan n'yo ang Salita at sarili n'yo na maging Isa, hayan nga na ipamumuhay Nito ang Kanyang Sarili. Kayo'y isang naglalakad na sulat ni Jesus Cristo, kapag may lubos Siyang kon-. . .ganap na kontrol sa inyo, para gawin ang bawat Salita.

346 Kung darating Siya sa *ganitong* paraan, "Nais Kong gawin Ito," tapos sasabihin mo, "Hindi, hindi, hindi ko paniniwalaan Yan," kita n'yo, wala pa kayo sa Salita kung ganoon. Kita n'yo?

347 Ganap, ngayon masdan, ganap, ngayon, ang ganap na pagsunod sa buong Salita ng Diyos ay nagbibigay ng karapatan sa atin ukol sa Tanda. Kaya naman kapag nagbayad tayo, o nanalangin, kailangan na kamit natin ang Tanda para ipakita kalakip ng ating panalangin.

348 Kung sasabihin n'yo, "Nananalangin ako, Panginoon, pero hindi pa talaga ako. . . " Buweno, wala sa inyo. Mas mainam nga na tumigil na lang, kita n'yo, na. . .Magtungo kayo, unang-una, kamtin n'yo ang Tanda, kita n'yo, dahil ang Tanda na 'yun ang Kanyang kikilalanin. Kita n'yo? Siyanga, po!

349 Sa tuwing mananalangin tayo, hayan nga na kailangan nating ipakita ang Tanda, "Panginoon, sinunod Kita, nang buong-buo. Pinagsisihan ko na ang aking mga kasalanan.

Nararamdaman kong ako'y pinatawad Mo na. Nabautismuhan na ako sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ang Espiritu Santo ay nasa akin. Ngayon may pangangailangan po ako para sa isang partikular na bagay para sa Iyong ikaluluwalhati. Panginoon, hinihiling ko po ito. Akin na ito ngayon." Pagkatapos may isang bagay na aangkla *rito*, "whew-whew," sa iyo na ito. Tapos na ito. Hayan nga na tapos na ito. Tapos na ito. Naayos na. "Humihiling po ako ng *ganito*. Hinihiling ko ito. Kailangang mapasa akin ito." Kita n'yo? Kita n'yo? "Nais ko—nais ko po ito para sa Iyong ikaluluwalhati." Kita n'yo? Buweno, ganoon nga, pagkatapos sadyang ibibigay Niya ito sa iyo. Pagkatapos malalaman mong iyo na ito. Ganoon ito, sa ating mga anak, sa iba pa, haya't ipinapahid natin ang Dugo, sinasampalatayanan natin ito. Ganoon lang mismo. Buweno.

350 Anong gagawin Niya pagkatapos? Kapag kamit mo na't, maipapakita ang Tanda na kalakip ng iyong panalangin, ipinapakita Nitong ikaw ay ganap nang nakaabot sa pagsunod sa buong Salita ng Diyos. Kapag nasa iyo na ang Tanda, ipinapakita mismo nito na sumunod ka sa bawat Salita. Pagkatapos, ikaw at ang Salita'y iisa na, hinihiling mo lamang ang bagay na kung ano ka. Kita n'yo? Kita n'yo? Kung ganoon, aba, alam mo.

351 Kung sasabihin ko *rito*, "Kamay, sundin mo ako, abutin mo 'yang panyo!" Gagawin nito. Kita n'yo, susundin ako ng kamay. Bakit? Ito'y bahagi ko. Kita n'yo?

352 Kung ganoon kapag ikaw at ang Salita ay naging isa, bawat pangako, luwalhati sa Diyos, bawat pangako'y sa iyo na. Susunod ito sa iyo. Pagkatapos gusto mo nang bantayan kung ano ang gusto mong gawin. Hindi mo na ilalagay ang kamay mo sa isang apoy, para lang sabihin, "Tingnan n'yo ako't nagagawa ko ito." Oh, hindi, hindi! Kita n'yo? Pero kung may bagay roon sa apoy na 'yun, na kailangan kong abutin, susundin ako nito. Kita n'yo? Kita n'yo? Tama. Kita n'yo, gusto n'yong bantayan kung anong ginagawa n'yo.

353 Yan ang dahilan kung bakit bahagyang magbigay ang Espiritu Santo, at mga ganoon, haya't alam n'yo na ang ibig kong sabihin, dahil ang ilang. . . Ayaw n'yong. . . Ang isang tunay na lingkod ng Diyos ay di magpapakitang-gilas gamit Ito, kita n'yo. Hayan nga. Dahil pagyayabang 'yan.

354 Kapag nananalangin tayo, ipinapakita natin ang Tanda. Pagpapakita 'yan na ganap tayong sumusunod.

355 Sinasabi ni Pablo sa atin, na, "Nagsasalita ang dugo." Haya't, alam ninuman na ang dugo, kung tutuusin, sa sarili nito, ay walang kakayahan na makapagsalita. Isa kasi itong kemistri. Tama ba? Ilan ang nakakaalam nun? Pero ilan ang nakakaalam na nakakapagsalita ang dugo? Kung gusto n'yong ilista 'yun, Genesis 4:10. Sinabi ng Diyos, "Paano naman ang

iyong kapatid?" Sabi, "Dumadaing ang kanyang dugo mula sa lupa, laban sa iyo." Tama ba? Nagsasalita ang dugo ni Abel. Hallelujah! Sinabi ng Diyos, "Paano naman siya?"

Sabi ni Cain, "Tagapagbantay ba ako ng aking kapatid?"

356 Sabi, "At dumadaing ang kanyang dugo. Dumadaing ang kanyang dugo." Isa itong tanda. Isa itong tanda, na napatay siya. Dumadaing ang dugo nito laban sa kanya.

357 Ngayon, nandun 'yan sa Genesis 4:10, pagkatapos ito namang sa Mga Hebreo 12:24, simulan nating basahin. Sa Mga Hebreo 10, 12:24. Ang sabi, "Ang Dugo ni Jesus ay nagsasalita nang lalong mabuti kaysa dugo ni Abel."

358 Kita n'yo, si Abel, isa siyang taong matuwid. Namatay siya. Namatay siya, na inosente, dahil siya'y nasa Daan. Siya'y nasa Daan, na nanindigan para sa tunay na kapahayagan na kamit niya. Nagsalita siya. Dumaing ito! Ang dugo ng hustisya ni Abel ay dumaing laban kay Cain.

359 Pero ang Dugo ni Jesus Cristo, ay hindi lamang sumigaw, Ito'y tumubos. Amen! "Nagsalita Ito nang lalong mabuti." Ibinunsod kayo Nito na maging mga anak na lalaki't mga anak na babae. Itinatago kayo Nito mula sa galit ng Diyos. Kita n'yo? Hindi kayang itago ng dugo ni Abel si Cain, kita n'yo, pero kaya ng Dugo ni Jesus. Amen!

360 Kaya, heto ang matandang Cain, nagsisilitawan ngayon, kung isa kang mang-uusig laban sa Salita, at sinasabi, "Lipas na ang mga araw ng himala. Ang Bagay na Ito'y panay kalokohan lang," at kung anu-ano pa.

361 Sumisigaw Ito, kita n'yo. Sumisigaw ang Dugo ni Jesus Cristo, pero may kapatawaran Dito kung tatanggapin n'yo lamang Ito. Kung puwede lang sana tayong makapamalagi riyan nang medyo mahaba, kita n'yo, "Nagsasalita ang Dugo nang lalong mabuti."

362 Manampalataya, para sa kaligtasan. Tapos ipahid, kita n'yo. Manampalataya para sa. . .Heto ang dahilan kung bakit nais n'yong sampalatayanan. Kita n'yo, asam n'yo ang sarili n'yong kaligtasan. Manampalataya kayo para sa inyong kaligtasan, at saka n'yo ipahid ang Tanda para sa buong pamilya. Kita n'yo? Sasabihin n'yo, "Paano ko magagawa?" Angkinin mo Ito! Kung gumana Ito sa iyo, hayan nga na ikaw at ang Salita'y magiging isa. Amen! Amen! Kita n'yo? Kita n'yo, gumagana Ito para sa inyong dalawa. Ikaw at ang Salita ay isa, tapos gamitin mo Ito sa iyong mga anak, gamitin mo Ito sa iyong mga mahal sa buhay.

363 Katulad ng ginawa ni Rahab, ginamit niya ang tanda sa kanyang tatay, ginamit niya ito sa kanyang nanay, ginamit niya ito sa kanyang mga kapatid na lalaki't mga kapatid na babae, at napapasok silang lahat.

364 Gamitin mo Ito, sabihin, “Panginoon, sasagipin ko ang anak kong lalaki. Sasagipin ko ang anak kong babae. Inaangkin ko siya!” “Satanas, pakawalan mo siya! Sasagipin ko siya. Ipapakita ko ang aking Tanda, ang Espiritu Santo.” “Oh Espiritu Santo, na nabubuhay sa akin, sagipin Mo ang aking anak na babae roon. Pupuntahan ko siya ngayon, taglay ang pahid Mo sa akin.” Gagawin Niya ito. Amen.

365 Ganoon ang ginawa nila noon sa Egipto. Ganoon ang ginawa nila noon sa Jerico.

366 Gusto n’yo pa bang bumasa ng isa pa, Mga Gawa 16:31. Sinabi ni Pablo sa senturyon, “Manampalataya ka sa Mensahe ng kapanahunan. Manampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, ikaw at ang iyong sambahayan ay maliligtas.” Tama ba? Manampalataya ka para sa iyong sambahayan, dalhin mo silang lahat sa ilalim. “Ngayon nasaksihan mo na ang Diyos ng Langit na nagpapamalas ng isang himala. Ito’y bago mismo ang paghatol. Sinasampalatayanan mo ba ito?”

“Oo! Ano pong maaari kong gawin?”

367 Sabi niya, “Bumangon ka’t magpabautismo.” Dinala siya ni Pablo sa labas at binautismuhan siya, sabi, “Ngayon ay manampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, at ikaw at ang iyong sambahayan ay maliligtas.”

368 Manampalataya sa ano? Manampalataya sa Panginoong Jesus Cristo, para sa iyong sambahayan, gamitin mo ang Tanda sa iyong sambahayan.

369 Pagkatapos anong gagawin mo kapag ginamit mo na Ito sa iyong sambahayan? Ilabas ang lahat ng mga basura. Hakutin mo ’yung lahat na mga maiiksing palda, at mga shorts, at ang mga baraha, at ang mga sigarilyo, at mga telebisyon, at kung ano pa, at sipain mo ang mga ito palabas ng pintuan, kapag nagtungo ka na’t inilantad mo na ang Tanda; hindi kayo papayag na manahimik lang ukol dito. Siyanga, po. Hakutin n’yo palabas ang lahat-lahat. Lahat ng mga sayawan, at mga kasiyahan, at rock-and-roll, at mga bulgar na mga diyaryo, at mga bagay-bagay na makasanlibutan, sipain mo ito palabas ng pintuan, sabihin, “Nililinis namin ang dakong ito’t ang buong paligid.”

370 Katulad ng ginawa noon ni Jacob, sinabi niya, sinabi sa kanyang asawa at lahat sila, sabi, “Labhan n’yo ang mga damit n’yo at lahat-lahat. Iwaksi n’yo ang mga diyus-diyosan na ’yan.” Amen. Si Jo-. . .

371 Alam n’yo ba kung anong sinabi ni Josue bago tumawid? Sabi niya, “Labhan n’yo ang inyong mga damit; huwag kayong sumiping sa inyong mga asawa, at kung ano pa, at maghanda kayo, dahil sa loob ng tatlong araw ay tatawid tayo ng Jordan.” Amen. Naghahanda na siya, inilalantad mismo ang tanda. Amen. Ganoon nga.

372 Maghanda na. Ipakita Ito. Sampalatayanan Ito. Maglinis. Ibunsod mo ang mga anak mo, ibunsod mo ang pamilya mo, ibunsod mo ang mga mahal mo sa buhay, na makita Ito sa iyo. Siyanga. Eepekto ito. Siyanga, po!

373 Pagkatapos ay gamitin mo ang Tanda sa panalangin, na may—may—may kalakip na pagsasaalang-alang, na may kalakip na pagsampalataya. Gamitin Ito nang may gayong pag-ibig, at kung ano pa, hanggang sa nakakatiyak ka na ito'y ganap, ito'y magaganap. Ganoon mismo. Gamitin Ito nang may kumpiyansa, na nananampalatayang Ito'y makakatulong. Kapag kinausap mo ang batang 'yun, kapag kinausap mo ang asawa mong lalaki, kinausap ang asawa mong babae, kinausap ang mahal mo sa buhay na 'yun, manampalataya ka mismo na makakatulong Ito. Tumayo ka lang dun, at sabihin, "Panginoon, inaangkin ko na sila. Sila'y akin. Kinukuha ko sila para sa Iyo, Panginoon."

374 Gamitin mo Ito, at lumikha ka ng ganoong kapaligiran sa palibot mo, na sila'y dadako't dadako Rito. Kita n'yo? Oh, magagawa mo, magagawa mo, kung nasa iyo ang Tanda, makakalikha ka ng isang espiritu sa paligid mo, isang kapangyarihan, na kapag naglalakad ka, mahahalata ng mga tao na isa kang Cristiano. Magkakaroon sila ng pag-aasam na ika'y mangusap ng bagay na 'yun sa kanila. Paniniwalaan nila ang salita mo. Kung anong sabihin mo, manghahawakan sila rito. Kita n'yo? Ganoon ito.

375 Ipakita mo ang Tanda, pagkatapos lumakad ka kasama Nito. Angkinin mo ang iyong sambahayan. Kailangang gawin mo na ngayon. Ito na ang oras ng gabi. Ngayon, matagal-tagal na kayong nakikinig, haya't ito na ngayon ang oras ng gabi. Panahon na para magpahid ngayon. Tatama ang galit, isa sa mga araw na ito, anupa't baka maging huli na ang lahat sa oras na 'yan. Kita n'yo? Ipahid n'yo na ang Tanda, nang may kumpiyansa.

376 Kung gusto n'yong basahin 'yun, basahin itong narito, itong Kasulatan na naisulat ko para rito, sige't basahin n'yo ang Mga Taga-Efeso 2:12, at kung gusto n'yong isulat 'yun. Pansinin n'yo, sa Mga Taga-Efeso 2:12, kapag binasa n'yo ito, ganito ang sinasabi nito, na, hindi tayo naglilingkod sa mga patay na gawa, kundi naglilingkod tayo sa isang buhay na Diyos, na may buhay na mga gawa. Amen! Oh, grabe! May buhay na mga gawa, buhay na mga tanda. Naniniwala ba kayo sa mga buhay na tanda? Isulat din n'yo, Mga Hebreo 9:11-14, kung nais n'yong isulat 'yun. Mga buhay na tanda, mga buhay na gawa, ipakita n'yo 'yun!

377 Hindi mga patay na kredo, "Dadalhin ko ang anak kong lalaki sa simbahan at sisiguraduhin na aanib siya sa simbahan."

378 May isang mabuting Cristianong binata rito, isang mabuting kaibigan, matagal ko nang kaibigan, isang tunay na lalaki,

nagpunta siya—nagpunta siya rito, siya'y nabautismuhan. Ang sabi ba naman ng nanay niya, "Sana nagpunta ka sa mas malaking simbahan, kung gusto mong—mong magpabautismo." Kita n'yo? Kita n'yo, haya't ayaw ng lalaking ito ng malaong patay na na mga kredo't mga bagay-bagay. Kita n'yo?

379 Hindi tayo naglilingkod sa mga patay na kredo at mga patay na diyos. Naglilingkod tayo sa isang buhay na Diyos Na ang Dugo ay nabubo noon, at naipahid ang Tanda sa atin, nang sa gayon ay mabuhay din naman tayo. Amen. Siyanga, po!

380 Huwag kayong maglingkod sa kung anong mga patay na kredo. Haya't tinatanggihan nila maging ang mga bagay na tulad ng Tanda. Sinasabi nila, "Lumipas na ang mga araw ng himala. Wala nang ganyang bagay na bautismo ng Espiritu Santo." Bakit kayo makikisali sa ganoong bagay? Kita n'yo? Huwag n'yong gawin 'yun.

381 Ipahid n'yo ang Tanda, pagktapos, "maglingkod sa buhay na Diyos," para sa mga buhay na gawa, mga buhay na tanda; mga tanda na nagpapagaling sa mga maysakit, bumubuhay sa mga patay, paunang makapagsasaysay ng mga bagay bago mangyari, makakapagsalita ng iba't ibang wika, makakapagbigay-interpretasyon, na tumpak na tumpak sa bawat pagkakataon, makakapagpropesiya't makakapagsabi ng *ganito* at *ganoong* bagay na mangyayari, makakapagpakita ng mga tanda sa langit sa itaas, at sa ibabaw ng lupa, mga tanda't mga kababalaghan, amen, na sinasabi nang eksakto kung ano ang sinabi ng Biblia na mangyayari. "Maglingkod sa buhay na Diyos," ipahid ang Tanda!

382 Huwag kayong pumunta sa ganoong mga simbahan at makianib sa kanila na mga malaong patay na mga gawa at mga bagay na tulad nun, dahil ni hindi man lang sila naniniwala sa ganoong mga bagay na tulad ng tanda. Pero tayo na nananampalataya, amen, ay alam mismong... Sinasabi nila, "Walang ganyang bagay na gaya ng tanda. Yan, oh, oh, kalokohan 'yan. Yang mga pinag-uusapan nila riyan, panay kabaliwan. Aba, walang ganoong bagay. Aba, kayong kababaihan diyan, oh, kayo—kayo, aba, hindi n'yo kailangan...Anong kinalaman ng pananamit n'yo...?" Pero may kinalaman nga. Sinasabi mismo ng Biblia. "Anong kinalaman ng buhok...?" Haya't Biblia na mismo ang may sabi.

383 Haya't, 'yan nga ang mga kaibhan, kita n'yo. "Huwag n'yong hipuin, huwag n'yong hawakan, huwag n'yong tikman." Siya ay Diyos. Kita n'yo? Ngayon, may ibig sabihin nga ito.

384 Ngayon, sa tingin nila'y kahibangan ito. Pero sa atin na nananampalataya't nakakaalam ng Katotohanan, alam natin na Ito ang Kanyang buhay na Presensya, dahil ginagawa Nito ang parehong mga bagay na ginawa Niya noong narito Siya sa lupa. Amen.

385 "Oh," sinasabi nila, "imahinasyon lang 'yang nakikita nila ang Haliging Apoy na 'yun." Oh, hindi! Oh, hindi! Hindi natin imahinasyon ito.

386 Inisip nilang imahinasyon lang din Ito ni Pablo, hayan nga. Inakala noon ng Egipto na imahinasyon lang Ito ng Israel, pero dinala Nito ang Israel sa lupang pangako. Siyanga, po! Hindi tayo. . .

387 Mga Hebreo 13:8, alam n'yo na 'yan, "Si Jesus Cristo'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," sige't kung inililista n'yo, isinusulat n'yo, kita n'yo, haya't, "Siya'y siya pa rin." Hindi ito—hindi ito—hindi ito kung ano. . . na kung anong imahinasyon.

388 Kapag inililista ko rito ang mga Kasulatan na ito na isinusulat ko rito, alam ko kung nasaan ang mga Kasulatan, at sa ganoon ko nahahanap ito. Kita n'yo?

389 Haya't batid na ito ang Kanyang buhay na Presensya, dahil pareho ang ginagawa Niya sa Espiritung ito. Ngayon, kung malilihis ito sa kung anong kredo o denominasyon, mapaghahalata natin agad na hindi ito si Cristo. Tama ba? Kung aakayin ko kayo sa kung anong kredo o anong bagay, na iba, ibig sabihin ako'y isinugo mula sa kung anong denominasyon. Pero hindi ako nagdadala sa inyo ng mga kredo, at hindi ko kayo tinuturuan ng mga denominasyon. Ang itinuturo ko sa inyo'y Salita ng Diyos, na siyang kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo na nahayag, hindi lang para sa akin, kundi para sa sinumang may gusto. Kita n'yo? Na kayo. . .

390 Kapatid ko kayo. Hindi ako isang bantog na tao, at kayo'y mababang tao. Tayong lahat ay mabababang tao sa Diyos. Kita n'yo? Mga mumunting anak Niya tayo. Wala tayong alam, 'yan ang dapat nating malaman. Ipinapabatid Niya sa atin ang nais Niyang ipabatid, at nagpapasalamat tayo sa Kanya para sa bagay na alam natin tungkol sa mga pagpapala Niya. At hindi ko ibinabahagi ito sa ganang sarili ko; gusto ko lamang itong ibahagi sa inyo. Kita n'yo? Gusto kong makapasok kayo Rito, at gusto kong matanggap n'yo ang Tanda na ito. At kung di pa n'yo nagagawa. . . Marami sa inyo, karamihan sa inyo, ang nakagawa na nito. Pero kung may ilan sa inyo na hindi pa ito nagagawa. . .

391 Kita n'yo, kinakausap ko rin ang mga nasa teyp, siyanga, gaya ng nauunawaan n'yo. At marami rito. . . At hindi ko tinutukoy 'yung narito lang sa simbahan; tayong lahat ay nagsilabas na, haya't ipinagpapalagay. Pero marahil may libong-makalibo ang makakapakinig sa teyp, kita n'yo. At, 'yan, isa 'yang pagmiministeryo. Baka may sinuman na dapat mapuntahan sa Jerico, alam n'yo, na dadalhan ng teyp, mangyari nga na gusto nating—gusto nating datnan ang predestinadong Binhi na 'yun kapag pumasok ito roon, kita n'yo, dahil parating na ang galit.

392 Kilalanin n'yo na ito'y ang Presensya ng buhay na Diyos, na nagpapatunay na ibinangon Siya ng Diyos ayon sa Kanyang ipinangakong Salita. "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan. Ng Jerico, Egipto, haya't di na nila Ako makikita. Gayunman ay makikita ninyo Ako, sapagkat Ako . . . " "Ako," na panghalip panao, ang laging gamit diyan, kita n'yo. "Ako ay sasainyo. Ako ang Tanda. Ang Aking pagkabuhay na mag-uli ang Tanda. Ang mga gawa na Aking ginagawa ang magpapakilala sa inyo, ipapakilala Ako na nasa inyo."

393 "Kung paano ang nangyari sa panahon ni—ni Lot, gayundin ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao, kapag inihahayag na ang panggabing Mensahe."

394 "Sapagkat Magliliwanag sa oras ng gabi. Kapag malapit nang gumabi, darating na ang Liwanag." Oh, maluwalhati ang Diyos! Pakiramdam ko'y parang kaya kong sumugod sa isang pulutong at tumalon sa isang pader. Kita n'yo? Kita n'yo? "Magliliwanag sa oras ng gabi." Tama. Sinabi mismo ng propeta.

395 "Ako'y sasainyo. Ako'y sasakapanahunan ni Luther; Ako'y sasakapanahunan ng Wesleyan; Ako'y sasakapanahunan ng Pentecostal; pero sa oras mismo ng gabi, darating ang Liwanag." Maglalaho ang mga makadenominasyon, at pagkatapos ipapakita nang lantaran ang Tanda. At ang lahat ng ito na matatapat ang puso, sa mga nakaraang tugaygay na 'yun, kung wala—kung wala kayo ay hindi sila magiging—magiging sakdal. Pero sa inyo . . .

396 Mistula nga itong kailangan manguna ang ulo, para maakay ang paa. Kailangang manguna ang ulo, para maakay ang kamay. Kailangang manguna ang ulo, para maakay ang puso. Kailangang manguna ang ulo, para maakay ang bibig. Kita n'yo, kailangang manguna ang ulo.

397 At ngayon nasa panahon na tayo kung saan ipinahid na ang tanda sa hamba ng pintuan, kita n'yo, at sa mga haligi. "At pagkatapos kapag nakita Ko ang dugo, bilang isang tanda, ay lalampasan Ko kayo."

398 Magmamadali na ako ngayon, nang simbilis na makakaya ko. Mga nasa limang minuto na lang po, o sampu, at matatapos na tayo.

399 Katunayan mismo na ibinangon Siya ng Diyos mula sa patay. Sinasampalatayanan n'yo ba ito? Nabubuhay Siya sa gitna natin ngayon. At ang "Ako" na 'yun ay si Cristo. At ang "Ako" na 'yun ay kasama natin hanggang sa dulo ng . . . dahil ang sabi'y *kawakasan*, na ang ibig sabihin, "sa katapusan ng sanlibutan." "Ako ay sasainyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan," ayon sa Kanyang ipinangakong Salita. Ipinangako Niya ito. "At ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo." Hindi ito kahibangan sa atin. Ito ang Tanda. Ito ang Tanda.

400 Tinatanggap natin ang sagradong paghahaing ito ng Dugo. Tinatanggap natin ang hain Niyang Dugo, pagkatapos ay ibibigay. . .Siya na nagbibigay sa atin ng Buhay, ng Tanda, ng isang tatak ng Kanyang pangako. Mga Taga-Efeso 4:30, ang sabi, "Huwag ninyong pighatiin ang dugo"? Hindi. "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo, na sa Kanya kayo'y. . . " [Sinasabi ng kongregasyon, "'Tinatakan.'"—Pat.] "Ipinagkasundo, inilaan." Kayo'y ipinagkasundo. Kayo nga. Isang Tanda, ang Espiritu Santo, ay magiging yaong Tatak. Kapag natatakan na ang anumang bagay sa loob ng isang tatak, mas mabuti nga na huwag mo itong sirain. Hindi n'yo ito puwedeng sirain, n'yo, hindi nga masisira ang Tatak ng Diyos. Hindi. Kita n'yo? Dahil kayo'y. . . "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa Kanya kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong pagkatubos," kapag ibinangon na ang katawan.

401 Isa itong binhi, isang tanda na napunlaan ang binhi ng Buhay na Walang Hanggan, "*Zoe*, 'Ang Sarili Kong Buhay,' at ibabangon Ko itong muli sa huling araw." At habang kayo'y lumalakad, may kumpiyansa kayo na nasa inyo ang Buhay ni Cristo, at kayo'y nasa Kanya. "Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan, at tinatakan doon ng Espiritu Santo," sa gitna ng mga mananampalataya na tulad nito, "hanggang sa araw na ibangon tayo ni Jesus." Oh, grabe! Ipahid ang Tanda. Grabe ang halaga nito sa atin. Inaasahan nating bibigyan tayo ng Hain na ito ng Buhay, at ginawa nga Nito. Pagkatapos ay ibinibigay Nito sa atin ang Tanda, at ginagamit natin ang Tanda, na siyang Tatak hanggang. . .Ang maging—ang maging mga kabahagi Nito, napakadakilang bagay talaga nito, ang maging mga kabahagi, binautismuhan ng isang Espiritu na ito, patungo sa isang mist-. . .mitikong Katawan.

402 Tama ba ang pagkasabi ko sa salitang 'yun, *mitikal*? Mistiko, mistikong Katawan, mistikong Katawan ni Jesus Cristo. Kita n'yo, ang sabi ng Espiritu Santo, "Mali ang pagkasabi mo roon." Isang mangmang na tulad ko, pero ang sabi Niya, "Mali ang pagkakasabi mo roon," Tinawag kong, "*mitikal*," pero mistikong Katawan ni Jesus Cristo po talaga, kita n'yo, mistikong Katawan ni Jesus Cristo. Hindi ako. . .Hindi natin kailangan ng edukasyon; ang kailangan nati'y Espiritu Santo. Siya ang nag-Iisa. Kita n'yo? Siya ang nag-Iisa. Oo, kita n'yo, 'yun po'y. . .marahil may natisod ako na nariyan, na isang tagapagturo, ngayon umaasa ako na makuha niya ito nang tama. Ang mistikong Katawan! May dahilan po ito, dahil kung wala'y hindi na sana Niya sinabi. Kita n'yo? Nandito Siya mismo ngayon. Nandito Siya mismo sa pulpito. Nandiyan Siya. Siya ito. Kita n'yo? Whew!

403 At sa Kanya'y walang kamatayan. Sa Kanya'y walang

kalungkutan. Sa Kanya'y walang panghihina. Sa Kanya'y walang kasalanan. Sa Kanya'y walang karamdaman. Sa Kanya'y walang kamatayan. Tayo'y nasa Kanya! Kapag susubukan ni Satanas na magpasa sa inyo ng isang bagay, tulad ng sakit, kunin n'yo lang ang inyong Tanda at ipahid Ito. Oh, grabe! Kunin n'yo lang ang inyong Tanda at ipahid Ito, na kayo'y isang binili nang produkto ni Jesus Cristo. Pinapahiwatig ng Tanda na ang pamasahe n'yo ay bayad na.

Sasabihin ng kaaway, "Kapag namatay ka, mapapahamak ka."

404 Sabihin mo, "Mali ka. Nasa akin ang biniling produkto. Ako'y biniling produkto na. Kamit ko ang Tanda."

"Ano ang Tanda?"

405 Alam niya kung ano Ito. Huwag, huwag kayong makipaglokohan sa kanya. Alam niya kung ano Ito. Ngayon, marahil makakausap mo ang ilang mga mangangaral na ito, at makikipagtalo sila sa iyo. Hindi si Satanas; mas alam niya. Kita n'yo? Oh, siyanga. Kinontra niya ito noon, nang dalawa o tatlong beses, alam n'yo, at nagkamali, sa panunukso. Alam ni Satanas kung ano ang sinasabi n'yo. Basta ipakita n'yo lang ang Tanda na 'yun, tatalilis siya. Oo.

406 Dahil, ano ito? Isa na itong selyadong produkto. Hindi na niya maaaring buksan 'yun, at magdagdag ng kung anong bagay roon na hindi tama. Sabihin n'yo, "Ilayo mo ang mga kamay mo! Natatakan na ako." Oh, grabe! Isang selyadong produkto! Siyanga, po! Kayo'y binili na. Hawakan n'yo ang Tanda sa ibabaw ng inyong di-natitinag na pananampalataya sa Kanyang pangako, haya't masdan n'yo siya na tatalilis. "Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid!" Kita n'yo? Kita n'yo? Gamitin n'yo ang Tanda. Para dun Ito. Nandiyan si Satanas para tuksuhin kayo.

Nandun siya noon sa Egipto, para manukso.

407 Aba, alam n'yo ba, noong araw na 'yun noong ilagay ni Rahab 'yung patotot. . . O ibinaba nung patotot ang panali na 'yun, ang panali na 'yun, nakikinita ko nga na nagtatawa at nanlilibak ang ilan sa mga sundalo roon, na sinabi, "Baliw ang matandang babaing 'yun doon sa itaas! Wala siya sa katinuan. Tingnan n'yo, kung anu-anong inilalawit niya roon. Ha, ha, ha! Aba, saan ka makakarinig ng tulad n'yan? Hayan nga, ang sabi pa ni Doktor Jones, dito, 'Walang mapapala diyan.'" Pero mayroon, dahil dinala ng isang mensahero ng Diyos ang mensahe at nagsaysay sa kanila.

408 Nakikinita n'yo ba 'yung mga Egipcio na sinasabi, "Parang. . . Teka nga, tingnan n'yo ang baliw na grupo na 'yun ng mga holy roller, aba'y nagpapahid sila ng dugo! Ha, ha! Mahihirapan lang sila, na kuskusin 'yun ngayon para mabura! Oh, naku! Nag-iinaman pa namang mga tahanan

pero nababalutan ng dugo! Oh, napakabaho! Pustahan tayo magiging karima-rimarim ’yan sa loob ng ilang araw. Walang mapapala sa ganyan. Alam n’yo kung bakit? Si Padre *Ganito-at-ganoon* na mismo kasi ang nagsabi.” Pero mayroon ngang mapapala. May napala. Mayroon nga ’yung kabuluhan.

409 May kabuluhan nga ito sa atin na mga nananampalataya. Kita n’yo? Tandaan n’yo mismo na ang di-natitinag na pananampalataya n’yo na mayroon kayo sa Salitang ito! Ngayon, hindi na kayo si Eba. Kita n’yo? Hindi na kayo isa sa mga mapagduda na ito, at, hayan nga, na nakikipagkompromiso kay Satanas. Pinanghahawakan n’yo ang bawat Salita ng Diyos. Kita n’yo?

Sinabi ni Eba, “Buweno, sinabi ’yun ng Diyos!”

410 Sinabi ni Satanas, “Pero, alam mo, tiyak na di gagawin ng Panginoon ang isang bagay na katulad n’yan sa isang mabait na taong tulad mo. Oh, ika’y kaibig-ibig. Hindi Niya gagawin ’yun.” Oh, siyanga, gagawin Niya, mismo. Sinabi Niya kasing gagawin Niya ito.

411 “Buweno, isang ministro ang aking tatay. Ako man ay ministro rin.” Di ko—di ko ’yun mapigilan. Kung wala ang Tanda, mapapahamak kayo. Ang galit ay nasa ibabaw n’yo, kita n’yo, ganoon mismo, kung wala ang Tanda. Kita n’yo? Oo. Sinabi Niyang gagawin Niya ito, at gagawin nga Niya. Yun, ’yun na ’yun. Sinabi Niyang gagawin Niya ito.

“Oh, naniniwala akong ang mga araw ng himala . . . ”

412 Oo, pero hindi Niya sinabi ’yan. “Ako’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” kita n’yo, ’yan na ’yan mismo ang pinatutunayan Niya.

413 Ngayon, sa atin, alam natin ito. Sa kanila, hindi nila Ito pinaniniwalaan. Pero pinaniniwalaan nga natin Ito. Alam nating ito ang Katotohanan. Kita n’yo?

414 Ngayon, dahil diyan, naging bahagi tayo ng Salita. At pagkatapos kunin n’yo ang Tanda, ang Espiritu, na nasa ibabaw ng pangako, “Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo.”

415 Ngayon maghanda po kayo para sa gawain ng pagpapagaling mamayang gabi. Kita n’yo? Dalhin n’yo ang Tanda, isabit Ito sa ibabaw ng Salita, sa ibabaw ng di-natitinag na pananampalataya n’yo sa Salitang ’yun, haya’t makakalaya kayo. Ngayon, Yan—Yan ang bagay na magpapaalis sa kaaway, dahil sa Kanya’y walang ganoon.

416 Kung maaari lang sana akong makapagpatotoo nang kaunti ngayon, tungkol sa ilang bagay na nakita kong nangyari nitong mga huling ilang linggo. Kita n’yo? Kita n’yo? Oh, may maipapatotoo nga ako!

417 Alam n'yo, haya't sinabi ni Lucas, "Kung ang lahat ng ginawa ni Jesus ay mailalagay sa mga aklat, haya't. . . walang sapat na mga aklat sa mundo para maisulat ang mga ito."

418 Kagaya na lang ng nakikita ko sa sarili kong pagmiministeryo, mga nakita ko na ginawa Niya, hindi mo maipagpapatong-patong sa dami sa entablado rito. Kung isusulat ko lang nang detalyado 'yung mga bagay na nakita kong ginawa Niya sa sarili ko pa lang na pagmiministeryo, na nakita kong ginawa Niya. Kita n'yo? Nagkaroon Siya ng mas maraming tagumpay sa ministeryo ko kaysa sa nagkaroon Siya noon sa Sariling Kanya. Totoo po. Nakarekord ito. Ngayon, tandaan n'yo, Siya ang maraming tagumpay ngayon, hindi ako; Siya. Maluwalhati! Hallelujah!

419 Nagkaroon Siya ng mas maraming tagumpay sa Jeffersonville kaysa sa nagkaroon Siya noon sa Nazaret. Mga ginawa Niya sa masamang bayan na 'yun at sa masamang bayan na ito. Amen! Maluwalhati! Dahil, "Hindi Siya makagawa ng mga himala roon," pero gumawa Siya rito. Siya nga'y nakakilos, dito. Naisagawa Niya 'yun dito. Marahil kinailangan Niyang kumuha ng mga tao sa iba't ibang lugar, pero Kanyang—Kanyang ginawa ito, ano't anupaman. Hayan nga, na nagkaroon Siya ng mas maraming tagumpay rito kaysa sa nagkaroon Siya noon sa—sa Capernaum o—o Nazaret, doon. Mas marami Siyang ginawang mga himala rito mismo sa tabernakulong ito kaysa sa ginawa Niya sa buong pagmiministeryo sa lupa. Siyanga, ginawa Niya ito. Ngayon paano naman sa iba pang bahagi ng mundo? Oh, grabe! Ngayon Siya ang gumawa ng mga ito.

420 Ngayon tandaan n'yo, "Siya" ang gumawa. Ngayon, hindi kailanman sinabi na ako ang may gawa nito, kita n'yo, hindi, dahil hindi ko naman talaga ito ginawa. Talagang hindi ko ginawa. Inibig ko lamang Siya at basta ipinasakop ko lang ang sarili ko sa Kanya, at sinabi kung ano ang sinabi Niya, at dumako ang Espiritu Santo sa iba't ibang mga tao at sinampalatayanan nila ang sinabi Niya, at pagkatapos ay ginawa na Niya ang gawa. Ganoon lang.

421 Kung maibubunsod Niya tayong lahat na manampalataya! Ano pa kaya ang gagawin Niya ngayon mismo kung maibunsod Niya tayong lahat dito na manampalataya mismo, hindi ba? Wala nang tao na nanghihina sa palibot ng bayan. Siyanga. Kung maibubunsod Niya ang lahat ng narito na manampalataya, haya't matatapos nga ang lahat. Kita n'yo?

422 Hawakan n'yo ang inyong Tanda sa ibabaw ng di-natitinag na pananampalataya n'yo sa Kanyang ipinangakong Salita, at aalis si Satanas.

Ngayon magtatapos na po ako ngayon.

423 Nagbigay ang Diyos noon ng isa pang tanda sa mundo; 'yun 'yung bahaghari. Naaalala n'yo ba? Siya noon, noon pa man ay

nanatiling tapat sa tandang 'yun, dahil ibinigay Niya ito bilang isang tanda. Lumipas ang libo-libong taon na ito, hindi nga Siya kailanman nabigo na ipakita ang tandang 'yun. Tama ba? Bakit? Kinikilala Niya ito. Siya ang may bigay nito. Nagbigay Siya sa mundo ng isang tanda na di na Niya gugunawin pa ang mundo sa pamamagitan ng baha. At Siya noon, noon pa man, mula noong araw na 'yun, ay ipinakita ito.

424 May ilang elemento sa hangin, na bumubuo sa bahagharing 'yun. Kapag umuulan, at nagpapakita ang araw, ipinapakita nito 'yun. Tinutuyo ng araw 'yung ulan, kaya inilalagay Niya ang bahaghari roon para patunayan na hindi na magkakaroon kailanman ng grabeng tubig na pababagsakin sa lupa para gunawin itong muli. Yun ang Kanyang tipan. Isa 'yung tanda. Sinabi Niya, "Ibibigay Ko ito sa inyo bilang isang tanda."

425 Kinilala Niya ang Kanyang tanda. Kinilala Niya ang Kanyang tanda sa mga araw ni Noe. Ipinapakita pa rin Niya ito. Kinilala Niya ang Kanyang tanda sa Egipto. Kinilala Niya 'yung sa Jerico. Kinikilala Niya ito ngayon. Sa tuwina'y kinikilala Niya ang Kanyang tanda kapag ipinapakita ito.

426 Sa libo-libong taon na ito na nakalipas, gustung-gusto Niya na ipinapakita ang tandang 'yun. Hindi Niya ito nililimot. Hindi Niya nililimot ang Kanyang tanda. Ngayon, kahit gaano pang magbago ang mundo, nariyan at nariyan pa rin ang bahaghari. Kita n'yo, kinikilala Niya ang tanda.

427 Ganoon pa rin Siya ngayon, kinikilala Niya ang Kanyang Tanda. Kahit na gaano pang magbago ang iglesya, gaano pang gawin nito ang *ganito*; kinikilala pa rin ng Diyos ang Kanyang Tanda, at 'yun lamang. Ipinapakita lang n'yan sa atin na hindi Siya kailanman nabibigo na kilalanin ang ginagawa Niya at kung anong sinasabi Niya. Tinatanggap natin, ating—ating iginagalang Yun. Ginagalang ko mismo.

428 Inaasahan din Niya na ipakita natin ang Kanyang Tanda sa ibabaw ng ating pananampalataya, sa harap ni Satanas at sa lahat ng mga di-naniniwalang kulto niya't mga denominasyon, na naniniwala tayo na ang mga pangako Niya ay totoo, at gagawi't gagawin Niya ang ipinangako Niya na gagawin. Hayan ang Iglesya.

429 Hindi na nakapagtataka na di sila makakarating kahit sa first base pa lang, tulad ng tawag natin dito; pasensya na po sa salita. Hindi na nakapagtataka na wala silang mararating maliban sa pagbalik sa isang denominasyon at maging isang bunton ng maayos manamit, magagaling mangusap na mga tao, intelektuwal, edukado. Talagang wala silang mararating, dahil 'yun ang ipinapakita nila, "Methodist ako. Presbyterian ako." Ganoon na lang sila.

430 Pero dala-dala ng mga mananampalataya ang Tanda! At kung ano ang pinasimulang gawin ni Jesus noon sa

Galilea, patuloy Niyang ginagawa ngayon sa pamamagitan ng pagpapakita Niya sa Tanda, ng Espiritu Santo na bumaling pabalik sa Iglesya. Dahil, hindi ’yun mga gawa ng mga alagad, ’yun nga’y mga gawa ng Espiritu Santo sa mga alagad, at isa ’yung Tanda.

431 Sinabi nilang kinailangan nilang makinig kina Pedro at Santiago, habang sila . . . sina Pedro at Juan, noong mapadaan sila sa pintuan na tinatawag na Maganda, nakikita na sila’y mga mangmang. Baka ang pananalita pa nila, “Hit, hain’t, tote, tarry, fetch, carry. Sasabihin ko sa inyo ang tungkol sa *ganito*.” Kita n’yo? Marahil kung anu-anong klase ng pagbabaybay ng pangungusap ang mayroon sila na di maintindihan. Marahil di nila alam ang pagkakaiba, ng lahat ng—ng . . . lahat ng mga matematika ng Kasulatan. Pero mapapansin at mapansin ng mga nandun na nakasama nila si Jesus. Naipapakita nila ang Tandang ’yun, dahil ang siya ring Espiritu na nasa Kanya, bago ang pagpapapako sa Kanya sa krus, ay nasa kanila pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli. Amen!

432 Kung ganoon ibinubunsod Siya nito na maging Mga Hebreo 13:8, “Si Jesus Cristo’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Ganito natin nalalaman na nabubuhay Siya. Dahil bakit? Paano natin malalaman na mabubuhay tayo? Dahil nabubuhay Siya. At ang dahilan kung bakit alam nating mabubuhay tayo, ay dahil tayo’y tulad Niya, at tayo’y nasa Kanya. At sinabi Niya, “Sapagkat Ako’y nabubuhay, ay mabubuhay rin kayo. Ako Siya,” sa Apocalipsis, “na namatay, at nabubuhay magpakailanman.” At kung—kung mamamatay tayo sa ating sarili at mabuhay sa Kanya, tayo’y buhay magpakailanman. At pagkatapos ang Kanyang Buhay na nasa atin ay katulad ng buhay ng anupamang ibang bagay, ipinapakita Nito kung ano Siya. At ’yun ang nagbubunsod sa Kanya na maging siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

433 Ngayon papaano na, kung tatanggihan nila Yun? Hindi n’yo ba nakikita, “mga patay na gawa”? Pinaglilingkuran ang buhay na Diyos, sa pamamagitan ng Walang Hanggang . . . o ibig kong sabihin, ang panghabang-panahon na tipan ng Buhay na nasa Dugo ni Jesus Cristo. Ngayon siguro, tapusin na, ako . . . Buweno, sa palagay ko, huminto na tayo rito. Kita n’yo, ipinapakita ang Tanda ng Kanyang biyaya, Kanyang pag-ibig! Ngayon, kung hindi ilalantad ang Tanda na ito . . .

434 Ngayon, isa itong Tanda. Ano ang isang Tanda? Ang Tanda’y isang palatandaan na nabayaran na ang isang utang. Ang isang hinihinging halaga ay nabayaran na. Ang halaga ng ating kaligtasan ay kamatayan, kita n’yo, at walang makapagbabayad nito kundi si Cristo. At hindi ang—ang espiritu ng isang denominasyon, hindi ang espiritu ng isang papa, hindi ang espiritu ng kung sinong tao o kung sinong santo; kundi ang

Espiritu ni Jesus Cristo, sa Iglesya, 'yun ang Tanda na nabayaran na ang pagkakautang at natugunan Niya ang bawat kailangan na hinihingi ng Diyos, at tayo at Siya'y iisa na. "Sa araw na yaon, malalaman ninyong Ako'y nasa Ama, ang Ama ay nasa Akin; Ako ay nasa inyo, at kayo ay nasa Akin."

435 Ipahid ang Tanda! Ipahid n'yo ang Tanda ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Na, dahil ibinangon Siya para sa pag-aaring ganap sa atin, ibinangon din naman Niya tayo na kasama Niya. At ngayon ay nakaupo na tayo sa Makalangit na mga dako, kay Cristo Jesus, sa ilalim ng pakikisama ng Tanda.

436 Habang nakaupo roon ang Israel, at nagaganap ang mga hiyawan, doon sa lansangan, wala silang isa mang bagay na dapat ipag-alala. Isang bagay lang, tiyakin lamang na ang dugo, ang tanda, ay nakikita.

437 Yun lang ang tanging bagay na dapat nating alalahanin ngayon. May kaguluhan na—na parating, na nangyayari, mga kaibigan. Hindi na magtatagal, tatama na ang kaguluhan. Alam n'yo 'yan. Tiyakin n'yong nakikita ang Tanda. Ang Tanda ay ang Espiritu Santo. "Sapagkat sa pamamagitan ng isang Espiritu'y binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan, at ginawang mga kabahagi ng Kanyang kaluwalhatian," sa ating Lupain, Tahanan, nagmamartsa na tayo ngayon patungo sa Lupang pangako.

438 Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sumasampalataya ba kayo sa Tanda? ["Amen."] Ilan ang gustong magsabi, "Oh, Kapatid na Branham, ipanalangin mo ako, na ako'y makadako sa ilalim ng Tanda"? ["Amen."]

Iyuko natin ang ating mga ulo.

439 Panginoong Jesus, Siyang Pinaka Mapagbiyaya sa lahat! Noong sadlak sa kasalanan ang sanlibutan, at walang makakatulong, ang Diyos, sa awa, ay paunang ipinakita, sa pamamagitan ng isang tipo, na darating ang isang Tanda na makapag-aalis ng kasalanan; hindi takpan lamang ito, kundi magagawang alisin ito. At dumating si Jesus sa tamang oras, at ibinubo Niya ng Dugo, ang Sarili Niyang Buhay, kinukunan. . .ginagawan kami ng isang pantubos para sa aming mga pagkakasala, at pagkatapos ay iprinepresenta Siya muli sa anyo ng Espiritu Santo, na ngayon ay isang Tanda na dapat panatilihin sa Iglesya hanggang sa Siya ay dumating. Dahil sinabi ni Apostol Pedro, "Ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa mga nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos."

440 Panginoon, sa Iyong biyaya, Iyong paglingap, inaangkin ko ang bawat isa na nakakapakinig ng Mensaheng ito. Inaangkin ko sila para sa Diyos, idinadalangin ko sa Iyo, Panginoon, kapwa ang mga narito ngayong umaga at ang mga makikinig sa teyp

na ito. At kung may Binhi sa kung saanman, na itinalaga, Panginoon, para pakinggan ang Salita ng huling panahon na ito, lumapit nawa sila ngayon, nang may katimyasan at may kapakumbabaan, at ilapag ang kanilang mga tropeo sa krus, o ang kanilang sarili, bilang isang tropeo ng biyaya ng Diyos na tumawag sa kanila. At mapuspos nawa sila ng Espiritu Santo at ipakita ang Tanda ng Buhay ni Jesus Cristo sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli, hanggang sa sila'y nabubuhay pa rito sa lupa. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

441 Ang mga Salitang ito, Panginoon, maaaring hindi ko po nasabi ang mga Ito nang tama. At kung hindi po, dalangin kong kunin ng Espiritu Santo ang mga Salitang 'yun at ipresenta ang mga Ito sa paraan na dapat maipresenta ang mga Ito, para maunawaan ng mga tao at matutunan, nang walang masamang kaisipan. At maipabatid sa kanila na nagtutuwid ang pag-ibig. At para malaman nilang ito'y dahil sa oras na kinabubuhayan namin, at ang nalalapit na pagdating ng Panginoon, at nakikita namin ang mga malalaking pulang ilaw na nagkikislapan, sa buong mundo, na malapit na talaga ang oras.

442 Matanggap nawa ng mga tao ang Espiritu Santo sa araw na ito! Idinadalangin ko, at inihaharap sila sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. At mabunsod nawa na maging isang Tanda Ito sa amin hanggang sa kami'y nabubuhay, na ipinangako Mong magiging ganoon nga Ito. Haya't madali po na hilingin 'yun, dahil ipinangako Mo na magiging ganoon Ito, at alam kong magiging ganoon nga Ito. Sa Pangalan ni Jesus kami'y dumadalangin. Amen.

Ngayon, habang nakayuko ang ating mga ulo, pansumandali na lang.

443 Nang may pananampalataya, nananampalataya, ipinanalangin ko kayo, sa abot ng nalalaman ko kung paano. Ako'y—ako'y nanalangin nang may sinseridad, sa abot ng nalalaman ko kung paano ipanalangin ito.

444 Tingnan n'yo, napagtatanto ko 'yun. Alam n'yo ba? Ang ikapu at mga kaloob n'yo ang ikinabubuhay ko. Ang suporta n'yo, dito sa simbahan, na may mga tao ako na pinangangaralan. Ang pagmamahal n'yo, at ang inyong mga "amen," at ang pakikisama n'yo. At ang mabubuting pananalita n'yo sa gitna ng mundo sa labas doon kung saan kayo pumupunta, sa iba't ibang estado sa buong bansa, ang mga pananalita n'yo ang siyang tumutulong na magdala ng Mensahe. Kayo ito. Magkatuwang tayo rito, kasama ni Cristo. Tayo'y magkakapatid na lalaki't magkakapatid na babae, at Siya ang ating Hari. At mahal ko kayo. Ako—ako—ako—ako, haya't kung nasaan ako, gusto ko na naroon kayo. Minamaneho ko ang buong bansa, para makapangusap sa inyo nang ilang beses. Nasasabik akong makita kayo rito nang Linggo ng umaga. Mahal ko kayo. Noon

pa ma'y mahal ko na kayo. Kung minsan ay kailangan kong magsalita nang talagang nakakasakit, pero pagwawasto lamang ito. Kita n'yo, ang dahilan lamang ay dahil sa mahal ko kayo, kita n'yo, ayaw kong mapalampas n'yo Ito. Kayo, hindi n'yo dapat gawin 'yun.

445 Ngayon, nang may katimyasan at may pagpapakumbaba, nang buong puso n'yo mismo, doon sa kaibu-ibuturan, tanggapin n'yo lamang Ito. Sabihin, "Panginoong Jesus, sa sandaling ito ngayon mismo ay sadyang tanggalin Mo po ang lahat ng nasa akin, na mga di mapagkikilanlan na sa Iyo, at ibunsod Mo na mawaglit ko ang lahat ng aking pagmamataas, ang lahat ng nasa akin, na matanggal. Ang lahat ng basura, ang lahat ng kawalan ng pananampalataya na nasa akin, aking—aking itinatapon na ito ngayon, Panginoon. Sinisipa ko na ito palabas. At tinutulutan ang matimyas na Espiritu Santo ng Diyos, na tulad ng isang kalapati, na kumilos sa kaibuturan ko. Nais kong—nais kong mabuhay nang Magpawalang Hanggan, Panginoon, at nais ko—nais kong tulungan Mo po ako sa oras na ito. Ipagkaloob Mo po ito ngayon."

446 Habang nananalangin kayo, at ihihiging natin ang awitin na ito, o aawitin natin ito nang marahan, nang sama-sama, *I Love Him*. At, tandaan n'yo, dumarating ito sa pamamagitan ng pag-ibig, dahil Siya ay pag-ibig. Sige't habang ipinapatong ko ang mga kamay ko sa mga panyong ito, dahil baka kunin na ito ng mga tao bago gumabi.

> I love Him, I love Him
> Because He first loved me
> And purchased my salvation
> On Calvary's tree.
>
> I love Him, I love Him
> Because He first loved me,

Ngayon isuko n'yo lamang ang buhay n'yo sa Kanya.

> And purchased my salvation
> On Calvary's . . .

447 Ibigin, ibigin, ibigin n'yo Siya. Tingnan n'yo kung anong ginawa Niya para sa inyo. Ito'y sa pamamagitan mismo ng pag-ibig. Nagbubunsod ang pag-ibig ng pagsunod. Nagbubunsod ang pag-ibig ng panliligaw. Nagbubunsod ang pag-ibig ng kasal. At doon tayo papunta: Hapunan ng Kasalan ng Cordero. Naririnig ko ang Tagapagligtas ko na tumatawag, na ako'y iniibig Niya, rin naman.

> . . . me, too.
>
> I . . .

448 Nang buong puso n'yo mismo, haya't damhin n'yo ang isang Bagay na talagang magiliw na pumapasok sa inyo. Yan ang Espiritu Santo.

Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

449 Kung. . .Itataas ko ang mga kamay ko, kasama ng mga tagapakinig, sa saliw ng musika. Kung nagkasala ako, kung nakagawa ako ng anumang pagkakamali. . .

Nananalangin ako para sa inyo ngayon, at sa sarili ko.

450 Kung nakagawa ako ng anumang pagkakamali, ang kamay ko pong ito sa Iyo, Panginoon, nangangahulungan po ito na nagsisisi ako. Ang kamay ko pong ito sa Iyo, Panginoon, nangangahulugan na hindi ko—hindi ko ginustong gawin 'yun. At alam kong balang araw mamamatay ako, Panginoon. Kailangan kong lisanin ang mundong ito, sa anyong pisikal. Gusto Kitang makita. Ang ibig sabihin ng mga kamay ko pong ito, ay kunin Mo ito, Panginoon. Puspusin Mo ako ng Espiritu. Ibigay Mo sa akin ang Tanda ng Iyong pag-ibig sa akin, ang Espiritu Santo, na magbubunsod sa akin na mamuhay nang magiliw, mabait, magbunsod sa akin na ipamuhay ang Buhay na nakay Cristo; na mag-alab ang puso ko para sa iba, na hindi ako halos magpapahinga, araw at gabi, hanggang sa maakay ko ang lahat ng maaakay ko. Magiging tulad ako ng mga mensahero sa Jerico; pupuntahan ko ang bawat tao na mapupuntahan ko, at titingnan ko kung mapapapunta ko sila sa ilalim ng Dugo ng tipan, sa ilalim ng Dugo ng Cordero, para sila rin naman ay matanggap ang Tanda.

451 Kita n'yo, naglilinis ang Dugo. Ang Espiritu'y isang Tanda na naipahid na ang Dugo. Kita n'yo? Ang Espiritu ang Tanda na naipahid na ang Dugo. Hanggang sa maipahid ang Dugo, hindi maaaring dumating ang—ang Espiritu. Pero kapag naipahid na ang Dugo, hayan nga na ang Espiritu'y isa nang Tanda, na ibinabaling pabalik sa iyo, na ang pananampalataya mo sa Dugo ay tinanggap na, nabayaran na ang pamasahe mo. Nabayaran na ang pamasahe mo. Tapos na ito. Sarado na ang kaso. Isa ka nang Cristiano. Isa ka nang mananampalataya. Si Cristo'y nasa inyo, at kayo'y nakay Cristo.

. . .first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

452 Habang nakayuko ang inyong mga puso ngayon sa harapan ng Diyos; heto ang inyong pastor, si Kapatid na Neville, sa kanyang pagtatapos na pananalita at iba pang bagay na sasabihin niya.

453 Alalahanin n'yo ang mga gawain mamayang gabi, ang gawain ng pagpapagaling. Maaga po kayong pumunta. Magsimula tayo ng alas siyete, haya't alas siyete y media ay nasa entablado na ako. Ayos lang ba 'yun, Kapatid na Neville? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Mainam 'yun."—Pat.]

Ngayon magkokomunyon tayo, kita n'yo, mamayang gabi. Pumunta kayo!

454 Itong hapon po, manatili kayo mismo kasama Nito. Huwag n'yong pabayaan na mawala ang Mensaheng ito. Tandaan n'yo, huwag na huwag n'yong pabayaang mawala ang Mensaheng ito!

455 Ang Dugo ay magiging isang Tanda na ang Buhay ay ibinigay na. Kita n'yo? "At kapag nakita Ko ang Dugo, ay lalampasan Ko kayo." Ang Espiritu Santo ay isang Tanda na naipahid na ang Dugo sa inyong puso, at Ito ang Tanda na naipahid na ang Dugo. Kung hindi pa ito kailanman naipapahid, kung ganoon ay hindi darating ang Tanda. Nauunawaan n'yo ba? Sabihin n'yo, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kinakailangan na maipahid ang Dugo, at pagkatapos darating ang Tanda. Ito'y isang Tanda na ang Dugo ng katubusan ay naipahid na't nabayaran na ang inyong pamasahe. Pagpalain kayo ng Diyos. Kapatid na Neville.

63-0901M Tanda
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org